



LIHAMAN NINA MARCELO & MARCIANA

Mga sulat ni Marcelo H. del Pilar sa Tagalog





LIHAMAN NINA
MARCELO & MARCIANA

BLANGKO ANG PAHINANG ITO.



LIHAMAN NINA MARCELO AT MARCIANA

MGA SULAT NI MARCELO H. DEL PILAR SA TAGALOG

Isinaayos ni Perfecto T. Martin



AKLAT PLARIDELINA 6

**Lihaman nina Marcelo at Marciana,
Mga sulat ni Marcelo H. del Pilar sa Tagalog**
Karapatang-sipi © 2022 ni Perfecto T. Martin

HINDI IPINAGBIBILI. Magagamit nang libre ang libro sa mga pag-aaral at pagtuturo ng búhay at mga akda ni Marcelo H. del Pilar sa Araling Panlipunan, Kasaysayan, at mga kaugnay na asignatura.

PASASALAMAT kina Jaime A. FlorCruz na nag-iingat ng kompletong koleksiyon ng pahayagang *Plaridel*; Virgilio S. Almario, Pambansang Alagad ng Sining, sa payo at suhestiyon; Alma C. Miclat sa pagpapahiram ng kopya ng *La Solidaridad* (Español at Ingles); at Angela de Castro sa disenyo ng sagisag ng Plaridelina.

PAGKILALA sa tulong at pagpapalakas-loob ng mga sumusunod: Digital Collection ng Miguel Benavidez Library ng Unibersidad ng Santo Tomas; Museo ni Marcelo H. del Pilar ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas (NHCP); SHINE Bulacan (Sustainable Heritage Imbibing Nationalism through Education); Panlalawigang Tanggapan sa Kasaysayan, Sining, Kultura, at Turismo (PHACTO); Bahay Saliksikan ng Bulacan ng Bulacan State University; at KABESERA Samahang Pangkalinangan ng Bulakan.

PATNUGUTANG PLARIDELINA

Adelfa P. de la Fuente, Dee Anne Katrine Tampuz, *mga kawaksi*
Edilberto D. Larin, Jr., Alexander E. Aguinaldo, *mga kasangguni*
Mervin Concepcion Vergara, *puno sa sining at disenyo*
Perfecto T. Martin, *punong patnugot*

Ipagkakaloob ng Plaridelina ang ISBN at CIP Data kung hihilingin.

NILALAMAN

Bago Basahin / 9

1889

- 1 Barcelona, 18 Pebrero 1889 / 11
- 2 Barcelona, 7 Marso 1889 / 13
- 3 Barcelona, 20 Marso 1889 / 15
- 4 Barcelona, 3 Abril 1889 / 17
- 5 Barcelona, 16 Abril 1889 / 20
- 6 Barcelona, 2 Mayo 1889 / 23
- 7 Barcelona, 16 Mayo 1889 / 26
- 8 Barcelona, 30 Mayo 1889 / 28
- 9 Barcelona, 12 Hunyo 1889 / 30
- 10 [Walang lugar], 27 Hunyo 1889 / 31
Dagdag na Liham
Barcelona, 12 Oktubre 1889 / 33
- 11 Madrid, 26 Nobyembre 1889 / 37
- 12 Madrid, 24 Disyembre 1889 / 40

1890

- 13 Madrid, 6 Enero 1890 / 42
- 14 Madrid, 22 Enero 1890 / 44
- 15 Madrid, 4 Pebrero 1890 / 46
- 16 Madrid, 18 Pebrero 1890 / 49
- 17 Madrid, 5 Marso 1890 / 51
- 18 Madrid, 1 Abril 1890 / 52
- 19 Madrid, 15 Abril 1890 / 55
- 20 Madrid, 29 Abril 1890 / 57
- 21 Madrid, 14 Mayo 1890 / 59

- 22 Madrid, 28 Mayo 1890 / 60
- 23 Madrid, 12 Hunyo 1890 / 61
- 24 Madrid, 25 Hunyo 1890 / 64
- 25 Madrid, 9 Hulyo 1890 / 65
- 26 Madrid, 23 Hulyo 1890 / 67
- 27 Madrid, 6 Agosto 1890 / 68
- 28 Madrid, 1 Oktubre 1890 / 69
- 29 Madrid, 15 Oktubre 1890 / 70
- 30 Madrid, 29 Oktubre 1890 / 71
- 31 Madrid, 26 Nobyembre 1890 / 72
- 32 Madrid, 10 Disyembre 1890 / 73
- 33 Madrid, 25 Disyembre 1890 / 74

1891

- 34 Madrid, 7 Enero 1891 / 75
- 35 Madrid, 22 Enero 1891 / 76
- 36 Madrid, 4 Pebrero 1891 / 77
- 37 Madrid, 18 Pebrero 1891 / 78
- 38 Madrid, 1 Marso 1891 / 80
- 39 Madrid, 3 Marso 1891 / 81
- 40 Madrid, 15 Marso 1891 / 82
- 41 Madrid, 15 Abril 1891 / 83
- 42 Madrid, 28 Abril 1891 / 84
- 43 Madrid, 29 Abril 1891 / 85
- 44 Madrid, 27 Mayo 1891 / 87
- 45 Madrid, 24 Hunyo 1891 / 88
- 46 Madrid, 8 Hulyo 1891 / 89
- 47 Madrid, 22 Hulyo 1891 / 91
- 48 Madrid, 5 Agosto 1891 / 92
- 49 Madrid, 17 Agosto 1891 / 93
- 50 Madrid, 17 Agosto 1891 / 94
- 51 Santander, 31 Agosto 1891 / 95

- 52 Madrid, 30 Setyembre 1891 / 96
- 53 Madrid, 30 Setyembre 1891 / 97
- 54 Madrid, 14 Oktubre 1891 / 98
- 55 Madrid, 28 Oktubre 1891 / 99
- 56 Madrid, 11 Nobyembre 1891 / 100
- 57 Madrid, 25 Nobyembre 1891 / 101
- 58 Madrid, 9 Disyembre 1891 / 102
- 59 Madrid, 23 Disyembre 1891 / 104

1892

- 60 Madrid, 3 Pebrero 1892 / 105
- 61 Madrid, 17 Pebrero 1892 / 106
- 62 Madrid, 2 Marso 1892 / 108
- 63 Madrid, 17 Marso 1892 / 109
- 64 Madrid, 30 Marso 1892 / 110
- 65 Madrid, 14 Abril 1892 / 112
- 66 Madrid, 11 Mayo 1892 / 114
- 67 Madrid, 8 Hunyo 1892 / 116
- 68 Madrid, 17 Agosto 1892 / 117
- 69 Madrid, 14 Setyembre 1892 / 119
- 70 Madrid, 9 Nobyembre 1892 / 121
- 71 Madrid, 24 Nobyembre 1892 / 123
- 72 Madrid, 7 Disyembre 1892 / 125

1893

- 73 Madrid, 4 Enero 1893 / 127
- 74 Madrid, 18 Enero 1893 / 128
- 75 Madrid, 15 Marso 1893 / 130
- 76 Madrid, 24 Mayo 1893 / 131
- 77 Madrid, 7 Hunyo 1893 / 133
- 78 Madrid, 21 Hunyo 1893 / 135

- 79 Madrid, 3 Agosto 1893 / 136
80 Madrid, 8 Nobyembre 1893 / 138
81 Madrid, 21 Disyembre 1893 / 139

1894

- 82 Madrid, 3 Enero 1894 / 141
83 Madrid, 17 Enero 1894 / 142
84 Madrid, 31 Enero 1894 / 143
85 Madrid, 15 Pebrero 1894 / 144
86 Madrid, 28 Pebrero 1894 / 145
87 Madrid, 28 Marso 1894 / 146
88 Madrid, 12 Abril 1894 / 147
89 Madrid, 25 Abril 1894 / 148
90 Madrid, 8 Mayo 1894 / 149
91 [walang lugar at petsa] / 150
92 Madrid, 23 Mayo 1894 / 151
93 Madrid, 20 Hunyo 1894 / 152
94 Madrid, 18 Hulyo 1894 / 153
95 Madrid, 16 Agosto 1894 / 154
96 Madrid, 27 Setyembre 1894 / 156
97 Madrid, 10 Oktubre 1894 / 157
98 [walang lugar at petsa] / 158
99 Madrid, 8 Nobyembre 1894 / 159
100 Madrid, 21 Nobyembre 1894 / 161
101 Madrid, 5 Disyembre 1894 / 162

1895

- 102 Madrid, 4 Enero 1895 / 164
103 Madrid, 14 Pebrero 1895 / 165
104 Madrid, 22 Mayo 1895 / 166

BAGO BASAHIN

Mga liham ito ni Marcelo H. del Pilar sa kanyang maybahay na si Marciana, galing sa ikalawang tomo ng *Epistolario de Marcelo H. del Pilar* (Manila, 1958), ika-21 sa serye ng mga publikasyon inilathala ng Tanggapan ng Aklatang Bayan (Office of Public Libraries).

May 104 liham na nasusulat sa Tagalog sa ikalawang tomo ng *Epistolario* at idinadagdag namin ang isa pa mula sa tatlong ihinabol sa paglilimbag. Matatagpuan ang dagdag sa pagitan ng liham blg. 10 at 11, na may lugar at petsang *Barcelona, 12 Oktubre 1889*.

Hindi na namin isinama ang salin sa Espanyol ng mga liham na ito na nasa *Epistolario*.

May pitong taon ang saklaw ang mga liham na ito kay Tsanay mula 1889 hanggang 1895, kasama ang ilan pang karugtong na liham sa mga anak na Sofia at Anita.

Upang maging gabay, nasa listahan ng nilalaman ang lugar at letsa ng lahat ng tinipong liham sa seryeng ito ng Aklat Plaridelina.

Isinunod ang baybay ng mga liham sa kasalukuyang ortograpiya upang madaling mabasa ng kasalukuyang henerasyon ng mga mananaliksik, mag-aaral, guro, at iba pa.

001552

DOCUMENTOS
DE LA
OFICINA DE BIBLIOTECAS PUBLICAS

EPISTOLARIO
DE
MARCELO H. DEL PILAR

Tomo II



[No. 21 DE LA SERIE]

MANILA
IMPRESA DEL GOBIERNO
1958

Barcelona, 18 Pebrero 1889

Tsanay,

Awa ng Diyos ay hindi ako nagkakasakit dito. Inubo akong ilang araw at nang makapagpurga ako'y nawala pagdaka.

Totoong naglalamig noon, kaya yata ako nahúli ng ubo; ngayon ay ilang araw nang nakalalakad kaming walang gaban kung tanghali; kung gabi ay hindi namin inaalís paglabas sa daan. Si Pablo ni Don Ambrosio ay linagnat, ngayon naman ay nakapapanaog na.

Binisita namin ni Naning ang nobya ni Viola, at naawa naman ako sa laki ng pag-ibig at pag-asa kay Maximo. Sa harap ng ina ay sinasabi sa aking karampatan nga raw dumalaw si Maximo sa kanyang magulang pagkatapos ng karera, ngunit ngayon naman aniyang nakatupad na siya sa kanyang magulang ay dapat tumupad naman sa katungkulan niya rito: “Dahil sa kaniya pong wika, ay hindi ako nananaog man lamang at saka siya'y hindi sumusulat minsan man.”

“May kinalilibangan po,” ang wika ko.

Nasamá ang mukha, ay agad kong idinugtong:

Alam po ba ninyo kung sino?

“Sino po?” hangos na ng pagtanong.

“Ang mga may sakit po,” ang wika ko, siyang pagkangiti pa lamang ng pobre. Nangailangan akong magsinungaling sa awa ko. Sinabi ko ang layo ng tinitirahan ni Viola sa tinitirahan ko, ang hirap ng biyahe nang panahong yaon, at saka ko sinabing sinulatan ko na lamang si Maximo sa aking despedida; ngunit si Maximo ang wika ko'y magdamag at maghapon ng nagkaromata at nakipagkita sa

akin at di na ipagkatiwala sa koreo ang hiling na dalawin ko ang kaniyang tiya, at limang minuto lamang kaming nag-usap ang wika ay uuwi rin sa San Miguel at di makalalayo sa mga may sakit niya.

Ay pobresito! Ang sagot sa aking na pakawalang makaya at siya ang inamin sa aking balita.

Ng a-15 nito nang lumabas na ang aming peryodiko [*SOLIDARIDAD*], isa sa mga unang balita ay ang eskrito ng mga dalagang Malolos. Kung hindi ka datnan ay magbiling ka sa Maynila at magpapadala kami ng mga ilang daan.

Kung ako'y makakita ng bilang naging naglalakad diyan ay madalas akong napapatigil, at naguguni-guni ko ang lagay ng ating Anita. Yan na ang nangyayari na noon ay naglalayag may kasabay noon isang ulilang kasama ni Anita walang kasabay kung di ang () ay siyang madalas itulo ng luha ko.

Si Sofia ay may senyas sa pagsusulat, unti-unting mulan sa aritmetika kung nag-aaral sa eskuwela at ang oras sa labór na ituturo ng maestra diyan sa bahay sa mga (). Mabuti yaong ginagawa niya kukuwentuhin muna () ang para kay Pilemon, kayang libro; at saka doon siya basahin ().

Ihalik mo ako sa kaniya (). Sabihin mo kay Sofia ni di ang gagawing uliran ni Anita () ay magpapakabait siya at si Anita'y magising sa Kalais.

Marcelo

Barcelona, 7 Marso 1889

Tsanay,

Dumating kamakalawa ang *Isla de Panay* ay wala akong tinanggap na sulat mo. Salamat at sinasabi ng Ka Dato na walang sakuna kayo riyan. Itong huling sabi na nadudulo sa isang parrafo ng kanyang sulat ay hindi ko agad na aninaw nang gabing basahin ko ang sulat niya: ang natitigan ko lamang ay ang saging natatakot umuwi riyan ang Ka Tayang at may kolera, ay naghari na sa akin ang malaking panimdim at talagang ako'y magpapadala riyan ng telegrama na itatanong ko kung buhay ka. Si Naning at si Tiago ang sumansala sa akin at ipinakita sa akin ang sulat na kanilang tinanggap: "Tingnan mo," ani Naning "at si Trining ay may pabilin sa iyong isang diskargo, kung may nangyaring sakuna sa inyong pamilya ay di mangyaring di ibabalita sa akin." "Basahin mo," ani Santiago "ang sulat sa akin na diyan ay ibinabalita ang pagkamatay ni P. Aniag at ni P. Guzman, ang sa pamilya mo pa," aniya "ang di ibabalita sa akin kung may nangyari?" Kinabukasan ay binasa kong muli ang sulat ng Ka Dato, ay saka ko pa lamang napagsiya ang dulo ng parrafo na ang wika ay wala ng kolera riyan at wala rin ang sa ating pamilya. Diyan pa lamang ako natahimik, salamat sa Diyos! Huwag mo sanang kalilingatan ang pagsulat sa akin at mahirap ang manimdim sa malayo.

Ang karnabal dine ay masaya, ang marami ay nagmamaskara at sari-saring kaululan ang pinapalakaya; ngunit hindi ko malaman kung sa lumbay ko ng pagkalayo sa inyo o sa iba pang kadahilanan ay bagkus nakayayamot sa akin. Tatlong araw na kaululan, napakahabang kaululan naman. Kung sa bagay ang kaululan ng mga taong ito'y talagang taan sa karnabal at sa hindi karnabal.

Sa awa ng Diyos ay hindi ako nagkakasakit dine, gayon din ang mga kasama kong si Naning, Damaso, Tiago Panganiban,

at Lopez Jaena. Mahusay na totoo ang pagsasama namin dine, na hahanapin ko na kung ako'y mapasa-Madrid.

Kahapo'y dumalaw kami nina Nano sa estasyon ng tren ay may napagmasdan akong isang batang kaedad ni Anita at kalaro-laro ng isang Kastila, kamala-malan ko'y may bumiro at inihampas sa mukha ng batà ang punò ng baston, ay para akong sinaksak at nabigkas ko sa bibig kong di sinasadya ang wikang: *gran bruto!* Mabuti na lamang at hindi ako napansin, at nagkapanahon akong magwari na hindi pala si Anita ang kinawiwilihan ng aking mata, ngunit si Anita ang nasa isip ko habang aking minamasdan ang bata.

Ihalik mo ako sa kanila ni Sofia at kumusta sa lahat.

Marcelo

Barcelona, 20 Marso 1889

Tsanay,

Awa ng Diyos ay hindi ako nagkakasakit, gayon din ang mga kasambahay kong si Naning, Damaso, Santiago, Panganiban, at Lopez.

May telegrama rine na diyan daw sa Filipinas ay may kolera na naman, ngunit di nasasabi kung saang pook ng Filipinas. Kahimanawari ay huwag na riyan sa Luzon, nakaraan na naman diyan.

Anong pagkahirap-hirap nga naman nitong malayo sa pamilya. Ngunit hindi na malalaon at ako'y makauuwi na marahil, kahihingi kayo ng tulong sa Diyos na ako'y mapanuto sa aking linalakaran.

Ngayon ko lamang napagpasiyahang lubos na ang ganda ng ugali riyan sa atin, ay hindi mo nga pala makikita sa ibang lupa, lalong lalo na rito sa Kakastilaan. Diyan ay ang paglingap sa magulang, kapatid, kamag-anak, ang pagsaklolo sa kanilang kadukhaan, ang pagpapatulôy at pagpapakaing sapilitan sa tagaibang bayan. Ang lahat ng iyan ay hindi natin pinagtatakan: dito'y himala ang mga ganyang gawa.

Sasabihin lamang na ang Tagalog ay palaboy-laboy lamang at walang nalalaman kundi maghimas ng manok. Ito'y masama kung sa bagay, ngunit hindi ang Kastila ang sukat makabatì sa atin ng gayong kasamaan.

Sa España ang pinakatrabahador na bayan ay itong Barcelona, ay gayon ma'y libutin mo kung tanghaling araw at oras ng trabaho ang maraming café cantante at makikita mong bawat isa ay nagsisikip sa taong ang pananamit ay blusa, alpargatas at gorro; at hindi lalaki lamang kundi mga babae man at bata, at ang pinalalabas sa eksena ay sayaw, sainete, at kantang mga mahahalay: mentras mahalay ay siyang maingay ang aplawso at siyang ipinauulit-ulit. Pinagpapasok ko ang mga caféng ito at

nang mapag-aralan ko ang ipinamamarali riyang uliran ng ugali, ay wala akong nakuha kundi ang masuklam sa ganitong karumal-dumal na asal.

Gayon man ay tanungin mo rito huwag na ang maykaya,
kung di yaong hiráp na. Tanungin mo kung ibig mag-fraile,
at isasagot sa iyong “oo” kung wala nang pagdagisunan.
Masirin mo riyan kung alin ang nagpa-fraile.

Dito’y hindi ka makahahakbang ng limang hakbang sa lansangan
at lalaharan ka na nang nagpapalimos na kasinlalaki, kasinlalakas
ni Biyo at ni Patok, may kabata-bataan lamang sa kanila. Bawat
sampung dipa ay may makikita kang tumutugtog ng piston,
klarinete, o biyolin naman at para limusan ng balang magdaan.

Si Sofia’t si Anita ay hindi nahihawalay sa gunita ko: oras-oras ay
siya kong napapanimdim: ihalik mo ako sa kanila at kahimanawari
ay agad tayong magkitang malakas at walang panganib.

Kumusta sa kanilang lahat diyan.

Marcelo

Barcelona, 3 Abril 1889

Tsanay,

Sa mala francesa ay tinanggap ko ang sulat mong petsa 31 Enero, at ang No. 6, petsa 20 Pebrero ay tinanggap ko ngayon sa bapor *Sto. Domingo* na dumating kahapon. Awa ng Diyos ay hindi ako nagkakasakit, gayon din ang mga kasambahay kong si Naning, Tiago, Damaso, Jose Panganiban, at Graciano Lopez. Hindi pa ako napasasa-Madrid at may balak kaming paroong lahat at mamahay nang sarili, pagkat kung gayo'y mura: mahal daw roon ang pupilaje [kasera] sa pupilaje rito: ngunit kung kami ang mamamahay ay maliit sa gasta rito ang magagasta namin at mahusay pa ang pagkain, mangangailangan nga lamang kami ng kasangkapan. Bukod sa roon ay nangagkahulihan na kami ng loob, na tila minamabigat namin ang magkahiwalay.

Huwag mong panimdimin ang mga bala sa akin ng fraile at ang asahan natin ay ang kamay ng P. Diyos na maliwanag na nakikintal sa lahat ng nangyayari. Nakita mo na: hindi pa kita kasal ay inusig na ako ng fraile. Sino na ako sa kabalitaang laki at lakas ng kanilang kapangyarihan? Sino na ako kung iaagapay sa mga ipinahamak nila! Ngayo'y malalaki na ang anak ta ay ano ang mangyayari? Balang tagâ nila sa akin ay sila ang masusugatan. Ito baga'y sa buti ko? May dunong baga ako, lakas, o kapangyarihang maisasalag sa kanilang hampas? Wala, wala nga kung hindi ang kamay ng Maykapal ang nagtatatag ng landas na dinadaan ng isa't isa: kaya nga ilagay natin ang ating puso sa kalooban ng Diyos at sukdang dumating man ang araw na ako'y mapanganyaya na, ay pakaasahan nating ang kapanganyayaang ito'y pagbubuhatan ng kagalingang itinadhana ng mataas na lihim ng P. Diyos. Ako'y kaniya bago maging iyo, sundin ta ang loob ng Lumikha sa atin at huwag mangamba sa ano mang panganib.

Ang pag-iingat ay hindi ko kinalilingatan, sapagkat ito’y katungkulan ko sa akin, sa iyo, sa ating mga anak, at lalong-lalo na nga sa mga kababayan. Bukod sa pag-iingat kong sarili ay pinag-iingatan naman ako ng bala kong matagpuan buhat pa sa Hongkong, kaya tumahimik ang loob mo.

Ang panaginip mo ay siya ko ring madalas mapanagimpan at ito’y magkakatatotoong walang sala sa awa ng Diyos. Palagi naming usapan dine ay ang magsabay-sabay na umuwi ryan: pati ni Graciano ay ibig naming iuwi sana, ngunit ibig nito’y magdiputado, at hindi malayo. Kung may apat na libong piso lamang kami rine ay sanlan ma’y daplis; at sa taóng ito’y makukuha namin ang siya’y magdiputado, kahit sumalansang ang buong fraile sa sandaigdigan. Darating din ang araw na iyon.

Mapabalik ako sa mga fraile, tingnan mo kung di minamali-mali ng P. Diyos. Hinalinhan si P. Felipe at ang inihalili ay si P. Agustin, na magpagawa ka man ng hangal ay ganyan na lamang. Hindi na kailangan sa kanya ang plana mayor ng Malolos: husto na sa kanya ang mga batang sina Inong at pinagpakitaan ng loob ng isang “Font” ano ang mangyari sa isang hangal at masinto-sintong para ni P. Mariano Gil? Mabuti naman at maluluwag-luwagan ang mga matitiyagang nakipagbunuang malaon sa isang Felipe at isang Font.

Kayo ng kumareng Esperanza ay dumalaw sana sa ngalan ko kay Akang at kay Basilia Tiongson at sabihin ninyong ako’y dumadamay sa dalamhati nila sa pagkamatay ni P. Juan at ni Paz Tiongson. Gayon din si Vicente at si Kumpareng Manuel sa pamilya ng nasirang Pedro Tiongson. Ito’y bukod sa nagpabáon sa akin ay naghatid pa sa aking pag-alis, bagaman ako’y walang ano mang serbisyo sa kaniya.

Sabihin ninyo kina Vicente, Manuel, Kongkong, at Lolong na sila’y susulat sa akin: kung di man sabay-sabay ay magturno-turno lamang: ako’y nasasabik sa kanilang letra. Ang sulat ko sa Ka Dato at sa iba pa ay para sa lahat sapagkat wala akong panahong sumulat na isa-

isa sa lahat ng ibig kong sulatan; ako'y di napapahinga rine nang kasusulat at kababasa. Hindi ko nakukuha ang basahin ang peryodiko rian at dine: may isa nang talagang tagabasa at sasabihin na lamang sa amin kung alin ang may kabuluhan, at siyang titingnan.

Si Aristo ay madalas kong mapanaginip na.

. . . ni Sofia. Ito'y ta kung laruan...

Marcelo

Barcelona, 16 Abril 1889

Tsanay,

Sa a-18 nito ay may aalis na mala francesa, kaya sinasamantala ko ang pagsulat ngayon at nang ibalita sa inyong ako'y walang sakit awa ng Diyos, gayon din ang mga kasambahay kong si Naning, Tiago, Damaso, Graciano, at si Jose Panganiban, na ito'y anak sa Camarines, ng isang taga-Hagonoy kamag-anak na malapit nina Domingo Tomacruz. Napaka-aplikado ito sa pag-aaral na madalas kong sawain ng pagbabasa, dahil sa siya ay may kaunting sakit, lumulura ng kaunting dugo ay pinagkayarian naming maglibang-libang munang ilang araw sa Mataro, naroon din lamang ang mag-asawang Agustin Blanco na taga-Macabebe, kasama niya sa biyahe si Graciano. Ito'y ibinabalita ko sa iyo at nang may mapagkunan ng balita ang kaniyang mga kamag-anak, kung sakali't hindi niya maalaala sa Mataro ang alis ng koreo.

Kahapon ay tumanggap ako ng sulat ni Basa, petsa 16 Marso, wala isa mang sulat na galing diyan sa Filipinas. Hindi ko malaman kung anong koreo ang may dala ng sulat ni Basa.

Alinsunod sa mga telegramang tinanggap naming buhat sa Hongkong ay ipinabibilanggo raw ryan ang mapagbudhiang may iniingatang papel na laban sa fraile. Ito'y madalas kong di ikakatulog, panimdim sa mga napipiit. Kung sa bagay ay hindi talagang maiiwasan ang mga ganitong panganib ng alin mang pamamayang tumutungo sa paglusog ng kaniyang pamumuhay, gaya rin ng mangyayari sa mga bata na di maiiwasan ang pagkatipo ng ngipin sa kapanahunan. Datapwa't ibig ko pa ngani ang ako ang nabibilanggo at huwag itong manimdim sa nangabibilanggo.

Yayamang ugali na sa atin ang magdamayan at mag-ambágan, kung may namamatay, o binibinyagan at ikinakasal, ay gayon din naman sana ang asalin sa nangabilanggong pabilanggo ng fraile: dalawin nila sa bilangguan, aliwin at nang di masira ang loob at ambagán sila nang ayon sa káya ng isa't isa.

Kami sa ganang amin ay hindi nagpapabayâ rine: ang mga peryodiko sa Barcelona, Madrid, Paris, Londres, Austria, Suiza, at Alemanía ay para-parang naglalathala ng pagkainis ng pamumuhay ríyan.

Tungkol sa mga ipinabilanggo ay nagkaroon ng mga sagutan sa Kongreso, sapagkat si General Pando na siyang manok ng mga fraile ay nagsabing may tinanggap daw siyang telegramang buhat diyan na dili umano'y nag-alsa ang Tagalo laban sa gobyerno, dahil dito'y hinihinging dagdagan ang kapangyarihan ni Weyler. Datapwat nauna na palibhasa ang telegrama namin at sulat sa Ministerio at nakapagsalita na sa Ministro de Ultramar ang mga pinagsulatan naming sina Morayta at Quiroga, at bukod sa roon tumelegrafiar naman ang mga Filipinong nasa Londres at nang hindi nangungusap si Heneral Pando ay nátanong sa telegrafo ang heneral diyan, kaya't nang magbalita si Heneral Pando ay ang presidente ng Consejo de Ministros ang sumagot na hindi totoo ang telegrama sa kanya.

Sayang! Kung malaki-laki lamang ang magagamit ko ríyan ay malaki rin sa banta ko ang magagawa namin! Ngunit ano ang gagawin?

Niyong Linggo ng umaga ay humihingal sa tuwa nang dumating dine si Fernando Canon at nanganak ng laláki ang kaniyang asawa. Hindi kami nakaparoon at gahol kami sa pagpapalabas naman ng peryodiko. Ngayon kami paroroon, wala raw sakuna ang bagong mag-ina, ang wika ni Canon.

Sa isang kamarero ng *Isla de Mindanao* ay ipinadala ko ang dalawang laruan ni Sofia. Ang isa ay pira-pirasong bato na pagbubuo-buong

papagkakaroon ng pigurang dala ng modelo o ng pigurang... aniya: ang isa naman ay pira-pirasong karton na pagsasakil-sakiling... at hahanapin niyang makabuo ng isang mapa ng Europa, Asia, Africa, America, o Oceania alinsunod sa modelong dalá. Ipakita mo kina Sandiko at baka magustuhan ay padadalhan ko sila. Si Anita ay hindi ko na pinadalhan, husto na sa kaniya ang mga ibon-ibonan diyan, siya na lamang niyang papagmanuhin. Pag-uwi ko ay uuwian ko ng laruang pangkilala ng letra, marahil ay kataon nang masisimulan ang pagtuturo sa laruan.

Ihalik mo ako sa kanilang magkapatid: si Sofia ay palaging ihihingi ng awa sa Diyos ang kanilang magulang at mag-aral ng sulat, kuwenta, at gawain ng babae.

Kumusta sa kanilang lahat.

Marcelo H. del Pilar

Barcelona, 2 Mayo 1889

Tsanay,

Sa awa ng Diyos ay wala akong sakuna rine,
gayon din ang mga kasamahan ko.

Ng a-19 ng Abril ay tinanggap ko ang sulat mong petsa 8 Marso, No. 7:
tinanggap ko rin naman ng malaking tuwa ang retrato ninyong mag-iina.
Malaki na si Sofia, ngunit ang kay Anita ay hindi lubhang kamukha.
Salamat sa Diyos at kinaaawaan tayong pagkalooban ng buhay at lakas
sa gitna ng ating pagdaralita. Hindi na maglalaon at magkikita tayo,
tila napapaanyo ang adhika ng lahat ay malapit na akong makauwi.

Si Don Miguel Morayta ay dirine sa Barcelona. Ito'y kinaaalang-
alanganan ng matataas sa España: aming piniging kasalo ang
maraming Kastila. Sa upuan ay kami ang nagkasiping at mahaba
ang naging usapan namin. Aming pinagkayariang maghain ng isang
eskrito sa Ministerio de Ultramar at kanyang tutulungan, yayamang
ngayon ang karamihan ng ministro ay disipulo niya. Si Morayta
ay katedratiko sa Universidad sa Madrid, kaya't ang karamihan
sa mga paham at mataas na púnò sa España ay pawang naging
disipulo niya at magpahanggang ngayon ay kinaaalang-alanganan
at minamahal sa kagandahan ng loob ang matandang ito, kaya nga't
niyong panahong inalis siya sa Canovas sa pagka-katedratiko ay
nangagkagulo ang mga estudyante at nabalita nga hanggang diyan.

Niyari ko ang eskritong maiksi at siya ang naunang pumirma,
kaya't maraming Kastilang peryodista't hindi peryodista na
nakipirma naman. Ang eskrito ay siya ang nagdala sa Madrid
at ipinublika namin sa *Solidaridad*, kalakip ang recorte.

Nang mabasa niya ang *Soberania Monacal* at magkausap kami ay sinabi sa aking malaon na raw siyang nagsisikap sa pagliling ng Filipinas ay ngayon daw lamang siya naliwanagan: wariin mo, aniya, kung ano ang mangyayari sa taga-Españang hindi naghahangad at hindi nagpupumilit na pag-aralan ang nangyayari roon.

Sa tatlong bagay na hinihingi ng eskrito ay may kahirapang kamtan agad ang 1° at 2°; gayon ma'y siya naming ipinagpipilitan at baka sakaling ang pangatlo... ay ipagkaloob agad, na ito'y tungkol sa deportasyon. Ito lamang ang mawala ay makapaninikad na ryan ng mga ulong tabò.

Hindi masama ang balak ni Don Basilio, ngunit huwag mo nang isipin yaon at iya'y isa sa mga balak-Basilio; ang ipakiusap mo sa kaniya ay singilin lamang ang honorarios ko kay Culapa, at baka sakaling makasingil man lamang ng talagang iyo, at sa mga bata. Magtiis-tiis ka na muna't mauuwi rin ako at makapaghahanap din.

Ako'y natutuwa at nag-aaral na si Sofia, at mabuti nga at hindi mo ipinasok ng panahon ng kolera. Palagi mong ipagbibilin na magpapakahusay sa eskuwela; huwag makikialam sa mga pagpupuláan ng mga kaeskuwela. Ani sa harap niya'y may pinupuláan ay huwag makikipulà: kung inaakala niyang totoo ang ipinupulà ay gawan ng magaling na sa sábing banayad ay paliitin hanggang mapaliliit ang sála ng kapwa báta. Pakailag-ilagan ang may masasamang bibig; huwag niyang kakaibiganin, huwag namang kakaawayin, ni huwag ipahahalata ng kaniyang pag-ilag: kung ano ang inaasal niya kina Panchang at kina Cayang ay gayundin ang asalin sa mga kaeskuwela. Magpakitang-loob sa lahat, ngunit huwag makipagpahayagan kundi sa kanyang ina. Huwag ilalayo sa isip na walang makapagmamahal sa kanya nang para nang pagmamahal ng kaniyang magulang. Mangyayaring dayain siya ng buong mundo ay walang makapagtatapat na para ng magulang. Kaya huwag mararahuyong makikipagpahayagan

sa kapwa bata. Ang lahat niyang ligaya, ang lahat ng hapis, lahat ng pangamba ay walang mapagpapahayagan kundi ang ina.

Ihalik mo ako sa kanila ni Anita. Ang batang ito'y palaging napapanaginip ko. Ang retrato ko ay nariyan na marahil.

Marcelo H. del Pilar

Barcelona, 16 Mayo 1889

Tsanay,

Sa tinanggap kong sulat ng mga kaibigan diyan ay naliwanagan ako sa mga bagong bilanguan at rekisahan. Sabihin mo sa kanilang sa wala't wala rin mauuwi ang lahat ng iyan: mapagluluwat sa bilanguan, luwatan lamang ang lakad ng causa, ngunit hindi maaaring lapatan ng parusa. Huwag mangamba ang tagariyan at walang masasapit ang pana-panaan.

Ang balita ko'y nagpapakabait ang bagong kura sa Malolos, mabuti. Datapwa't huwag nilang lilimutin ang mga bilin ni Antenor Pitaco sa kanyang disipulong si Florante niyong ito'y papauwi na sa Albania.

“Kung ang isasalubong sa iyong pagdating ay masayang mukha't may pakitang giliw, lalong pakaingata't kaaway na lihim, etc. etc.”

Si Sofia ay magsikap ng ikatututo. Ilang panahon na lamang at kahiya-hiya na siya kung wala pang nalalaman. Walang magagawa ang kaniyang maestra kung hindi siya ang magpupumilit; kung siya'y matuto ay kagalingan niya, kung hindi siya matuto ay siya ang pangit sa mata ng madla, kaya huwag paparis sa ibang bata na kung di pa pilitin, kung di pa parusahan ng maestra, ay hindi asikaso ang sariling kagalingan. Bukod sa rito, ano ang ituturo niya kay Anita kung dumating ang panahon at wala siyang natutuhan? Inaasahan kong ibig niyang mapagaling, ibig niyang humusay si Anita, kaya dapat naman siyang mag-aral. Mahirap ang mag-aral, kung masasakop ko lamang siya ay ako na ang mag-aaral at siya ang matuto; ngunit ito'y hindi mangyayari: ang dunong ay talagang sukát sa aral ng isa't isa.

Si Anita ay madalas kong mapanaginip na pasan-pasan kong lumalakad kami ni Sofia riyan sa lansangan sa San Nicolas. Kailan ko pa kaya mayayakap ang mga anak ko! Ngunit mabuti pa ngani at ganito na

lamang ang pagkalayo ko riyan sapagkat pag-ibig kong bumalik ay kuwalta na lamang ang kakailanganin. Kung nasunod ang nais nila Ipe ay kailangan pang ipagkaloob ng gobyerno ang aking pagbalik.

Kasalukuyan naming linalakad na malipol ang deportasyon, at nang hindi lubhang panganib ang mabuhay riyan. Sabihin mo sa Kumareng Esperanza, Teang, at iba pa na katatawag sila sa Diyos at kahimanawari ay palarin kaming kamtan ang hinahabol naming kagalingan ng lahat.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Barcelona, 30 Mayo 1889

Tsanay,

Sabay kong tinanggap kahapon ang dalawa mong sulat na num. 8 at 9, at nakapawi ng malaking kalumbayan ko ang pagkatantong wala kayong sakuna at si Anita ay ligtas sa sakit. Ito'y nabasa ko sa sulat mo sa Ka Dato, na mula na noo'y siya ko na lamang napapanimdim. Salamat sa Diyos! Kahimanawari ay maitagpos ko rin ang pakay ko rine at nang tayo'y magkita na.

Awa ng Diyos ay wala akong sakit. Nang linggong nagdaan ay nagising akong sa pagkilos ko'y naipaniin ko ang ulo ko sa dakong kaliwa ay tila may nalinsad na ugat o lamad at ilang araw na hindi ako makalingon at masakit ang kabiyak kong batok at paypay na kaliwa. Hinihintay ko sanang maalis nang kusa ay masakit; isang gabing doroon ako sa Café Colon ay hinatulan ako ng isang mozo na pahiran ko raw ng mantika ng inahing manok at saka ko balutin ang leeg ko. Siya kong ginawa nang gabi ring iyon at pagkaumaga'y nakakita na ako ng ginhawa. Pinatingnan ko kay Canong [Galicano Apacible, ang doktor], ngunit hindi ko na nagawa ang hatol ni Canong at gumaling na sa mantika ng manok lamang.

May kolera na naman pala riyan, ang koreong dumating dine kahapon ay kukuwarentena na sa Mahón.

Kaiingat ka ng pagkain ng pansit at lumpia; ang mga bata ay gayon din.

Sa Ministro de Ultramar [Manuel Becerra] ngayon ay tila natitiyanak ang fraile. Nahahalata ko lamang sa kangangawa ng kanilang peryodiko, na ipagdumiin at ipagdumiin na makahihiwalay raw ang Filipinas pag hindi sila inapoyohan. Ipinaaaninaw naman naming kung sila'y walang kaya sa sariling makapagpigil ng paghiwalay ng Filipinas ay ano't aapoyohan pa sila: sinasabi naming galit nang totoo ang Tagalog sa kanila, ay baka mahalata ng Tagalog na ang gobyerno'y malaki ang kiling sa fraile at pinababayaang ang bayang nagmamalasakit sa gobyerno, ay pagsamahin ng kapootan ang fraile at ang nagmamalasakit sa fraile ay lalong malaking panganib.

Hindi tinipid kailan man ng Tagalog ang kanyang salapi at dugo at búhay sa pagmamalasakit sa España. Sa kabila nito'y walang hinihinging ipaghihirap ng España. Hindi humihingi ng salapi, hindi humihingi ng pagod, puyat ni ano man kundi igalang lamang sana ang pamumuhay ng Tagalog, hayaang magkadiputado at makapangatwiran lamang; kung pawang pagbibingi-bingihan ang gagawin sa Tagalog ay alalahanin nilang baka mangalo naman ang ating kamay sa kalalahad.

Ito ang madalas na panagot namin ay tila ginuguhit mandin. Kahimanawari!

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Barcelona, 12 Hunyo 1889

Tsanay,

Sa awa't tulong ng Maykapal ay hindi ako nagkakasakuna rine. Nag-iinit na rine, sa Madrid ay humangin daw nang malakas at may kaunti pang lindol. Sa banta ko'y hindi papantay sa karaniwang hangin diyan at sa karaniwang lindol naman. Sa isang mahinang lindol diyan ay walang itatagal ang mga edipisyo rito sa Europa, na nangagtatayugang walang haligi.

Tatanggapin mo itong sulat ko sa buwan ng Hulyo, ay ipinaaalaala ko sa iyong si Sofia ay Agosto kung magkasakit nang mabigat, mag-iingat siya. Kahinamawari ay makaligtas siya ngayon para ng pagkaligtas sa nangagdaang-taong hindi siya nagkasakit. Tinanggap na niya marahil ang laruang padala ko. Palagi ko silang napapanaginip ni Anita.

Ibig ko sanang umuwi na sa Nobyembreng darating, ngunit hindi ko makukuha ang magdoktor, sapagkat ang kurso nito ay buhat sa Setyembre hanggang Hunyo. Tangi rito ay ibig kong maitagpos sana muna itong mga lakad naming lumuwag-luwag бага nang kaunti ang pamumuhay riyan. Sumulat sa akin ang Heneral Terrero na siya raw ay maaasahang katulong sa magandang nais sa ikagagaling diyan. Tingnan.

Kumusta sa kanila at ihalik mo ako sa mga bata.

Marcelo

27 Hunyo 1889

Tsanay,

Sa awa ng Diyos ay hindi ako nagkakasakit,
kahimanawari ay gayon din kayo riyan.

Nang a-24 nito ay may prusisyon ng Corpus sa Barcelona at doon ako nanood sa bahay na tinitirahan ng isang taga-Camarines na nagngangalang Ramon Imperial: ito'y nag asawa sa isang Valenciana at ngayo'y may anak nang kasinlaki ni Sofia. Doon kami humapon nina Naning, Damaso, Tiago, at iba pa: may sinigang na alumahan at kanin ay ito ang napag-inam namin. Kung diyan ay pang araw-araw ninyo ang sinigang, dine ay isang masarap na pagkain na dine mo lamang mapagwawari kung gaano kasarap. Sa amin dine ay isa sa mga panaginip ang makatikim ng sinigang.

Ang anak ni Canon ay nakikipaghunihan na at mainam makamamasid, mukhang Tagalog, at maitim ang mata, ang ngalan ay paris din ng ama: Fernando. Sa ligaya ng ama't ina ay nababasa ko ang ligaya natin sa harap ng ating mga anak.

May telegrama rine ang *Liberal* na di umano'y namatay raw sa kolera ang intendente at ang gobernador sibil sa Maynila; tila sumasasal ang kolera riyan; kaya kaiingat kayo. Diyan sa ating baryo, sa kadalangan ng bahay ay hindi lumalagi ang kolera. Alagaan lamang ng linis at huwag masisindak.

Balang bapor na manggaling diyan ay nagkukuwarentena rine.

Ang balak naming lumipat sa Madrid ay sa buwan ng Setyembre. Sa buwang papasok ay pasasa-Francia ako at panonoorin ko ang Exposición sa Paris. Kung naaalaala mo ay ito ang Exposición na pinag-uusapan

naming minsan ni Patsatsong na dadayuhin. Noo'y natutuwa ka sa mga balak namin; ngayon ay magkakatotoo. Hinihintay ko lamang ang pagbàbà ng halaga ng pasahe sa tren, sapagkat bababâ raw, ay sayang.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita; kumusta sa kanilang lahat.

Marcelo

[Itong dagdag na liham ni Marcelo H. del Pilar ay kabilang sa “tatlong sulat... isa sa kanyang asawa at ang dalawa sa kanyang bayaw” na “huli na nang dumating sa kaalaman ng Aklatan Bayan upang mailagay sa wastong lugar.”]

DAGDAG NA LIHAM

[sa pagitan ng 10 at 11]

Barcelona, 12 Oktubre 1889

Tsanay,

Niyong a-25 ng buwang tinalikdan alas 7:50 ng gabi ay dumating ako rineng walang sakuna buhat sa Paris. Dinatnan ko ang sulat ng Ka Dato, ikaw ay walang sulat. Salamat at sinasabi ng Ka Dato na walang sakuna kayo riyon at nariyan daw ang Ka Yayang. Gayon man ay sa kamunting ligaya na sa pagkalayo ko sa inyo ay inihahatid sa akin ng koreo, ay malaking kabawasan ang di makabasa ng sulat mo at mga balita tungkol sa mga ginagawa ni Sofia at ni Anita.

Ang Paris ay isang siyudad ng lagpús nang di palák sa ginuni-gunita ko. Nang sumapit ako rine sa España buhat diyan sa atin ay nasabi ko sa loob kong “ito lamang pala ang España” palibhasa’y malaki ang palagay ko sa liit ng nakita ko. Nang sumapit ako sa Paris ay hindi ko napigil ang aking paghanga, sapagkat napakalaki man ang dikit na niyari ng aking akala ay lagpús at lagpús ang aking namalas: ano pa’t ang Paris ay hindi mo mawawari kung hindi mo makita: kaya ipinapayo ko sa mga maykaya na huwag nilang panghinayangan ang salaping magugugol at pagpilitang dalawin ang Paris. Si Juan Fernando, ang Ka Tunang, si Kapitan Pascual, pagpilitan nilang makita ng ulo ng Francia, at paniwalaan nilang di nila panghihinayangan.

Pagpasok mo na ng lupang Francia ay hahangaan mo na ang kanilang agrikultura; ang gusto artistiko ay mamamasdan mo hanggang sa

maliit na kubo at maliit na pitak ng bukid sa ibaba hanggang sa taluktok ng kabundukan: ang mga Frances ay saganang-sagana sa edukasyon artistika, palibhasa'y sa mga laruan pa ng mga bata ay napapagkaratihan na ang magkaroon ng buengusto, paris ng nakikita natin diyang ipinagbibiling karton may mga pintang bahay-bahayan, barko-barkohan na kung gupitin mo'y pag-ugnay-ugnaying bultong bahay-bahayan, barko-barkohan atbp. Sa teleskopyo diyan man sa España ay bihira ang nakasisilip, palibhasa'y mahal na kasangkapan at ukol lamang sa mga paham at mayamang mga astrologo. Sa Paris ay may nakikita akong teleskopyo sa gitna ng plaza at balang magbayad ng dalawang kuwarta ay nakasisilip, ano pa't sa dalawang kuwarta ay nasisiyasat mo ang mga sinasabi ng marunong na laman ng buwan, at iba pang astros at planetas. Ang mga edipisyo ay sakdal nang didikit, ang lansangan ay lantay na aspalto, makinang, at maluluwang. Ang mga boulevard at mga plaza ay kaaya-ayang panoorin, at lalo na kung gabi ang pagkakahalayhay ng mga ilaw ay tila waring panaginip na di kasakatang magisnan. Kulob saan patungo sa linaki-laki ng siyudad na may kasinlaki yata ng Maynila hanggang sa Malolos, ay natatanaw mo sa kataasan ng Tore Eiffel sa Exposicion, palibhasa'y ang taas nito'y may tatlong daan metrong doble ng inabot na taas ng tore de Babel. Sa laki ng Exposicion ay sukat na sabihin ko sa iyo na di ko natapos bisitahin sa labindalawang araw na itinira ko roon. May nakita akong brilyanteng ga-buto ng mabulo kalaki; may sari-saring kahon na doon pinipisa ang itlog na di kailangang halimhiman ng inahin; may makina namang gumagawa ng huevo artificial, na ang yari ay itlog na itlog sa hitsura at sa lasa, hindi lamang nagsisisiw, hindi nabubugok; may koleksiyon ng kahoy na may mga balát at nang makilala ng tumitingin kung anong kahoy ang bawat isang sangkap ng bahay.

Ang mga porselana sa iba't ibang kaharian ay nagpapainaman: may pinggang maliit pa sa ating kinakanan ay naghahalaga ng \$160, at pangangapa ang namimili.

Sari-saring eskultura, sari-saring kuwadro na buhat sa iba't ibang lupa ay natitipon sa galeria ng bellas artes. Diyan ay tatlong Filipino ang naghain ng kani-kanilang trabaho, ay para-parang napremyohan; ang sa eskultura'y si Felix Pardo, anak ng namatay nang si Don Felix Pardo rin, at sa pintura ay ang mga balita nating Luna at Resurreccion: ang balita sa España na si Pradilla ay hindi nagkapremyo. Ang kuwadro ni Pradilla ay ang *Rendicion de Granada*, isa sa inaaring himala sa España kaya't doon iniingatan sa palasyo ng Senado. Nang matanghal na sa mundo ang ating dakilang Luna, dahil sa kanyang *Spoliarium* ay pinapinta ito ng isang kuwadro *Batalla de Lepanto* at nang maiagapay sa *Rendicion de Granada* ni Pradilla. Ang sabi ng nangakakita ay natakpan ito ng *Batalla de Lepanto*, ngunit ayaw aminin ito ng mga Kastila. Nang malapit na ang Exposicion sa Paris ay linakad namin at ng marami na mangyaring ipadala sa Exposicion ang dalawang kuwadro ni Luna, ang *Spoliarium* at ang *Batalla de Lepanto*, ay hindi ipinagkaloob at ang ipinadala ay ang kay Pradilla; kaya nga't si Luna ay walang naihain sa Exposicion, kundi kuwadrong pagayon lamang na hindi talagang pang-Exposicion. Gayon man ay nagkapremyo at ang Pradilla nila'y di man lamang nabanggit.

Pagdating ko sa Paris ay nataunan kong kinabukasan ay may piknik, kainan sa labas ng bayan, ang mga Filipino. Doon kami nagkatipon sa bosque Napoleon; doon kami nagsikain, walang mesa, at lupagi lamang sa damo. Maraming Filipino ang doroon babae't lalaki: doroon ang doktor Trinidad Pardo at ang asawa niyang si Dna. Concha; ang magkapatid na biyuda ng magkapatid na abogadong Dn. Felix at Dn. Joaquin Pardo, ang anak nitong si Eloisa, maganda, malakilaki lamang kay Sofia; ang mga talà ng Filipinas na si Rizal, Felix Resurreccion, at Juan Luna; doroon din naman ang tatlong Lipeñong anak ng mga babaeng Solis, Lauro Dimayuga, Baldomero Rojas, at si Aguilera. Itong si Aguilera ay bagong dating dine sa Europa, isang binatang gayong laki sa yaman ay mahilig sa pag-aaral, mababangloob, mahinhin ang kilos, at matalas ang ulo. Doroon din naman ang isang Ingles at ang asawa niyang Filipina, sampu ng dalawang

anak na dalagita nilang si Adelina ang pinakamaliit, at dalaga na kung tawagin ay si Neli; ang wika ko kay Rizal ay baka ang Neli ay maging *Noli* ay walang nagiging panagot kundi ipakita ang singsing niya sa kalingkingan, tandang siya'y may katipan na: si Leonor.

Binibisita namin ni Rizal ang palasyo ni Napoleon ay kahanga-hanga nga naman. Si Rizal at ang tatlong taga-Lipa at si Ariston Bautista ay siya kong parating kasama-sama. Dumalaw ako kina Pardo, gayon din kina Luna, at Ventura ay walang di-tumanggap sa akin nang mahusay; nang doroon na ako'y dumating na galing sa Holanda ang kasama ko sa paglayag na si Kapitan Justo Trinidad; dinalaw ako ni Dn. Pedro Rojas at ng kaniyang anak sa aking tinitirahan; at bago ako umalis ay kinunan ako ng retrato ng bantog na si Luna; ipadadala raw niya sa akin kung mayari na. Hindi ko malaman ang igaganti ko sapagkat sa Europa isa sa ipinagmamainam ng mayayaman ang naturang pininta ni Luna; gaano pa kaya ang retratong gawa niya.

Ako'y lilipat na sa Madrid sa Lunes. Kumusta sa kanilang lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 26 Nobyembre 1889

Atocha 43 Pral. izq.

Tsanay,

Malaking galak ang naghari sa akin nang matanggap ko ang retrato ng tatlong malilikot. Ang mata ni Anita ay buháy na buháy, tila nangungusap, oras-oras ay siya ko na lamang sinasalamín at sa pagtulog ko'y siya ko na lamang napapangarap na tila ako nauwi na ríyan at kalong ko si Anita. Ang kutsarita ni Titay ay kuhang-kuha, nakataas pa ang isang talampakan, sa palagay ko'y may ipinatanaw sa kanilang panlibang ang retratista, ay tikwas ang talampakan ni Dedeng nang matigilan. Si Elvira baga ang pangatlo? Hindi mandin kamukha; marikit ang mata ni Elvira ay hindi lumitaw sa retrato: hindi ito ang nakikintal sa gunita ko.

Sa awa't tulong ng P. Diyos ay hindi ako nagkakasakit dine. Ayon sa ibinalita ko na kina Vicente, ay may kaunting karayagan na ang adhika ng nangagmamahal sa bayan. Inihayag na sa Gaceta rine ang pagbababâ ng buwis ng mahihirap at pagsusuweldo sa mga kura. Hindi na ibig bumalik diyan ng bagong arsobispo; humahabol na siya'y ilagay na sa ibang obispado; kung hindi mangyari ay saka pa lamang babalik diyan; hanggang may magagawa ay tila hindi na ibig umupo sa arsobispado ng Maynila. Sabihin mo sa kanila na matalo man sa ibang bagay, ay huwag namang lubusin ang dalamhati, huwag lubusin ang sindak. Ang mga nangyayari ngayon ay malaking bagay sa mga nasanay na sa walang pagkatalo. Kiing lamang ay minamahapdi na nila at hindi dating nakatitiis ng kung kaya itong kaunting kurot na ito'y damutin na ng mga kababayan. Hindi naman sana naglilikat dine at nag-uupanging makakurot pa, at kaypala'y makakurot din; datapwa wariin naman nilang ang lagay ng labay ay para ni Geronimo at pagtulungan ni Apan, Bio, at ni Patok. Ang talaga ng Diyos na lamang ang sukat asahan.

Narine si Don Florentino Torres. Madalas kaming magkausap nang lihim ay inaamuki akong huwag munang bumalik diyan, ay tila mabigat sa akin ang magluwat pa rine. Ang ibig ko'y makita ko na kayong mag-iina, datapwat kung totoong kailangan ay magtiis-tiis muna tayo. Si Don Florentino ay nahalal na abogado piskal sa Cuba, kaya naparito, linalakad sanang diyan malagay sa huwes sa atin ay walang daang magkagayon. Ang nangyari ay ang malagay sa Ilocos. Kung mabakante ang Bulakan ay kaypala'y mailagay na huwes sa Bulakan. Kung magkagayon ay huwag silang makikipagbatiang lubha, at nang di mahalata ng mga puti. Kung si Adolfo de Castro ay pumayag ay nalagay na sana rian. Gayunma'y linalakad ng ibang tungkol si Castro ay kung makuha agad ay magkakaalam.

Sabihin mo kay Inte na kung hindi rin lamang mason ang kapalit ni Bildo ay mabuti pa ang masamang kilala na. Ang samâ nito'y para lamang ng manok na matunog ang pakpak, malayo pa'y nakikita mo na. Ang lalong masamâ ay yaong dumarating nang hindi mo nakikita. Si Bildo'y walang lakas na sarili, walang magagawa kung siya lamang, ang samâ ng lakas ay nasa tao. Siya ay parang isang lagnat na dala ng pigsa, kahit anong apula ang gawin mo sa lagnat ay walang kabuluhan, sayang lamang ang gamot sa lagnat, hanggang nagnanaknak ang pigsa ay naroo't naroon din ang lagnat. Huwag nilang hahangarin ang matampok sa panalo lamang; huwag lilimutin ang madalas kong sabi sa kanila, yaong katalunang panalo rin. Huwag lalayo sa katwiran at sa ikagagaling ng bayan, mangyari ang mangyayari, huwag masisindak tungkol sa bagay na ito at manalo't matalo, ay tayô ang puri. Kung ang mga dating kasama ay humihiwalay sa kanila at napakakabila sa mga nagtagumpay, ay pasalamat sila at nagkaroon ng panahong napagkilala kung sino ang talagang tagahiyaw lamang ng viva, at kung sino ang talagang may loob sa kababayan, at may loob sa katwiran. Hindi parati ang pagkapaibabaw ng satsat: sila ma'y hindi umaasa, kaya't inililipat na ang yaman ng pareng amo ni Apan sa Australia, at linalakad dineng pahintulutan silang maipagbili ang mga asyenda.

Hindi man sa gayon ay mabuti rin naman ang minsan-minsan ay mapulsuhan nila ang bayan. Lalong masama ang palulong sila sa pag-asa sa isang bayang hindi maaasahan. Ang bayang di marunong lumingap sa nagpapala, kung di sa kilala ng dumadaya at nagpapahirap, kung baga sa kahoy ay totoong murà pa; pag pinagpilitan mong haligihin ay kakanin lamang ng tangà. Ito'y isa pa sa ibig ko nang ibalik diyan, sapagkat palalakí, balangkas ko'y kulang ng hahaligihin. Balang sulat ni Vicente ay isang pampauntol ng aking lakad; hanggang sa ako'y tatahimik na lamang dine ay hindi ako dapat matira rito, pag tahimik lamang gagawin ko.

Kumusta sa lahat. Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.
Kailan pa susulat si Sofia sa kanyang Tatay?

Marcelo

Madrid, 24 Disyembre 1889

Tsanay,

Alas singko y medya ng hapon dine, ay alas dos na ng gabi riyan, nakapagsimbang-gabi na kayo't nakapagsalo-salo na. Kami rine ay wala ng usapan maghapon kung di ang saya ng Pasko riyan, nakikini-kinita ko si Sofia at si Anita at ang mga bata sa kapitbahay na nasa araw ng kasayahan ngayon. Kung ang loob ko lamang ang masusunod ay magsalo-salo na tayo sa Paskong darating kung binubuhay.

Mabuti't mataba si Sofia at malakas si Anita. Huwag mong pababayaang hampasin ni Anita ang kaniyang kapatid na matanda, baka mamihasa ng di-paggalang kay Sofia, ay mahirap nang hutukin kung lumaki. Si Sofia naman ay inaasahang kong magpaparaya sa kaniyang kapatid na bunso, hindi naman sa katampalasanan ang inaasal sa kaniya kung di sa kawalan pa ng malay sa kaniyang gawa. Baka kaya nakakayamutan ni Sofia si Anita, sabihin mo sa kanyang ito'y mapapanimdim kong palagi. Kaawa-awa naman si Anita kung makakayamutan ni Sofia.

Ngayon ay panahon ng sipon at ubo rine, ako'y linagnat na sandali, ngunit ngayon ay mabuti na awa ng Diyos. Totoong malamig dito sa Madrid, mabuting makalilibo sa Barcelona. Ayoko nang paabot dito sa isa pang invierno, o babalik ako riyan o pasasa-Barcelona man lamang.

Sa mga sulat na galing diyan ay napagtalastas kong nagdaang mahusay ang pista ng Santa Cruz at Binundok, na di nangyari ang mga ipinakalat ng mga panotsa. Salamat sa Diyos. Ang mabuting nangyari ay handa na ang loob ng Ministro at iba pang matataas na tao, at ang diumano ay sumabog na rine ang balita na pawang pakana nila ang mga sinasabing mangyayari riyan.

Si Weyler ay nahalinhin na sana; ngunit ayaw umalis dine ang talagang inihahalili. Sabihin mo sa kanila rian na huwag silang padadala sa sindak, sapagkat may pakpak na naputol sa kay Valê, at takot maglilipad, kaya ibang paraan ang tinutungo, nguni mabuti naman at hindi nangyari ang paraang ito, na sa banta ko'y di nila pababayaang mangyari, hanggang mapipigil ay pigilin; ngunit kung hindi mapipigil ay huwag pagipit. Pangambaha'y huwag mangamba.

Ihalik mo ako kina Sofia at Anita. Magandang Pasko sa inyong lahat.

Marcelo

Madrid, 6 Enero 1890

Tsanay,

Pagkalooban nawa kayo ng Diyos ng magandang bagong taon. Ako'y nagkasakit dine ng lagnat at sakit ng ulo at ubo, at hindi ako lamang kung di ang lahat halos na kasamahan ko sa bahay at ang buong Madrid halos; ngunit awa ng Diyos ay gumaling ako agad. Matindi ang lamig ng mga nagdaang araw dine, datapwa't humusay-husay ang panahon buhat ng magkaroon ng nevada at ulan. Salamat na lamang at nakapalad ako ng bahay na tirahan. Ang bahay na ito ay di lubhang malamig; di kami nagkakailangang magpasok ng apoy, paris sa ibang bahay. Sa ibang bahay ay para kang nasa loob ng nevera, kaya't naglalagay sa chimenea o sa brasero ng apoy, datapwa't ang init nito'y nakasasakit ng ulo, at bukod sa nakasasakit ng ulo ay may panganib ka pang kung mapatungo sa isang pitak ng bahay na walang apoy at malamig ay biglang masusubhan ng matinding lamig ang matinding init na sinagap mo ay isang pinagbubuhatan ito ng pulmonya, sakit na madaling pumatay. Ang bahay namin ay malayo sa panganib na ito, sapagkat di nagkakailangang painitin sa apoy. Sukat na ang estera ng sahig at manamit ng makapal at hindi na nararamdaman ang lamig.

Si Da. Cleotilde, asawa ni Gomez Florio ay payat na payat. Dinalaw kong minsan ay wala palang layô sa chimenea. Ang daing ng pobre ay parati na raw siyang may sakit buhat nang dumating dito. Wala aniyang, mainam na lupa sa mundong para noong atin. Empleyado sa Ministro ang asawa.

Sinulatan ako ni Naning at dumoon daw muna ako sa Barcelona, at hindi lubhang malamig doon at gayon din daw ang pasabi ng pamilya ni Canon, kahit mahinto na muna ang trabaho rine: ngunit pakiramdam ko ang katawan ko ay kaya ko nang labanan ang lamig dine: ang pinag-

iingatan ko lamang ay ang huwag manaog ng gabi. Bukod sa rito'y pahasay na ang lakad ng panahon: sayang pa ang magtigil; ngunit kung sasasal uli ang lamig at hindi ko makakaya ay magkakailangang lumipat muna ako sa Barcelona. Nguni balang makausap kong datihan dine ay harap na raw ngayon sa paghusay ang panahon.

Gabi-gabi ang parati kong panaginip ay kayo nina Sofia at Anita. Napapanimdim kong бага mga sagasaan ito ng karomata sa paglipat-lipat sa kabilang bakuran. Huwag ninyong pababayaang paroon sila na walang kasama. Harap na kayo riyan sa pagtatag-init, pagkaiingatan sila sa bulutong. Hindi na malalaon at kaipala'y magkikita na tayo: kung di magkakaroon ng kapansanan at may mapapag-iwan ako nitong *Soli*, ay magsasasalo na tayo sa Paskong darating. Kahimanawari ay huwag magkakasakuna!

Kumusta sa kanilang lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita. Kay Sofia ay muli't muli ang bilin ko na huwag sana niyang kayayamutan si Anita: at si Anita naman ay huwag lalaban kay Sofia.

Marcelo

Madrid, 22 Enero 1890

Tsanay,

Awa ng Diyos ay hindi ako nagkakasakit dine: ang epidemya ay humupa na, ang lamig ay nagbawas nang malaki.

Nabalitaan na ninyo diyan marahil na naglubha ang hari at ngayon ay magaling na. Ang reyna ay hinangaan dine ng pagkakaalaga sa kaniyang anak na wala raw hiwalay sa piling ng maysakit na hindi makuha ang magbihis. Mangyari, ay hindi Kastila ang reyna. Niyong naghahari si D. Isabel 2 at gayon din ang anak niya ay dumarating hanggang diyan ang mga múra at tungayaw sa monarka; datapwa kay Reyna Cristina, pati kaaway, magaling ang bukanang bibig. Naisulat ko ito sa kaniyang kababayang si Blumentritt, ang sagot sa akin ay talaga raw na nang tumulak sa Austria ang babaeng ito, at naparining mag-aasawa nga sa nasirang Haring Alfonso ay tumangis ang buong bayan sa gayong ang mga tagaroon ay hindi mahilig na magpahalata ng dinaramdam.

Ang nuno raw na babae ng Reyna Cristina, niyong panahong emperatris sa Austria ay nakadaang minsan ng isang dukhang babaeng kalong ang anak ay umiiyak. Tinanong daw ng emperatris kung bakit lumuluha. Ang sagot ay dahil sa walang masusong gatas sa kaniya ang kaniyang anak dahil sa ilang araw nang hindi siya kumakain. Kinuha raw ng emperatris ang sanggol at pinasuso, at pagkasuso ay binigyan ng malaking limos ang ina. Diyan daw lamang napansin ng babae na ang emperatris pala ang nasusuhan ng kaniyang anak, sapagkat sa pananamit daw ay hindi sukat mahalata. Kaya, ani Blumentritt, mana-manahan daw sa mag-aanak na iyan ang kagandahang-loob.

Si Reyna Cristina ay gayon din dine, kaya yata ang mga Republikano ay nahihirapan. Sa politika ay totoong matalino naman, ang damdam ko'y daig ang lahat ng matunog sa politika rine.

Ang mga panotsa ay nagpasugo sa akin at inaalok akong makipagkasundo na sa kanila. Ang wika ko'y hindi naman nila ako kaaway, kung di nananangga lamang sa mga tagâ nila. Pag walang tagâ ay wala namang sangga. Magtatayo raw di umano ng isang partido rine na lalakad ng ikagagaling ng Filipinas, ay pumasok daw ako at ang mga kaibigan ko. Ang sagot ko'y mag-publikar sila ng isang pahayag at anyaya tuloy sa mga Filipino, at pag ang programa ay ikagagaling ng Filipinas ay marami ang wika kong mahihikayat. Ano pa't wala silang nakitang tango ni iling sa akin.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita, at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 4 Pebrero 1890

Atocha 43 pral. izq.

Tsanay,

Nang a-25 ay tinanggap ko nang malaking tuwa ang sulat mong No. 16, petsa 16 ng Disyembre at 19 pa ng buwan ding iyon. Salamat at wala kayong sakuna ryan, ako man dine ay gayon din. Ang itinatanong mong naging sakit ko nang ako'y natitira sa Calle de Monteleon No. 7 ay hindi nagluwat, nakaramdam lamang ako ng isang malaking panlalamig ng hatinggabing ako'y natutulog doon, palibhasa'y malamig na lubha ang nayong iyon, at ang bahay naman ay sakdal din ng lamig, malaong di natitirahan at wala kaming estufa ni brasero sapagkat hindi pa nanasok noon ang invierno. Sa lamig ay nagkasusuka ako at tila ako ibig ngikihin, kaya dali-dali akong nagsuot ng baro, pantalon, tsaleko, tsake, gaban, sapatos, gora at saka ako muling nahigang balot ng dalawang kumot ay sa awa ng Diyos ay nakaramdam ako ng ginhawa at nakatulog ako magpahanggang umaga. Pagka umaga na ay umalis na ako roon at dumini na nga ako, kaya't noo'y nadublé ang gastos ko sapagkat ang kontrata ng bahay ay dalawang buwang di maiiwan, may bayad na sa dalawang buwan, at kung iiwan ay hindi isasauli ang labis na upa. Nagbayad ako sa bahay at nagbabayad pa ako rine. Ako'y mamamatay sa bahay na iyon kung di ko agad iniwan. Ang wariin mo na lamang ay kahit tanghali, gano'ng hindi pa invierno noon ay nagguguwantes ako sa loob ng bahay, at paglabas ko sa daan ay inaalís ko ang guwantes at nakaiinis sa init.

Ang tinitirhan kong ito'y mahusay, hindi malamig, datapwa't hindi mainam tanggapan ng bisitang mataas na tao, kaya't sa nagiging kakilala kong hindi kadati ay ipinahahalata kong di pa ako makapag-anyaya sa aking tirahan; gayon man ay nadalaw ako rine ni D. Miguel Morayta, ngunit ito nama'y parang isang ama-amahan na namin dine.

Sa asunto ni Gulapa ay may honorarios nga akong mahigit isang daang piso: tila si D. Basilio ang nagnegosyasyong nagpapasalapi ng asuntong iyan, kaya matatanggap mo ang ibibigay sa inyong hinggil diyan, sapagkat bunga ng aking pagod. Huwag mo na namang paghanapan ng malaki sapagkat ang pagsasama'y dapat namang lingunin. Tila siya'y nagsasalat din. Kung hindi ay di mangyayaring di niya alalahanin ang aking pamilya. Si Kapitan Juan sa Pulilan at ang kumpareng Boyong sa Bigaa ay may mga utang pa sa honorarios. Ipasabi mo sa kanilang alalahanin naman tayo. Kung sila'y may pagtingin sa akin niyong ako'y nakalitaw, ay lubusin sana nila ngayong ako'y nalulubog.

Tungkol sa hiling ni Anitang ibili mo ng kamay ang kaniyang tatay, at naiisipan ko ang retrato kong buong katawan: ang retrato kong gawa ni Luna ay ipadadala ko riyan pag-uwi ni Moy na anak ng kumpareng Ambrosio Salvador. Hindi ko maipadala sa iba't baka hindi pag-ingatan. Isinulat sa akin ng Ka Dato na may kalarong kuting si Anita, baka makamot ng kuting ang batang iyan, o baka makalulon ng balahibo ng pusa ay magkasakit. Natatawa ako sa tuwa niya nang makain ang lilipad-lipad na uwang ng kaniyang pusa; siya pala'y may pasabong sa lagay na iyon, at inaring kapalaluan ang uwang ang pagpapailanglang sa itaas, kaya gayon na ang hilat niya nang malaglag sa bibig ng kanyang kuting. Diya'y napágkikitá na malaki nga ang kaibhan ng ugali ni Anita sa ugali ni Sofia. Si Sofia'y aagawin ang uwang sa bibig ng pusa at ng huwag mapatay, si Anita'y tutulungan pa ang pusa kung kailangan sa pagsupil sa kapalaluan ng uwang. Mabuti't nawala na ang kanyang panunungayaw: ang maalís naman sana'y ang paglaban sa kapatid niyang matanda.

Ibig ko nang umuwi sa taong ito, sa buwan ng Nobyembre, kung walang kapansanan. Ang hapding dinadamdam ngayon ng mga panotsa ay pagbubuhatan marahil ng ibabait nila sa Tagalog: ang hinahabol nila ngayon ay ang maibalik ang loob ng tao riyan, yayamang hindi nila makuha sa dílat at panápanaán. Ang pasugo sa akin dine ay huwag na raw sana silang banggain, at sila na

ang lalakad ng iba pang katwiran ng ating bayan: magtatayo raw sila rine ng isang matibay na partido ay pumasok daw ako at ang mga kabataan. Ako'y hindi tumango, hindi naman ako tumanggi, pinuri ko na lamang nang pinuri balang sabihin sa akin.

Dumating ang koreo kahapon sa Barcelona, hanggang bukas pa ang dating dine: saka ko na dudugtungan ito kung matatangap sa panahon.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita, at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 18 Pebrero 1890

Tsanay,

Ikinaliligaya ko ang balita mo sa iyong sulat No. 17 (2 Enero) na kayo'y di nagkakasakit, matataba ang mga bata, at labis ng kasinungalingan si Anita. Ako man naman dine ay wala ring sakuna. Sinipon lamang ako at inubo nang linggong nagdaan, datapwa't ngayo'y pawis na, nakuha ko sa papawis. Dito'y ginagamot ang sipon, sapagkat pag napabayaan ay nahuhulog sa tisis o mag-uhugin kaya sa habang panahon. Nagpapawis ako, ay anong hrap ng magpapawis kung invierno pala! Ang hinihigan ko'y makapal na kutson, apat ang kumot, ang suot ko pa'y pranela, uminom pa ako ng mainit na mainit na tsaa at pulbos ni Dover na talagang pampapawis, ay may dalawang oras bago ako hinimigan ng pawis, at pag nagkamali ka pang nakakilos sa pagkahiga, ay wala na, urong na naman ang pawis.

Ang karnabal ngayon ay nagdadaang walang anuman. Ang wika ng *El Dia* ay dito pa raw lamang na pagkikilalang nawawasto ang bayang ito, sapagkat nawawala na ang mga maskara, mayroon ding mangilan-ngilan.

Mabuti't nag-uuulan ngayon, kaipala'y nakapawi ito ng masasal na lamig. Ako'y nagpalagay na tuloy ng telepono sa bahay at nang hindi na ako magkailangang manaog sa pakikipag-intindihan sa imprenta at iba pang kailangan. Ang imprenta ay malayo sa tinitirahan ko, may para nang ating bahay at ng sa Ka Sindang sa Santa Ana, at bukod sa malayo ay matindi ang lamig sa nayong yaon. Sa telepono ay limang piso isang buwan, ay nakapakikipag-usap ka sa lahat ng may telepono kaya kung kailangang makipagsalitaan sa imprenta o sa iba't iba mang peryodiko ay hindi na ako lumalayo sa aking mesa despacho, titindig lamang ako at tatawag ay makakausap ko na.

Kahapon lamang nakabit ang teleponong ito. Si Quiroga ay may telepono rin, ano pa't kahit kami nagkakalayo ay para ring malapit.

Tungkol sa sabi mong baka kung umuwi ako'y hindi na makatutuwa si Anita ay hindi mangyayari sapagkat sa akin ay walang paglipas ang sarap ng anak ko. Si Sofia, nag-aaral ba? Sanayin mo sa pagbabangon nang maaga at paggawa sa bahay. Sabihin mo sa kaniya na parati siyang napapanimdim ng kaniyang tatay. Sabihin mong dublé ang ligayang tatamuhin ko pag-uwi ko ryan, kung datnan ko siyang bukod sa walang sakit ay marami nang pagsasanay ang nagagawa sa pamamahay. Nang ako'y diriyan pa ay sinasanay-sanay ko na siya ng paglilinis ng mesa at kasangkapan, at hindi siya huli sa ibang babae kung lumaki.

Ihalik mo ako sa kanila ni Anita at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 5 Marso 1890

Tsanay,

Wala akong tinanggap na sulat mo ng koreong ito. Ako'y walang ano mang sakuna, sa awa ng Diyos.

Sa di ko pagtanggap ng sulat mo ay wala akong balita sa mga kasinungalingan ni Anita, sa iyo ko na lamang hinihintay tuwing koreo.

Nagkita na kami ni Calvo Muñoz at ni Bueno, kapwa maputi na ang buhok. Si Bueno ay nag-asawa sa kanyang pamankin, dalawa na raw ang anak nila ay namatay naman. Si Calvo ay nag-asawang muli, sapagkat namatay si Doña Felipa. Diputado ngayon si Calvo Muñoz ay ipinangako sa aking siya'y tutulong sa akin.

At siya nga naman: di nalaon at nagsalita sa kongreso ng tungkol sa Filipinas. Ang sinabi niyang ito ay siya naman naming ikinakalat upang mahalo bago ang natutulog na isip ng Kastila tungkol sa mga kailangan ng ating bayan. Marahil ay makatutulong dito na naman ang satsat sapagkat magagalit ay magsasasalita ang kanilang peryodiko, at wala tayong kailangan kung di ang parating pag-usapan ang ating bayan at nang mapansin.

Kumusta sa kanilang lahat, ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 1 Abril 1890

Tsanay,

Ngayon ang tulak dine ni Venancia at pauwi ryan, dala ang dakila kong panaghili. Si Venancia ay isang ulilang tagaroon sa Santo Cristo, dinalang alila rine ni Enriqueta, ngunit napatapon dine sa Madrid at nasa malaking pagdaralita naman ang kaniyang panginoon. Inampon namin dine, at si Alianar naman ay nagkaloob na linakad na makauwing walang bayad sa bapor. Pinag-ambaganan ng mga kabataang Filipino ang upa sa tren buhat dito hanggang sa Barcelona. Gayon din ang kaunti niyang mabáon sa paglalakad. Kahimanawari ay makasapit nang walang sakuna ryan at ng may mapakibalitaan ka ng lagay ko rine.

Ako'y walang sakit sa tulong at awa ng P. Diyos. Malaki ang lumbay na kinamtam ko nang ibalita sa akin ni Modesto Reyes na taga-Santa Cruz na nasunog o sinunog ang ating bahay, tumelegrama ako kay Naning sa Barcelona ay totoo nga raw, datapwa't ang sulat ng Ka Dato ay walang sinasabing bagay sa sunog, kaya't ang panimdim ko'y lalong nag-ulol, at nasapnan pa ng di mo pagsulat. Salamat at sa ikatlong sulat ng Ka Dato ay ipinaliwanag sa akin ang nangyari, at walang naano sa inyo ng mga Ka Teang at mga bata at iba pang kasambahay.

Natanto ko ang damay at abuloy na ipinakita sa inyo ng mga kababayan, kaibiga't kamag-anak, bagay na nakabawas ng aking pighati. Yayamang naligtas ang búhay ninyo ay matapos-tapos ang pasasalamat ko sa P. Diyos. Maraming salamat naman sa taong nag-ampon at kumalinga sa inyo. Sabihin mo sa kanila na ako ma'y nalalayo ay tanggapin nila ang maraming salamat, yayamang wala akong maiganti sa kanila ngayon kung di ito lamang. Ako'y mauuwi rin, kaypala ay makagaganti rin ako. Malaki ang pag asa sa nais kong makapaglingkod sa lahat.

Tungkol sa sumunog o nagpasunog ng ating bahay, ay hindi ko pinagtatakan. Lagpas pa sa roon ang mahihintay natin sa kanila, at sukat naman. Sakaling kadugo rin natin ang ginamit sa gayong pakay ay inaasahan kong inililigaw lamang ng di kinukusang kabulagan, sapagkat di ko mapaniwalaang sasapit hanggan diyan ang maglililo sa akin, kung nakatatalastas din lamang ng tunay kong pagmamahal sa kaniya. Wala akong hinanakit munti man sa aking loob. Ang pinanghihinayangan kong totoo'y ang mga apunteng ininot-inot ko buhat pa nang ako'y estudyante tungkol sa mga bagay na pinamumuhunanan ko ng mahaba at mahirap na pagdidili-dili, bukod sa rito'y ang mga tula ng ating mga nuno, na pinagpilitang matitik sa papel, bago namatay ang Tatay at ang Tiya Titang. Sayang! Matatandain ka rin lamang ay pagpilitan ninyo ni Mameng na maiuli. Gayon ding ipasulat mo ang legajo ng mga bata at nang makita nila kung sila'y lumaki. Ang ibig ko sana'y ang magisnan nila ang titik ng kanilang ama.

Naghahanap ako rine ng maipalit sa mga laruang nasunog ng mga bata, ay wala akong magustuhan. Maiinam pa ang laruan diyan sa mga laruan dito sa Madrid. Ang biyolinista ni Sofia na itinataan kay Anita ay wala na, wala namang makaparirine.

Linalakad dine ng mga Dominiko na magkaroon sila ng pahintulot na makapagtayô sa bawat parokya nila ng Monte de Piedad, na salapi nila ang gugugulin. Hindi pinahintulutan ng gobyerno at sawi raw sa kanilang pagtalikod sa mundo ang mga negosyo sa mundo. Pinagtatawanan ng mga Agustino ang pagkabigo ng mga Dominiko. Ang sabi naman ng mga Dominiko'y kasalanan daw ng Agustino ang pagkasira rian ng prestihiyo ng lahat ng fraile, bagay na ibig sana nilang iule sa pamamagitan ng Monte de Piedad sa bayan-bayan. Ngayon, ani P. Martin (Dominiko), ay kung di ang Diyos Espiritu Santo ang manaog diyan ay hindi na mapipigil ang paghina ng kanilang dating lakas.

Si Sofia'y hindi pa sumusulat sa akin, hindi yata tinutupad ang bilin ng kaniyang nalalayong ama na mag-aral, at magsanay ng gagawin sa bahay. Sabihin mong ikahahapis ng kanyang Tatay, kung mabalitaang di niya tinutupad ang bilin ko. Ihalik mo ako sa kanila ni Anita.

Marcelo

15 Abril 1890

Tsanay,

Tatanggapin ninyo ang vista ng prusisyon sa Sevilla at ng maririkit na hiyas ng arkitektura sa nasabing siyudad na iniwan ng mga Arabe.

Ang prusisyon sa Sevilla, na pinakamarikit daw sa España, ay hindi para riyang mahabang-mahaba at sa magkabilang piling ay nagsisiilaw ang tao. Doon ay dadaan ang isang andas may kasamang musika at ilang paso, sa loob ng kalahating oras ay daraan na naman ang isang andas na may mga gayon ding kaabay. Ano pa't puta-putaki ang prusisyon, isa nga lamang ang dinadaan, ang linalabasan ay iba't ibang simbahan. Bawat isang putaki ng prusisyon ay palabas ng isang cofradia; at ang mga cofradiang ito'y nagpapalaluan sa pagpapalabas ng kanyang paso. Kahit daw walang malamon ay iginagapang ng mga cofrade ang ikadidilag ng kani-kaniyang cofradia. Ano pa't tila diyan natin minana ang maraming kaululan natin sa mga ganyang bagay.

Kahanga-hanga at pinagdadayo ng mga estranghero ang mga hiyas ng arkitektura na itinatayo ng unang mga Moro sa Sevilla. Diyan mo makikita ang dunong, talas ng isip, at inam na magmunakala ng mga Moro, maging sa pagtatayo ng bahay, maging sa pagpapatubig ng bukid, maging sa astronomiya at iba pang matatas na karunungan. Ang tore ng Giralda na siyang pinakamataas sa lahat ng tore sa Sevilla ay mapapanhik ng nagkakabayo, ang mga pinto at moldura ng katedral ay isang yaman na. Ang alcazar at bahay na inihuwad sa bahay ni Pilato sa Jerusalem ay sagana sa dilag. Ang artesonado ay pawang yari ng matatalinong eskultor, ang mga pader na bato ay tila wari engkahe na binatang ng burdang palutang, ang mga azujeros ay walang kapara. Buhat nang itapon ng mga haring Kristiyano ang Moro sa España ay naghirap na ang España. Ngayon kung tingnan mo ang kayamanang

iniwan ng mga Moro, ay tila wari gumigiit sa gunita ang isang erederong nagmana ng palasyo ay walang maibili ng langis na ipang-ilaw sa palasyo.

Salamat at tumanggap din ako ng sulat mo. Ayon sa iyong payo ay pipigil-pigilin ko muna ang nais kong bumalik diyan, ngunit ako'y binabalising parati ng pag-aalaala sa inyo nila Sofia at Anita. Salamat at sila'y di nangasaktan niyong sunog.

Sabihin mo sa nagsiabuloy sa inyo na dakila ang aking pasasalamat sa kanilang paglingap. Darating din ang araw na ako'y makagaganti. Sakaling kapusin ako ng kaya ay hindi mawawala sa mata ng Diyos ang kanilang pagkakawanggawa sa atin. Ang lalo kong ipagwawalang-bahala sa pagkasunog ng ating bahay ay kung sa ningas ng apoy na yao'y namulat sana ang nangapikit pang mata ng ibang kababayan. Hindi rin kaya?

Si Sofia't si Anita ay parati kong inaasam-asam na mayakap. Ihalik mo ako sa kanilang dalawa. Ipadadala ko riyan ang retrato kong gawa ni Luna, marahil ay kakausapin ni Anita.

Marcelo

29 Abril 1890

Tsanay,

Sa huling koreong tinanggap ko ay wala kang sulat. Ang sabi ng Ka Dato ay iniwan mo raw sa Maynila si Sofia at nang maharap ang pag-aaral. Kung kinalilingatan sa Bulacan ang pag-aaral ay mabuti nga ang sa Maynila siya matira. Datapwa tuwi kong gugunitain ang pagkawalay sa iyo ng batang iyan ay umaagos ang luha ko. Bukod sa dalamhating tatanggapin ng bata ay inaakala kong baka ipagkasakit ang biglang pagkawalay sa kaniyang ina at kapatid. Nasanay na iyan sa hindi man lamang makatulog kung di ka kasiping ay hindi mabuti ang biglain. May di nga бага sa pagsunod ang bata? Ang paghihirap ng loob ay unti-unting nagbubunga ng sakit. Ang mabuti ay dadalawin mong madalas, titirahan mong mga ilang araw. Kung lalaki sana iyan ay ibang bagay ang ipagtatagubilin ko sa iyo, ngunit babae ay kailangan sanang huwag malayo sa ina kahit isang minuto.

Awa ng Diyos ay hindi ako nagkakasakit dine.

Si Valé ay mahahalinhahan na: kung si Burgos ang mahahalili ay kasama marahil na Direktor Heneral ay si Calvo Muñoz: ipinakikiusap ko rito na kung saka-sakali ay huwag lamang niyang iwang di nahahain ang proyekto de ley tungkol sa pagkakadiputado ng Filipinas. Pagpipilitan daw niya. Mabuti na pag si Burgos ang napariyang kasama ni Calvo, kadati nila ang 2 kabong nariyan at ang Koronel Pazos ay pamangkin at kanang kamay ni Heneral Burgos. Ang koronel na ito ang katulong namin sa *Sol*. na kung pumirma ay Padpyvh.

Ang sabi naman ni Quiroga ay hindi raw matutuloy si Burgos kung di si Caleja. Hindi ko malaman kung alin sa dalawa.

Datapwa't ang salitaan ng marami sa Kongreso niyong Sabado ay ang tuloy na ang paghahalili kay Weyler.

Ang mga diputadong nakausap ko sa iba't ibang partido ay nangangakong paaayunan nila ang magkadiputado sa Filipinas. Sa partido ng fraile ay wala pa akong nalalapitan. Titingnan ko kung magagapang ang ilan.

Ang *Solidaridad* petsa 30 Abril ay may dalang artikulo literaryo na ang titulo ay "La maestra de mi pueblo." Ang maestra ay pinangalanang Jacinta; ngunit ito'y si Margarita.

Kumusta sa kanilang lahat, ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 14 Mayo 1890

Tsanay,

Sa awa ng Diyos ay hindi ako nagkakasakit,
kahimanawari ay gayon din kayo naman diyan.

Salamat at di mo hinihiwalayan si Sofia. Hindi ko masupil ang naghahari sa aking kalumbayan tuwi kong gugunitain ang pagkalayo sa iyo. Kaawa-awa naman si Sofia. Ang ibig ko sana'y papagsikapin siya ng pag-aaral, ngunit gawan ng paraang huwag niyang ipagtanim at ikahapis ang gawang mag-aral. Hindi lamang kay Sofia, sa lahat ng bata ay ito sana ang mabuti. Huwag hintayin na ang bata ang magkusa sa gayong pagsisikap. Ang matanda ang dapat umisip ng sukat ikawili ng bata sa ikatututo niya. Ang bata ay walang hilig kung di ang maglilikut at ang sumakandungang ng ina. Ang matatanda ang siyang dapat maghatid sa bata sa ikawiwili sa pag-aaral.

Si Anita ay hindi ko na nababalitaan, palibhasa'y wala akong tinatanggap na sulat mo.

Ihalik mo ako sa kanila ni Sofia at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 28 Mayo 1890

Tsanay,

Wala rin akong tinanggap na sulat mo sa koreong dumating dine niyong a-16 nito, bagay na nagbibigay sa akin ng malulumbay na panimdim.

Inaalaala kong baka nagkakasakit ka ng mabigat o ang mga bata, sapagkat inaakala kong kung hindi gayon ay hindi mo maipagpapaubayang sa ganiring pagkalayo ko sa inyo ay hindi ako makatanggap ng balitang buhat sa iyo. Kung nakikita mo ang panlulumo ko tuwing darating ang koreong wala kang sulat ay mahahabag ka rin sa akin.

Ihalik mo ako sa mga bata.

Marcelo

Madrid, 12 Hunyo 1890

Tsanay,

Niyong a-31 ng Mayo ay tinanggap ko ang sulat mong 31 Marso No. 19 at ngayong araw na ito'y ang yari niyong a-4 Mayo No. 20.

Salamat at wala kayong sakit diyan, ako man dine ay gayon din.

Tungkol sa pagkainip ni Anita ay nagkakatotoo yata ang sabing mabisa sa anak ang pag-aalaala ng magulang. Walang likat oras-oras ang pag-aalaala ko sa kanila. Magising ako't makatulog ay siya na lamang nakakintal sa isip ko si Sofia't si Anita. Madalas na napapanaginip kong nakaunan sa braso ko si Anita, tinutukso ni Sofia at inaagawan ng pagsiping sa kanyang tatay ay ayaw paagaw. Kaya't kung magising ako'y hinahanap-hanap ko pa ang nagdaang panaginip.

Nabalitaan ko na kay Puatu ang pagkamatay ni Boyong. Sabihin mo kay Luis na pamáhaláan sana niya ang pagsingil ng honorarios ko. Lagyan ng kuwenta atrasada na parang binayaran niya sa akin komo prokurador, at singilin niya na parang inabonohan niya. Gayon din ang gawin sa ibang asuntong hindi ko naaalaala.

Huwag mo nang pansinin ang mga sabi-sabi tungkol sa akin ni Cp. Andres at ng mabait na si Antonio. Talagang ganito ang nagtatapat sa kaniyang bayan: siyang alimura.

At sa balang sukab na may asal hayop mabangong insenso ang isinusuob.

Tunay ang sabi ng mabait na si Antonio, na walang masasapit ang munting bumangga sa malaki. Datapwa kung walang masasapit ang bumangga ay lalo't higit na walang tinutungo ang gawang sumuko at paalipin. Bukod sa roo'y kung walang masasapit ay bakit umaalok

ang malaki sa pakikipagkasundo? Bakit naalis ang estipendio't ang nahalili ay suweldo, bagay na ikaluluwag ng kabesa sapagkat wala nang kailangang maghigpit ang kura sa paglalaglag ng patay at ausente.

Bukod sa roo'y hindi naman ang pagbangga sa malaki ang linalakad dine kung di ang paghingi ng ikaluluwag ng bayan. Kung nalalaman niyang kapos ang aking lakas, bakit hindi niya ako tulungan?

Sabihin mo kay Toniong na siya'y mag-aral, siya'y iginagalang ng bayan, hindi siya si Kapitang Andres, hindi siya si Eusebio Plata, dapat niyang pakamahalin ang kanyang pangalan, at totoong kahiya-hiyang marinig sa kaniya ang mga sabing aliping alangan sa isang abogado.

Ang panabi ko rin ay isa siya sa nagbigay-lakas sa akin, isa siya sa maaasahan ng bayan, kahiya-hiya tayo kung mabalitaang ang mga panukalang palà ng ating señor abogado ay panukalang tujada lamang. Huwag gayon, papurihan ani mo niya ang mga kababayan natin. Kung walang magagawa ay huwag man lamang pahalata.

Sa pananaog ng suweldo ay talagang hindi naalis ang deretsos. Ang deretsos ng simbahan ay hindi maiaalis ng gobyerno, samantalang ang gobyerno ay Katoliko. Ang inaalig ng suweldo ay ang dating estipendio, na ito'y dili iba kung di ang wika na walong bahagi ng ibinabayad natin sa sedula personal.

Ngayon: ang deretsos na sinisingil diyan ay labis, kaya ang namamaya'y dapat mag-aral na aransel sa simbahan at huwag magbayad kung di ang talagang katampatan. Hindi makapaghahabla ang kura kung ayaw magbayad ang tao nang lagpas sa aransel, sapagkat hindi mapupuwing ng may kapangyarihan ang nauutos sa aransel. Ang aransel na iya'y lagda ng arsobispong Dn. Basilio Sancho na pinagkayarian niya at ng iba pang obispo sa mga lupang iyan.

Itanim ng mahirap sa kanilang isip ang susunod na tagubilin ng aransel at nang huwag silang madaya. Ganito ang sabi:

OTRA – A los pobres que no tuvieran con que satisfacer los derechos, sino es vendiendo o empeñando los instrumentos de sus oficios, animales necesarios para la labranza, o sementera precisa para sustenar su vida, y de la de sus familias, nada se los llevará por bautismos, ni por matrimonios, ni por entierros: todo lo hará el cura por amor de Dios.

ISA PANG TAGUBILIN. – Ang mga maralitang walang sukat ikabayad ng deretsos kung di magbili o magsangla ng kasangkapan, hayop na gamit sa pagsasaka, o bukid na sapat lamang sa kakanin nila at ng kanilang pamilya, ay hindi hihingan ng ano man sa binyag, kasal, at sa libing at gagawing lahat ito ng kura alang-alang sa Diyos.

Adiyos, kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 25 Hunyo 1890

Tsanay,

Hindi ko malaman kung may sulat ka sa koreong ito. Kahapon dumating ang *Isla de Luzon*, ay wala pa akong tinatanggap na ano man.

Ako'y walang sakuna rine. May kolera sa Valencia, ngunit ngayo'y pahupa na at hindi lumipat sa ibang pook ng bayan ng Rugat. Ang bayang ito'y maliit at tiwalag sa ibang bayang sakop ng Valencia.

Ang init dine ay mahigit pa sa init diyan, lalo na sa mga buwang haharapin daw ang kasasalan ng init dito. Init na nakaiinis ito, at di ka man lamang pawisan. Natikman ko ang verano sa Barcelona ay hindi ganito. Itong Madrid ay totoong lagpus sa ano mang bayan, lagpus ang lamig, lagpus ang init.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita, at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 9 Hulyo 1890

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong petsa 17 ng Mayong nagdaan: salamat at walang maysakit sa inyo riyan. Ako ma'y gayon din, pinahihirapan lamang ako nitong aking bagang, ngayong nagtatag-init.

Sabihin mo kay Anitang di na ako malalaon dine. Magpapakabait siya, huwag magkakain ng makasisira at ng datnan siya ng tatay na malakas, mataba, at walang damdam.

Hindi ko malaman kung matutuloy pa si Heneral Burgos ng pagpariyan. Ang reyna ang nangako sa kaniya, ngunit hindi ko malaman kung tatanggapin pa niya ang destino ngayong nasa sa poder ay hindi niya kapartido. Kung si Burgos sana'y mabuti't kaibigan ko ang kaniyang pamangkin at kanang kamay na si Koronel Pazos.

Ngayo'y tila si Martinez Campos ang hahalili kay Weyler, ewan kung ito'y papayag. Siya ang may kagagawan ng pag-akyat ng mga konserbador, kaya ang ibig ng mga konserbador ay malayo siya at ng di-makabasagulo sa Ministeryo. Si Pidel na pintakasi ng mga panotsas ay galit na galit at di nasama sa Ministeryo.

Ang Ministeryong ito'y di magluluwat.

Hindi ako pahahaba at inaapura ako ng bukbuk sa bagang.

Kumusta sa lahat, ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

P.D.

Iuwi mo riyan si Sofia sa panahong mainit, baka magkasakit sa Maynila.

Vale.

Otrosí. Maraming salamat sa Inda Monek sa tulong na ipinagkaloob sa atin. Ngayong kakapitan si Juan ay dinadamdam ko ang hindi ko siya matulungan.

Ang kabilin-bilinan ko lamang sa kaniya ay huwag hihiwalay sa ikagagaling ng bayan, sapagkat kung kayo'y mabuwal may tayô rin; para ng pagkabuwal ni Manuel, at pagkabuwal ni Vicente. Ang pagkabuwal ng dalawang ito ay mahalaga sa pagkatayô ng iba.

Vale.

Madrid, 23 Hulyo 1890

Tsanay,

Ako'y walang sakuna sa awa't tulong ng P. Diyos, palagi lamang sumasakit ang bagang ko, dahil sa init ng verano. Ang init dito'y mahigit sa init diyan. Walang hangin, hindi ka pawisan, at sa lansangan ay para kang nasa sa hurno. Sa lahat ng ito'y hindi naman makapagsusuot ng manipis at baka biglang lumamig ay panganib sa pulmonya.

Dadalawin ninyo ng Ka Teang si Da. Mariquita Celis sa Matungaw, at sabihin ninyong gawan ng magaling na padalhan ng pasahe si Enriqueta at nang makauwi ryan, mamamatay sa gutom dine o darating sa hindi dapat datnin. Iniwan ng asawa. Hindi dahil sa may ginawa bagang sukat siyang iwan, kung di dahil sa walang ipakain, nasanla na ang lahat nilang kasangkapan sampu ng kahuli-hulihang kumot, ang kaniyang biyenan ay wala nang ipadala sa mag-asawa. Kaya ang ginawa ay pumisan sa Ina ang lalaki sampu ng mga anak, naroon sila ngayon sa Toledo, si Enriqueta ay iniwan dine sa Madrid.

Si Enriqueta ay tumira sa isang posada, ang pangako'y babayaran niya ang makain pagdating ng ipadadalang kuwarta sa kaniya ng kaniyang ina. Ang sabi raw ng tinitirhan ay hanggang sa loob ng isang buwan lamang siya mapauutang, at pag di nagbayad sa gayong taning ay paaalisin siya.

Kahabag-habag na totoo ang lagay ni Enriqueta, padalhan ng pasahe at sa ibang gastahin sa paglakad ay mapag-aambag-ambagan na rine. Sabihin ninyo sa kaniyang ina na agad asikasuhin ang bagay na ito.

Ihalik mo ako kay Anita gayon din kay Sofia.

Marcelo

Madrid, 6 Agosto 1890

Tsanay,

Salamat at wala kayong sakuna riyan, ayon sa sulat mong tinanggap ko, ako ma'y gayon din. Ayon sa sabi ng Ka Dato ay nariyan na si Sofia. Sabihin mong siya sana'y magpumilit ng pag-aaral at nang di malayo sa iyo.

Naririto na si Pedro Serrano, dumating kamakalawa buhat sa Paris kasama si Rizal. Si Rizal ay babalik na riyan, ako man nama'y susunod na pag may napag-iwanan nitong tinatanganan ko rito. Datapwa, ibig ko munang makipagkita kay Blumentritt. Ako'y paroroon sa kanila sa haharaping verano.

Nabalitaan kong si Ignacio ay nagkabasagulo. Ito'y ikinalulumbay ko rine at malabis ang paninindim ko sa ikapapahamak niyan. Sabihin mo kay Luis na pakialaman niya ang bagay na iyan.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita, kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 1^o Oktubre 1890

Tsanay,

Niyong a-21 dumating ako rine buhat sa Santander. Ang lamig doon ay nagbibigay-lakas sa akin ngayong lumaban sa ginaw ng inviernong darating. Tinanggap ko ang mga sulat mo, ang huli ay petsa 14 at 21 ng Agosto. Salamat at wala kayong damdam, natanggap ko rin naman ang mga retrato ninyo, ang sarili mo, ang grupong malaki at ang grupo ng mga Ka Yayang. Anong pagkakaawa-awa naman ng nangyari kay Manang! Sa grupong malaki ay nasama sana si Benito. Ang napuna ni Rizal sa grupong ito ay ang tayô ni Primitivo, tayô raw mahina ang loob. Dinalaw namin si Kapitan Justo sa Castro-Verdiales, ang mga pabrika ng sardinas at iba pang conserva. Ang sabi namin ay magtatayo kami riyan ng isang malaking almasen ay kailangan naming makilala kung aling pabrika ang pinakamahusay at malinis gumawa at nang siya naming makunan; sa sabing ito'y walang ipinaglihim sa mga ginagawa nila sa pabrika. Sa Santander ay ipinaglihim kay Kapitan Justo, sapagkat ipinakilala niyang ibig niyang pag-aralan at madala riyan ang pagtitinggal ng isda.

Maraming bayan akong nalibot, hanggang bundok at kabukiran, ang mga bayan dine ay napakaliliit pala: ang Babangad natin ay isang malaking bayan na. Ang San Nicolas ay katimbang ng tatlong bayang may kura at iba't iba pang sangkap. Isang bayan na ang Sibjo, isa ang Tabing Ilog, at isa ang Cupang o kaipala'y dalawa pa. May nakita akong kurang humahakot ng giniikan sa bukid.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita, kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 15 Oktubre 1890

Tsanay,

Awa ng Diyos ay wala akong sakit, maginhawa ang katawan ko, bakit nakababanaag na naman ng barong panama.

May inihahanda kaming malaking piging na titipunin diyan ang pinakaulo sa mga partido (katiyap na sila) at diyan pag-uusapang dapat magkadiputado sa Filipinas, at ng pagpanhik uli ng mga liberal sa poder ay maging utang na nila ang pagtupad ng gayong adhika. Sa piging na ito ay may dalawang takigrapo na susundang isusulat ang lahat ng sasabihin ng isa't isa, at saka namin ipalilimbag at nang mabasa ng lahat. Aanyayahan si P. Nozaleda, kung siya'y makisalo sa amin ay hindi siya mangangahas magsalita ng laban sa amin. Kung hindi siya dumalo, ay katungkulan niyang sumulat sa amin, at sa sulat na iyan ay hindi siya makapagpapahamak manumpa at ilalagay namin sa mga peryodiko; kung hindi siya dumalo at hindi sumulat, ay ilalathala sa mga peryodikong siya'y walang edukasyon.

Maiisod-isod pa ang pag-uwi ko, sapagkat ngayon pa lamang nagmamanibalang ang dala kong punla rine, masamang pabayaan, at sayang. Mahinog lamang ito't ako'y magmamanukan na lamang.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita, tanggapin nila't ng kanilang ina ang mairog na yakap ng kanilang ama.

Marcelo

Madrid, 29 Oktubre 1890

Tsanay,

Wala akong tinanggap na sulat mo sa koreo Frances. Kahimanawari ay ang pagkalingat na lamang ang naging sanhi ng di mo pagsulat.

Natanggap ko pala ang sulat mong kalakip ang kay Da. Mariquita Celis. Salamat at doo'y naunawa kong malakas lahat sampu ng mga bata. Ako man naman ay walang sakuna rine. Tila matutuloy rin diyan si Primo de Rivera, kahimanawari. Noo'y luluwag na diyan at makauwi na ako.

Si Enriqueta ay may pasahe nang padala ng kaniyang ina. Datapwa nag-uurong-sulong ng pag-uwi at makalayo sa mga anak niyang nasa Toledo.

Sumulat sa akin si Da. Aurora Nalda na gawan daw namin ng magaling na mapauwi, at masama raw ang mapagsasapit sa Madrid. Kaya'y ipinagbiling sa aking sa natitirang salapi sa akin ni Enriqueta ay huwag ko nang bigyan at ihanda na sa bilyete ng tren at siya na raw ang bahalang maghanda ng baul. Si Da. Aurora ay asawa ni Koronel Martos, kaibigan ni Enriqueta, datapwa't hindi nalalaman nito na kami ay nagkakaintindihan sa pagpapauwi sa kanya. Kung matuloy si Enriqueta ay magpapadala ako ng retrato ko.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 26 Nobyembre 1890

Tsanay,

Ilan nang koreong hindi tumatanggap ng sulat mo. Salamat na lamang sana kung wala kayong sakuna riyang gaya ng balita ng Ka Dato.

Ako'y walang sakuna rini awa ng Diyos.

Ngayo'y naglalamig na, tila hindi ko damdaming lubos ang lamig ngayong para ng lamig niyong isang taon.

Nagkabulutungan dine sa Madrid ay halos lahat ng tao ay nagpatanim ng bulutong. Ako sana'y patatanim, isang araw ng isa sa kasama ko sa bahay na kababayan din ay tinatamnan ang ibang kasama; ang kasama ko sa tulugang anak ng kumpareng Ambrosio Salvador ay hangos ng ibinabalita sa aking siya raw ay tinamnan ng bulutong ni Dodong (Dominador Gomez), naroon po, aniya't nagtanim sila. Lumabas ako sa kuwarto ko't patatanim naman sana ako, at ang nakita ko'y si Dodong na isang bigkis na karayom ang hawak at siyang ipinanghahalihaw ng balat sa pagtanim ng bulutong. Nang makita ko ito'y umurong na ako. Hindi ako natamnan ng bulutong.

Araw-araw ay nalalapit ang paghahalili ng heneral diyan. Hindi ko malaman kung sino ang pariryan.

Sa loob ng ilang araw ay magkakatipon kami nina Becerra at pag-uusapan ang pagkakaroon diyan ng diputado.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita, at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 10 Disyembre 1890

Tsanay,

Awa ng Diyos ay wala akong damdam dine, napapanimdim ko lamang kung bakit di ako tumatanggap ng sulat mo ilan nang koreo. Salamat na lamang sana kung hindi kayo nagkakasakunang parang balita ng Ka Dato. Kung ang di mo isinulat ay dahil sa hindi ka nakatanggap ng sulat ko, nang ako'y napasa-Santander, ay hinihintay kong sa koreong darating ay magkakasulat ka na, sapagkat buhat pa niyong Oktubre ay sumulat na ako at natanggap na ninyo marahil.

Ang lamig dine ngayon ay masasal sa lamig niyong isang taon. Hindi pa man invierno ay dumating na ang babâ ng termometro sa 9° bajo cero. Diyan sa atin ay kalamigan na ang 17° sobre cero, wariin mo kung gaano ang 9° bajo cero. Ang sabi ng matatanda rini ay malaon na raw na hindi nakikilala sa Madrid ang ganitong lamig. Gayon man ay hindi ako masasaktin ngayong para niyong isang taon.

Ibig ko na sanang umuwi rian sa loob ng Pebrero o Marsong papasok, datapwa, ngayon lalong hindi maiwan ang lakad na namulan na. Magtitiis na muna akong mga ilang buwan pa at nang kung hindi man kamtan ang ninanais, ay huwag mawika na ang ipinagkagayon ay sa pagpapabaya ko. Sabik na sabik na ako sa inyong mag-iina. Sa mga katipunang pinaparonan ko ay anong laki ng pangimbulo sa bala kong makitang may dalang anak na matabil. Pag kilala ko rin lamang ang magulang ay hindi ko matiis na di yakapin ang bata at ganito na siguro – ang wika ko sa sarili – ang aking si Anita.

Ihalik mo ako sa kanila ni Sofia at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 25 Disyembre 1890

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mo, hindi ko maalaala kung anong petsa at nawawaglit ngayon. Salamat at wala kayong sakit diyan, ako man dine ay gayon din. Natatawa akong mag-isa pag naaalaala ko ang mga kasinungalingan ni Anita. Sabihin mong tandaan niyang lahat ang mga isusumbong niya sa akin at sisiyasatin ko pagdating riyon, o kung dili kaya ay ilista niya sa isang librong munti at nang hindi malimutan. Ngayon ay Pasko, tila nakikini-kinita ko ang saya ninyo riyon. Ako'y hindi lubhang malumbay sa Paskong ito na para ng isang taong halos lahat ng tao'y nahihiga sa sakit. Ngayon ay mabuti ang panahon, ang lamig ay hindi lubhang masasal, kagabi ay nagkatipon kami nila Rizal, marami kaming tagariyang nag-noche buena, ang mesa naming kinanan ay ang kaliwang kamay ng bawat isa, at ang kanan ay pansubo: ang kinain namin ay kanin, pabo, litsong may salsang para ng salsa riyon, sapagkat ang nangusina ay Filipino. Nang maghiwa-hiwalay kami ay alas singko na ng umaga. Ako'y hapong-hapo na kaya hindi ako palalawig.

Ito na lamang, ihalik mo ako kay Sofia at Anita, kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 7 Enero 1891

Tsanay,

Awa ng Diyos ay hindi ako nagkakasakit dine. Ang lamig ng inviernong ito ay matindi, ngunit hindi ko ipinagkakasakuna.

Kung nauwi na sana ako ay nagkasalo-salo na sana tayo nitong Paskong ito, ngunit hindi nangyari, kaya inaasam-asam ko na lamang dine sa malayo ang pagkakatipon ninyo.

Si Sofia't si Anita ay nagpasko siguro sa kani-kanilang iniina. Sabihin mo sana sa akin ang ligaya ng mga bata sa kanilang pamamasko.

May tinanggap akong sulat ni Pepe de Leon na dili umano'y dalagita na raw ang kanilang Sofia. Kung gayon ay magkakagayon din ang Sofia natin.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako sa mga bata.

Marcelo

Madrid, 22 Enero 1891

Tsanay,

Dalawang sulat mo ang tinanggap ko petsa 8 at 14 ng Disyembre. Salamat at wala kayong sakuna riyan, ako man dine ay gayon din. Ako'y nagtaka ngayong inviernong ito. Niyong nangakaraang invierno ay suson-suson ang dami ng damit kong isinusuot ay hindi pa tantong malamig na para ngayon, ay parati na ako niyong may sakit, parati na akong nahihiga. Ngayong masasal ang lamig at wala akong suot kundi isang kamiseta Yegar, isang barong puti at ang karaniwang kagayakan ay magaan ang katawan ko. Magtatapos na ang Enero ay hindi man lamang ako nahuhuli ng isang sipon.

Napapanaginip kong palagi si Anita, tila parati kong naririnig ang salita ng batang iyan. Hindi na malalaon at makakalga ko siya. Si Sofia sana'y pasulatin mo sa kaniyang tatay. Sabihin mo kay Anita, na nang madali ang pag-uwi ng tatay niya ay siya ang sumulat, ipagbibilin lamang sa iyo kung ano ang kahulugan ng kaniyang sulat at baka hindi ko mabasa.

Ihalik mo sana ako sa kanilang dalawa, kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 4 Pebrero 1891

Tsanay,

Kamakalawa'y may dumating na koreo rineng buhat diyan, hindi ko malaman kung Frances o ano, datapwa't wala akong tinanggap na sulat; may ilang nangakatanggap sa nangaririne, ang karamihan ay hindi. Nakaligtaan iyan ng marami sa banta ko ang pag-alis diyan.

Wala akong sakuna awa ng Diyos, Pebrero na ngayon palayo na nang kaunti ang lamig ay isang sipon man lamang ay hindi ko pa nadaramdaman. Salamat sa Diyos, kayo man sana'y gayon din diyan.

Kahapon ang piyesta ng inang, kamakalawa ang kay Titay, kaya't silang dalawa ang siyang parati kong nagugunita sa mga araw na ito. Ibati mo ako kay Titay.

Si Enriqueta ay nasasama nang muli sa kanyang asawa, kahimanawari ay manatili.

Ngayong araw na ito ay tutulak dine pauwi na ryan si Dn. Julio Llorente; nangauna na sa Barcelona si Melecio Figueroa, Cunanan, at si Dimayuga: ako'y nangingimbulo na lamang sa balang umuwi ryan. Datapwa't mahahalinhin na si Valé ay makalilitaw na ako ryan. Anong pagkalungkot nitong malayo sa pamilya, yamang di mahagkan si Anita't si Sofia ay nakikihalik na lamang ako sa balang batang makita ko.

Ihalik mo ako sa kanilang dalawa at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 18 Pebrero 1891

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mo No. 32, 3 Enero at ikinatutuwa ko ang balitang kayong lahat ay walang sakuna. Ako man dine ay malakas awa ng Diyos. Inip na inip lamang ako ritong di ko ikauwi: sabik na sabik na ako sa inyong mag-iina, kaya't nanlalabo na ang retrato ninyo sa katatangan ko at kamamasid sa inyo.

Sa *Isla de Mindanao* ay babalik diyan ang mag-inang si Da. Micaela Navarro at ang anak niyang dalagitang si Marina Jimeno: ipinangako sa aking dadalawin ka, bagay na pinasasalamatan ko at ng may mapakibalitaan ka ng buhay ko rine. Sa bahay nila nagkakatipon kung Biyernes ang mga Filipinong lalaki't babae na magkakakilala rito.

Sabihin mo kay Da. Mariquita Celis na kay Da. Micaela maipagtatanong ang lagay ni Enriqueta rine, ang pagkukupkop na ipinakita sa kanya ng mga Filipinang makakahiga rito.

Si Da. Micaela ay isang pinag-usig na sawing-palad. Nag-asawa rian sa isang militar; nang umuwi rine ang lalaki ay nag-asawang muli sa ibang babaeng may salapi. Hindi inusig ni Da. Micaela ang asawa niya at mapapahamak. Nagdaan ang mahabang panahon, hanggang sa lumaki si Marina ay umabot sa nagsisi ang lalaki; datapwa't hindi makapakisama sa tunay na asawa, sapagkat ilulubog ng asawang bago at masisira ang karera ng lalaki, na ngayo'y komandante na. Ang mapighating buhay na dinaanan dine sa Madrid ay makaiiyak. Salamat na lamang at may anak siyang nakapag-asawa sa isang parmasiyotiko, sa Maynila, ay siyang nagpadala ng pasahe nitong mag-ina. Kahimanawari ay makarating diyan at makausap mo. Ganiyan na lamang naman ang karalitaang mapagsasapit ng isang

babae. Sabihin mo kina Neneng at iba pang mga binibining kamag-anak natin diyan, na pakailag-ilagan ang mag-asawa sa Kastila. Marami ng totoong kahambal-hambal na buhay ang nakikita kong nangyayari rine sa mga tagariyang nauwi rine, bihira ang napapaanyô.

Sabihin sa Ka Imbo at sa Ka Biyang na ikinalulumbay ko ang nangyari kay Pare Goyo. Datapwa't ang pagkaduhaging buhat sa paggalang sa katwiran ay isang dangal namang sukat pangimbuluhan ng lahat. Yaong kawikaang “kung ibig mong mabuhay ay mag-asal kang patay”, ay isang matamis na hibong ipinagpatulog sa Katagalugan ng naghangedad sumupil sa atin. Ang taong nabubuhay ay dapat ipagtanggol ang kaniyang buhay at ang sa kapwa tao, sa ano mang kapanganyayaan, gaya ng mga malinaw na pag-api sa kinikilalang katwiran. At kung ang lahat ay may katungkulan nito ay lalo't higit yaong mga kinaaalang-alanganan sa bayan, na para na nga ng mga pari, sapagkat ang alang-alang ng bayan ay sukat namang gantihin ng tapat na pagmamahal at pagtatanggol sa nagsisigalang. Bawat isa'y gumawa ng makakaya at ang di makakaya ay makakaya ang ihain sa Diyos. Alinsunod dito'y kalamayin nila ang kanilang loob.

Sa pagkapahamak ni P. Goyo at di pagkaano ni Mariana, ay naaalala ko ang Kakâ at si P. Fernando. Si P. Fernando ay masulong, siyang di naano: ang Kakâ ay timtiman, siyang napa-Mariano.

Ito na lamang. Ikumusta mo ako sa lahat at maraming halik kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 1^o Marso 1891

Tsanay,

Naunawa ko ang sulat mong petsa 21 ng Enero. Salamat sa Diyos at wala kayong sakuna ryan. Ako man naman ay kinaawaan ng Diyos na nagdaan ang inviernong pinanganganiban ko ay malakas at mahusay ang katawan ko.

Dumating ako rining buhat sa Norte niyong Huwebes Santo. Anong pagkakaiba nga naman ng lakad ng panahon dini! Nagdaan ako sa Segovia ay kasasalan ng niyebe, ang mga kabundukan ay nangagtitingkaran ng puti dahil sa niyebe, ang hangin ay nanunuot sa buto dahil sa lamig; at nang dumating ako sa Madrid ay hindi ako makahiga sa init.

Sa mga bayan-bayan sa Norte ay napanhik ako sa mga kusina at doon nagkakatipon ang mga tao sa piling ng dapog (*hogar*).

Ang dapog ay ganito: isang latag na ladrilyo na ang laki ay humigit-kumulang sa isang bara at kalahating baling-baling ang latag sa sahig, sa tapat nito sa dakong itaas ay ang labasan ng asó; sa latag na ladrilyo ay doon na lamang ihananay ang kahoy at doon aapoyan, ano pa't parang isang sigâ (*hoguera*) kaya pala ang tawag ay *hogar*. Kung may lulutuin ay maglalagay ng isang *trébede* at ipapatong sa *trébede* ang paglulutuan at lalagyan ng ilang bága sa ilalim kung basahin natin diyan sa nobela o tingnan sa pintura ang hogar sa invierno ay totoong poetiko; pag naroroon ka pala'y nauulingan ka na ay nawawala ang poesia, lalo na kung makita mong ang nangakaliligid sa hogar ay nagtututong ang damit.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 3 Marso 1891

Tsanay,

Awa ng Diyos ay wala akong sakuna rine, kayo sana'y gayon din diyan.

Sa koreong ito'y sumakay si Da. Micaela, na pinagbilinan kong dumalaw sa inyo rian. Sasakay rin ang kasama ko sa tulugan na si Moises Salvador, anak ng kumpareng Ambrosiong kapitan sa Quiapo. Natatandaan mo sa banta ko ito. Marahil ay dumalaw na sa iyo si Moises.

Marami ang magsisitulak dine ngayon. Ito'y ikinalulumbay ko. Ibig ko sana'y makasabay na nila ako, ngunit hindi pa panahon.

Kung hindi nalaglag ang Partido Liberal niyong Hulyo ay yaring-yari na sana ang ikababalik ko nang tahimik. Datapwa aakyat ding muli.

Nagsasabi sa akin ang isang Dominiko rining may mataas na katungkulan, na huwag daw silang ituring na kaaway: ang sagot ko'y wala kaming kinakaaway, hinihingi lamang namin ang talagang amin. Nagpasabing muli na sila raw ay hindi sumasalangsang sa aming hinahabol; pinaiintindihang kaypala raw ay ang mga Agustino, Recoletos't Franciscano ang humahadlang, sila raw ay hindi. Salamat sa Diyos! Nang una'y sa dilat lamang tayo kinukuha, ngayo'y gumagamit na sila ng "hindi po ako".

Kaya kadadalangin tayo sa Diyos at hindi niya itutulot na malubos ang pagkalupig ng katwiran, kapag may nagtitiyagang magmalasakit.

Maraming halik kay Sofia at Anita.

Marcelo

Madrid, 15 Marso 1891

Tsanay,

Tatlong sulat mo ang tinanggap ko kahapon Nos. 33, 34, at 35. Salamat at magaling na ang Anita ko, ngunit ikinalulumbay ko ang pagkakasakit ni Ineng. Itulot nawa ng Diyos na yayamang nagtitiis na tayo nitong mapanglaw na pagkakalayo ay málayô naman sana sa ibang sakuna.

Awa ng Diyos ay malakas ako, walang ano mang damdam, ay ako'y lalakad patungo sa Norte.

Kaawaan nawa ng Diyos ang mga bagong kasal. Si Mateo ay palagi mong pangungusapan. Ngayon ay iba ng buhay ang taglay niya, huwag padadala sa init ng ulo, huwag mabubuyo sa pagmamagaling na lalaki. Ang buti ng lalaki ay ikinatatago-tago, hindi ililitaw kung di sa panahon. Kung siya'y mapapahamak ay hindi na sarili niya ngayon ang pagkapahamak. May Leona nang tatangis, bukod sa dalamhati ko rine kung aking mabalitaan.

Si Ponso at si Seria ay inaasahan kong magsasamang mahinusay. May loob si Ponso, marunong nang mabuhay. Si Seria naman ay marunong nang makisama, magpaparaya na lamang sila sa Ka Dureng kung ito'y nagkakabarit.

Kumusta sa lahat, ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 15 Abril 1891

Tsanay,

Dumating dine ang koreo niyong ika-11 nito ay wala akong tinanggap na sulat mo. Salamat na lamang kung wala kang sakuna. Ako ma'y di nagkakasakit awa ng Diyos.

Kahapo'y doroon ako sa pelukeryang pinagpapagupitan ko ay totoong pinatawa ako ng dalawang batang magkapatid na ginugupitan kapwa, at naaalaala ko ang mga kasinungalingan ni Anita sa kasinungalingan ng dalawa. Isang lalaking mag-aapat na taon na ang edad, ang isa'y may tatlo na marahil. Pinaglayo at nang huwag maglikutan ay lalo nang salitaan nang salitaan, ibig pa'y magtatanawan. Binigyan kapwa ng laruan at nang makali, ay lalo nang di makali at nagbabalitaan ng kani-kanilang laruan. Natapos na nagupitan nang una ang malaki, sapagkat ito'y babae ay ang dakong noo lamang ang ginupitan. Pagkatapos ngang magupitan ay lumapit sa maliit at ang maliit naman ay di makali. Ang wika ng barbero, lumayo ka aniya riyan at baka ka kagatin ng gunting. Nang marinig ng munti ito, ay siyang ayaw pagupit naman at baka raw siya ang kagatin ng gunting. Ano pa't nagkakangluluha ako sa panonood sa dalawang bata at nawiwika ko sa loob ko. Kung narine ba si Anita...

Ihalik mo ako sa kanila ni Sofia.

Marcelo

Madrid, 28 Abril 1891

Sofia:

Tinanggap ko ang sulat mong walang petsa. Nagpapasalamat ako sa Diyos at wala kayong sakit diyan.

Ikaw at si Anita ay parati kong napapanimdim; ako'y uhaw na uhaw na sa halik ng mga anak ko. Datapwa hindi na malaon at magkakikita tayo.

Salamat at marunong ka nang sumulat, magsanay ka at mabuti ang bukás ng iyong letra. Tuwing koreo ay ibig ko sanang makatanggap ng sulat mo. Ibalita mo sa tatay ang mga kasayahan mo, ang inyong mga laro, kaibigan, at iba pa. Ibalita mo rin ang matutuhan mong nábabago.

Pakamamahalin mo si Anita, ang sulat niya ay itinatago ko. Parati kong napapanaginip na kasiping ko si Anita, kaya't kung magising ako'y hinahanap-hanap ng loob ko. Tanggapin ninyo ni Anita ang bendisyon at halik ng inyong

Tatay.

Madrid, 29 Abril 1891

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong petsa 8 ng Marso, salamat sa Diyos at kayo'y malakas. Ako man dine ay gayon din.

Ibati mo ako sa mag-asawang Memang at Pepe, ako'y dumadamay sa lumbay nila sa pagkamatay ng pangatlong anak nila. Hindi ko nalalamang tatlo na pala ang anak nila. Si Teong? Malaki na marahil.

Si Pacita at Luis, salamat at pinagkalooban ng Diyos ng anak na buo.

Sa koreo Frances ay umuwi na si Kapitan Justo, nagdaan dine sa Madrid, kaya't nayakap ko bago pariyan ang kasabay ko sa pagparine. Ito'y layaw na layaw sa kaniyang pamilya na ang lahat ay inuutos, para ko rin. Ngayon, aniya, ay hindi na mahihirapan sa akin ang mga alila ko, sapagkat wala na akong iuutos kung di ang tunay na di ko makaya. Ang anak ko aniya, ay hindi ko palalakihin sa layaw. Nahirap aniyang totoo ang mulan ang pagsasanay kung matanda na. datapwa't napakalagpus naman ng pagsasanay ni Kapitan Justo, hanggang sa paggupit ba naman ng buhok ay siya ang gumugupit sa sarili, at hindi bumabayad ng barbero. Ito'y nagagawa niya, palibhasa'y kulot ang kaniyang buhok ay di nahahalata kung masama ang gupit.

Nariyan na marahil si Da. Micaela Navarro. Ang sulat sa akin niya sa Port Said ay lumulubha sa dagat ang anak niyang si Marina. Dumating kayang malakas diyan? Kahimanawari! Si Moises ni kumpareng Ambrosio, hindi ba dumadalaw sa iyo? Ito at si Da. Micaela ay may pangako sa aking dadalawin ka.

Naunawa ko ang sulat ni Anita. Mabuti na palang
susulat ang ineng ko. Huwag siyang maiinip at darating
na ako, uuwian ko siya ng laruan at kakanín.

Ihalik mo ako sa kanila ni Sofia at kumusta sa lahat.

Marcelo

Sofia:

Dinadamdam ko ang pagkahiwalay mo sa Nanay,
dahil sa hindi mo pag-aaral sa Bulacan.

Mag-aral ka sanang mabuti at nang huwag kang
mapalayo sa Nanay at kay Anita.

Parati ko kayong napapanimdim. Malapit na tayong magkita-kita,
kahihiingi ka ng awa sa Diyos, na magkita tayo agad na walang sakuna.

Inyong Ama

La Solidaridad
Revista Democratica
Atocha 43, Pral. Isquierda
Telefono Numero 983
Direccion

Madrid, 27 Mayo 1891

Tsanay,

Wala akong tinanggap na sulat mo sa koreo
Frances, nakaligtaan mo marahil.

Ako'y walang sakit na ano man. Tinubuan ako ng pigsa sa
liig sa dakong kaliwa, bago pang sumusungaw ay dinalas ko
ng purga ay hindi na nakuha ang lumaki. Sa katatapal ko ng
linasa ay natuyo. Pinahirapan din akong may tatlong araw.

Sa banta ko ay dinalaw ka na ni Da. Micaela, datapwa't ang balita
namin dine ay lumulubha at naghihingalo na si Marina. Kung gayon
ay ikaw na ang dumalaw sa mag-ina. Kahabag-habag naman.

Ihalik mo ako kay Sofia at Anita.

Marcelo

Madrid, 24 Hunyo 1891

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong petsa 17 at 18 ng Abril. Salamat at walang sakit ang mga bata. Dadagdagan mo sana ang pagtitiis at pagtawag sa Diyos dito sa pagkakalayo-layo natin. Hindi na malalaon at darating ang araw na magkikita tayo.

Talagang dapat maging malantungin si Anita, palibhasa'y bunso. Si Sofia'y magsanay na bumasa, sumulat, kumuwenta, at matuto ng mga gawaing babae. Si Sofia'y may talento, kaunting turo lamang at kaunting aral ay matututo. Papasukin mo kaya sa Ka Pina. Gawiin ninyong magbangon nang maaga, at nang di lumaking lampa. Kahit na dagdagan ang laro ay magkaroon lang araw-araw ng panahong ipag-aral at ipagsanay sa mga gawain. Kung di nga lamang sana araw-araw ay gayak ako sa pagbalik diyan ay mabuti pa ang nagkakapisan-pisan tayo rine.

Ihalik mo ako sa mga bata at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 8 Hulyo 1891

Tsanay,

Tumanggap ako ng isang sulat mong petsa ng Mayo, ang araw ay hindi ko matandaan at nawawaglit ngayon ang sulat mo.

Ako'y walang sakunang ano man. Hahihirapan lamang ako sa init dito. Ito'y mahigit sa init diyan.

Ang balita ko'y kapitan diyan sa atin ang Kumpareng Eugeniong sastre sa Tondo. Nang tanggapin ko ang balitang iyon na alaala ko ang ditse ni Titay noong kami ay munti pa.

Aba ko't si Filosena!

Ano ang dahilan бага at gayo'y naparito ka?

Nalimutan ko na ang sagot ni Filosena, ngunit hindi naman gayon ang maisasagot ni Kumpareng Eugenio.

Ikinalumbay ko nang malaki ang pagkamatay ni Da. Lucia. Ang ganda ng ugali't pakikisama ng matandang iyon ay mahal na totoo sa loob ko. Pagkabata ko na'y inari kong parang tunay na kamag-anak at magulang, kaya tuwi kong gugunitaing di ko na daratnan pag-uwi ay napapatak ang luha ko. Nasa langit nawa. Ibat mo ako sa Ka Oriong, Duro, Kandong, at Pirin.

Huwag kayong maiinip at mauuwi na ako.
Kahihingi kayo ng tulong sa Diyos.

Si Sofia ay magsanay sa gawa ng babae, mag-aral, at magbabangong maaga, huwag paabot sa sikat ng araw sa

banig, at nang huwag maging masasaktin. Sabihin mo kay Anitang parine siya't sunduin ang kaniyang tatay.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako sa mga bata.

Marcelo

Madrid, 22 Hulyo 1891

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong yari ng 31 ng Mayo at natanto ko ang nalalaman, gayon din ang sulat ni Sofia.

Tungkol sa takot mo sa kulog ay hindi ako huli, buhat niyong abutin kami nila Fortunato, Geronimo, at ni Apo sa kalooban. Dito'y walang malakas na kulog.

Totoong mainit dine ngayon, datapwa't natitiis ko pa, hindi para niyong nagdaang verano na halos magputok ang ulo ko sa pagkainis: ako'y walang kadamdam-damdam sa veranong ito. Kaya kaypala'y hindi na ako pasasaprobinsiya. Datapwa't kung paiinit pa ay hahanap din ako ng lamig.

Hindi ko malaman kung bakit nitong mga buwang ito'y tuwi kaming magkikita ni Dn. Miguel Morayta ay inuulit-ulit sa aking huwag akong magmadali ng pag-uwi ryan. Itinatanong ko kung bakit, ay maluwat na di sasagot at saka sasabihing malaki, aniya, ang magagawa mo rito sa ikagagaling ng iyong bayan, sa magagawa mo roon. Si Quiroga ay gayon din ang buwang-bibig sa akin. Saka ka na, anila, umuwi. Ibig ko sana'y magkita na tayo.

Samantala'y kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 5 Agosto 1891

Tsanay,

Dumating kahapon ang sulat sa akin diyan, wala akong tinanggap na sulat mo. Inakala kong sa lakas ng ulan ay hindi mo naipadala sa Ka Dato.

Ako'y hindi nagkakasakit awa ng P. Diyos. Mainit lamang totoo rito, minsan akong nawalan ng diwa sa init. Naaalaala ko tuloy ang Nanang Atang, na noong nabubuhay ay pagkuwan ay nahihiyaw na ang wika: “nawala ako, nawala ako.” Ito ang kung minsan ay nangyayari sa akin pag totoong masasal ang init. Kaya ako'y napipilitan ding patungo sa isang bayan sa dakong Norte.

Hahanap ako ng bayang múra ang pagkabuhay at nang di totoong malaki ang gastos. Mayroon na akong awtorisasyong kalahati lamang ang bayad ko sa perokaril, dahil sa pagka-direktor ng peryodiko.

Sabihin mo kay Anitang nalulungkot ang kanyang tatay at hindi niya sinulatan. Sabihin mong dine na siya sa tatay, dalawa na rin lamang sila ryan ni Sofia, samahan naman niya ako rine at ipagsulsi niya ako ng damit. Tingnan mo kung ano ang isasagot niyang malikot na iyan.

Agosto ngayon, ay panimdim ko na naman si Sofia. Ihalik mo ako sa kanilang dalawa.

Kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 17 Agosto 1891

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong petsa ng Hunyo at 13 ng Hulyo. Ako ma'y naghihinagpis nang malaki tuwi kong magugunita ang pangungulila sa akin ng mga bata, at ito'y araw-araw, oras-oras ay siya na lamang gumigiit sa isip ko. Tila mandin ang pangungulila ko ang lalong mapanglaw. Ngunit labis ang pag-asa ko sa awa ng Diyos. Pinapagtiis man tayo ngayon ay lalong malaking ligaya ang ating tatamuhin pagkikita natin. Si Valé ay hindi na malalaon diyan, sa hahalili ay hindi na lubhang malaki ang panganib marahil. Samantala ako'y umiilag sa panganib ay pinakikinabangan naman sana ako ng ating bayan. Ito man lamang ay sukat nating ipang-alIW sa ating pagkakalayo. Kung masunod na lamang sana itong magka-diputado tayo rIyan na sukat magmalasakit sa bayan ay hindi magkakagani-ganito ang buhay ng tagariyan na hindi makaasa sa sariling bait at kagandahang-loob. Ngunit katitiis tayo, talagang mahirap ang maglihi, mapapanganak din.

Kay Vicente Francisco na taga-Santa Cruz ay may padala akong dalawang kahitang laruan sa mga bata. Makatutulong na sa kanilang ligaya ang alaala nitong nalalayo nilang ama.

Mabuti't nag-aaral si Sofia, ang letra ay mahusay na. Huwag kang manganib sa sakit mong nerbiyos, kung gayong sindak lamang ang umaalis sa iyo. Ang paliligo sa dagat ay totoong mabuti. May nakita akong sa sakit na iyan ay parating naninigas, ay sa paligo sa dagat lamang ay gumaling. Ito na lamang. Ihalik mo ako kay Sofia at Anita.

Marcelo

Madrid, 17 Agosto 1891

Sofia:

Nasasayahan ako tuwi kong babasahin ang sulat mo. Mabuti't nag-aaral ka sa kay Maestrang Margarita. Sabihin mo sa maestra na nagpapakumusta sa kaniya ang tatay.

Tatanggapin ninyo rian ang dalawang kahitang laruan. Ang isa ay huwago ng kape, ang tasa ay maliliit, diyan magkukumbidahan si Anita at si Antonio. Para kong nakikini-kinita ang paghihigupan ng dalawa sa tasitang walang laman. Ang isang kahita ay “carrera de caballos”, kayong malalaki ay makapakipaglaro sa laruang iyan kung papayag ang mga poderosong maliliit. Hilahin mo lamang ang buton at saka mo bitawan ay iikit na nang iikit ang nagsisipangabayo. Paghinto, ang tumigil sa tabi ng bandera ang siyang panalo. Kayo nila Sofia de Leon at iba pang kaibigan ay magpupustahan muna bago paikitin ang nangangabayo.

Mag-aral kang mabuti ng heograpiya at padadalhan kita ng laruang ukol sa heograpiya.

Inaasahan kong nagpapakabait ka, at hindi binibigyan ng sama ng loob ang nanay. Gayon ang mabuting anak.

Ipagdasal mong palagi, na tayo'y agad magkikitang walang sakuna at nang mayakap naman kayo ni Anita ng inyong

Tatay.

Santander, 31 Agosto 1891

Tsanay,

Awa ng Diyos ay wala akong sakuna. Ang mga kakilala ko sa Santander ay nabaguhan nang ako'y makita ngayon. Ako raw ay tumaba.

Ang tinitirahan ko rito ay isang lumang bahay na bagaman liniitan ay nagpapakilala na niyong una ay isang kastilyo: nababakas pa ang dalawang tore at ang eskudo. Ito raw ang tinahanan niyong D. Juan Garay na ang kaniyang estatwa ay nasa simbahan ng bayang ito.

Mura ang pamumuhay rito at malamig ang panahon.

Ito'y isang bundok na malapit sa dagat. Dine ang tungo ng umaalis sa Madrid na di sagana sa salapi at walang hangad na magmarikit sa bakasyon, kung di ang makatagpo lamang ng lakas na sukat ilaban sa lamig ng invierno sa Madrid.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 30 Setyembre 1891

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong 27 Hulyo at 7 Agosto. Nagtataka ako ng di pagtanggap ninyo ng sulat. Wala akong pinasasala, at nang huwag nga kayong manimdim. Niyong koreong nagdaan lamang ako sumala, sapagkat nalimang ako sa bilang ng araw ay nang ako'y susulat na ay kulang na ng panahon sapagkat buhat sa bayang kinalalagyan ko noon, ay tatlong araw ang kailangang ipagpauna bago makarating sa siyudad ang koreo at buhat sa siyudad ay dalawang araw pa hanggang sa Madrid. Kaya palibhasa'y di ko talos ang oras ng pag-alis ng koreo sa bayang iyon, na umagang-umaga pala, nang magbangon ako ng araw na dapat kong ipagdadala ng sulat ay nakaalis na.

Mabuti kung nawiwili si Sofia sa eskuwela ni Maestrang Margarita. Mabutin naman ang may kagaya sa pag-aaral. Parati mo lamang dadalawin, at nang nakikilala mo ang hilig ng kaniyang kalooban. May mga bagay na hindi mapapansin ng maestra, ngunit di makawawala sa mata at pakiramdam ng isang ina. Nang maliit si Sofia ay malaki ang pag-iingat mo sa pakikipaglaro sa kapwa bata: ngayon ay sukat mo ring pagkaingatan.

Nariyan na sa banta ko ang laruang padala ko kay Anita.

Ihalik mo ako sa kanila ni Sofia at kumusta sa lahat, sampu kay Maestra Margarita. Susulatan ko rin siya.

Marcelo

Madrid, 30 Setyembre 1891

Sofia,

Tinanggap ko ang sulat mo petsa 27 ng Hulyo. Salamat at di kayo nagkakasakit. Ako man naman ay magaling awa ng Diyos. Ang sabi ng mga kakilala ko ay tumaba raw ako.

Ako'y napasa probinsiya ng Santander, Bilbao, at Burgos. Totoong malamig sa mga lupang yaon. Sa Bilbao, ang mga bahay ay sakdal ng lilinis, hindi paris ng ibang bayan sa España.

Sa Reynosa, probinsiya ng Santander, ay doroon ako nang perya roon. Diyan maraming ipinagbibiling ganado: kabayo, baka, tupa. May isang pook na kasinlaki ng kampo ng Bagumbayan sa Maynila o malaki pa sa roon, ay punong-puno ng kabayong ipinagbibili. Sa isang kaparangan naman ay naroon ang libo-libong baka at nakapulutong naman sa isang dako ang mga tupa na may sari-saring kulay.

Ikinatutuwa ko ang balitang nag-aaral ka raw mabuti at nasasarapan mo naman ang mag-aral. Salamat sa Diyos, kahihiingi ka ng awa na pagkalooban kang matuto.

Hindi na malalaon at uuwi na ako. Ako ma'y inip ng di pagkayakap sa inyong magkapatid.

Huwag ka sanang sasala ng pagsulat sa akin tuwing koreo.

Sabihin mo sa maestra na maraming kumusta, sa koreong susunod ay susulatan ko siya.

Tanggapin ninyo ni Anita ang bendisyon at halik ng inyong ama.

Marcelo

Rubio, 13, Pral. Madrid
Madrid, 14 Oktubre 1891

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong petsa 24 ng Agosto, salamat at wala kayong sakuna riyan, ako man naman ay gayon din.

Ako'y natatawa ng sagot sa iyo ni Anita, na kaya ayaw niya akong sunduin ay baka lalong di ako mauwi at wiwikain kong narine na rin lamang ang ineng ko. Ang palagay nga pala niya ay makaparirine siyang mag-isa, hindi na naalaala ang alon sa dagat. Sabihin mong parine siya't apurahin niya ang kaniyang tatay, di noon ay mauuwian niya ng ama si Sofia.

Kung ano ang lagay ng bagong heneral ay pipilitin kong makauwi na riyan at nang tayo'y magkita-kita na.

Dadalaw ka sanang parati kay Sofia. Ipakiusap mo kay Maestra Margarita, sa ngalan ko, na pagpapasensiyahan na niya ang batang iyan. Ariin sana niyang parang anak o kapatid, at asahan niyang makagaganti rin tayo.

Kumusta sa lahat, ibati mo ako kay Maestra Margarita, at ihalik mo ako kay Sofia't kay Anita.

Marcelo

Madrid, 28 Oktubre 1891

Tsanay,

Walang koreong dumarating hanggang ngayon,
kaya wala akong sinasagot na sulat mo.

Awa ng Diyos ay di ako nagkakasakit, kahimanawari ay gayon din kayo.

Nagmumula na ang lamig ng invierno, nalalaglag na ang mga dahon ng kahoy, kaya't kailangan na ngayon dineng magbalot ng makapal. Ako'y lumalabas pa nang kaunti, hindi pa ako nagsusuot ng damit-invierno, at nang kung sumasal ang lamig ay kaunting balot lamang ay makasiya na. Paglakad ko sa daan ay tangan ko lamang ang guwantes at hanggang matatagalan ko ay hindi ko isinusuot. Pag nalamigan ako dahil sa di-pagbabalabal, ay tinutulinan ko na lamang ang lakad ko at nang mag-init ang aking katawan. Datapuwa di na magluluwat at hahanguin ko rin sa baul ang makapal na damit.

Parati mong dalawin si Sofia, idadalaw mo naman si Anita, baka magaya ang ineng ko sa pag-aaral.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kina Sofia at Anita.

Marcelo

Madrid, 11 Nobyembre 1891

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat ninyo ni Sofia petsa 19 ng buwang nagdaan. Mabuti't wala kayong sakit, ako man nama'y gayon din.

Sasabihin mo kay Anitang hindi siya maduduro ng karayom at ibibili ko siya ng dedal na maliit; kung ibig niya'y lahat ng daliri ay lalagyan ko ng dedal.

Yamang inaalas mo na si Sofia sa maestra, ay papagsanayin mong sumulat, manahi, magkuwenta, at magluto. Sabihin mo sa kanyang pag-uwi ko ay siya na lamang ang gagawin kong eskribiyente, at nang mapakaniya ang isusuweldo ko sa iba.

Sa banta ko'y darating ako riyan bago magtag-ulan. Tila ang mabuti ay sa Maynila na tayo magtira kung sakali at nang matahimik ang buhay ko. Sa probinsiya ay panganib na totoo. Malalaman mo sa Ka Dato ang pag-uwi ko.

Kumusta sa lahat, huwag kayong maiinip. Samantala'y tanggapin ang yakap ko ninyong mag-iina.

Marcelo

Madrid, 25 Nobyembre 1891

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mo petsa 13 ng Oktubre. Salamat at wala kayong sakit diyan: ako man naman ay malakas din.

Kung matanda man si Binang ay bao naman si Ramon, kaya hindi kataka-takang magkahulihan ng loob. Salamat at mapapanatag na sila kapwa. Si Ramon ay madalas kong maalaala, na walang sukat makapag-alaga ay pihikang totoo ang batang iyan. Kahimanawari ay magsama silang mahinusay ni Binang at mabuhay nang mahabang panahon.

Kahapong ako'y pasasa-Ateneo ay nakaraan ako sa isang asera ng isang batang babaeng maliit na pinagtutuksuhan ng ilang kutserong doroon. Ang bata ay papasyal-pasyal at galit na nanlalaban, kung ano-ano ang lumabas sa bibig ng bata. Natigil ako't nagugunita ko si Anita: ganito, anakin, ngayon ang anak ko pag tinutukso nila Ignacio.

Sasabihin mo kay Sofiang tinanggap ko ang sulat niya. Magpapakabait sana siya at kahihingi ng awa sa Diyos na agad tayong magkikitang may búhay at lakas.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 9 Disyembre 1891

Tsanay,

Ikinalulumbay ko ang balita ni Sofia na ikaw ay nahigang labindalawang araw. Bagaman ikinatatahimik ko ang sabi ni Ineng na magaling ka nang awa ng Diyos, ay hindi ko mapigil ang manimdim, sapagkat hindi sinasabi ang naging sakit mo. Anong pagkahirap-hirap nito, Diyos at Panginoon ko! Datapwa't ano ang gagawin! ... Huwag kang mainip at malapit na tayong magkita. Gayon din ang sabi sa akin D. Miguel Morayta. Panganib ka – aniya – ngayon doon; ngunit huwag kang mainip at malapit mo nang makita ang asawa mo't mga anak.

May isang taga-Tundo na umuwi riyan, ay tatlong araw raw lamang siya at nagbalik dine. Nasa Barcelona, ang sulat nila Tiago ay hindi pa raw nila makausap at di pa makapangusap sa takot.

Ako, sa ganang akin, kahit anong panganib ang sasalungahin diyan ay ibig ko nang umuwi. Tuwing sisikat ang araw, ay hindi ko na ibig mabukasan pa rine. Ngunit ang alaala ng nakatataho ng lakad diyan ay maraming mararamay.

Sa awa at tulong ng Diyos ay hindi ako nagkakasakit: kayo naman sana riyan ay gayon din.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Sofia:

Natanto ko ang sulat mo petsa 29 ng Oktubre. Hindi mo sinabi ang naging sakit ng Nanay, ay naninimdim ako, baka hindi pa magaling na para ng sabi mo.

Mag-iingat sana kayo riyan at nang datnan ko kayong malakas. Malapit na akong mauwi.

Tanggapin ninyo ni Anita ang bendisyon at halik ng inyong ama.

Marcelo

Madrid, 23 Disyembre 1891

Tsanay,

Awa ng Diyos ay hindi ako nagkakasakit. Kahimanawari ay pagkalooban kayo ng Diyos ng magandang Pasko.

Ang koreo ay dapat dumating sa Barcelona niyong a-21. Hanggang ngayon ay wala pang balita. Nagsasamâ ang panahon ay baka pa kaya kung napaano na ang sasakyang maydala kay Weyler.

Salamat at nakasal na si Binang at si Ramon; kahimanawari ay lumawig at lumago ang kanilang pagsasama.

Dalawang araw na akong hindi napasasa-Ateneo at ako'y napapagkasaktan. Ang kasambahay kong si Don Eduardo Lete ay sinasasal ng sakit ng tiyan magdamag at maghaponing walang lubay. Ang sabi ng iba'y reyuma. Sa kasasalan ng sakit na di maampat-ampat ng mga mediko, nawika ni Lete: "Ay! buntis na yata ako."

Ang maysakit na ito'y minsan kaming patawanin, bagaman naghihirap. Kaawaan nawa ng Diyos na gumaling.

Ito ang aming Pasko ni Lete at ni Naning.

Ipagpasko mo ako sa ating mga kamag-anak at kaibigan, at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 3 Pebrero 1892

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mo gayon din ang kay Sofia at sa Ka Dato. Ginagalis ka raw, ito'y nakayayamot kung sa bagay ngunit nakabubuti naman sapakat lumalabas ang maraming sakit.

Sa banta ko'y magaling ka na pagdating ko rian, na hindi malalaon. Kung pinadalhan ako ng pasahe niyong ako'y humingi, ay hindi na sana sulat ang tatanggapin mo ngayon. Ako na sana ang dumating diyan.

Si Kapitan Yanco ay kakilala ko nga. Malayo ang kanyang bahay, kaya't bihira kaming magkita. Ang asawa niya ay tila mandin anak ng naging kura ng kaka sa Santa Ana.

Niyong Sabado ng gabi ng Enero, ay nakita ko si Kapitan Yanco sa Teatro Martin, niyong gawing ang miting ng Asociacion Hispano-Filipino, datapwa't di kami nagkausap, sapagkat natamaan ko lamang ng mata nang ako'y dumidiskurso sa escenario [entablado], siya naman ay nasa luneta [sa likod ng orkestra].

Punong-puno ang teatro noon, at mga mahal na tao ang nakinig. Inilathala namin doon ang nangyari sa Calamba.

Maraming aginaldo pala ang nakuha ni Anita niyong Pasko. Sabihin mong padalhan niya ako nang mabaon ko sa pag-uwi.

Ang sulat ni Sofia ay tila hindi niya letra? May sakit ba?

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako sa mga bata.

Marcelo

Madrid, 17 Pebrero 1892

Tsanay,

Natanto ko sa sulat ni Sofia na sinasasal ka ng galis kaya di ka makasulat. Salamat kung gayon na lamang ang sakuna natin. Ang galis ay nagtatapon ng maraming sakit.

Ako'y hindi nagkakasakit, awa ng Diyos. Datapwa't araw-gabi ay hinihintay kong dumating ang babaunin ko sa pagbalik diyan.

Ipakiusap mo sana sa mga Ka Dato at kina Vicente na huwag nila akong pabayaang dine sa aking pagkapalaot. Ako'y makagaganti rin sa mga kawanggawang tinatanggap ko sa kanila. Gabi-gabi ay napapanaginip ko na nag-aagawan sa kandungan ko si Sofia at si Anita. Iyan na lamang ang ligaya ko, ngunit agad napapawi pagkagising ko.

Ihalik mo sana ako sa kanilang dalawa, at kumusta sa lahat.

Marcelo

Sofia,

Tinanggap ko ang sulat mo, salamat at walang sakuna kayo riyan, ako man naman ay gayon din.

Gabi-gabi ay napapanaginip ko kayo ni Anita.

Kung minsan ay napapanaginip kong galit na galit si Anita at inaagawan mo ng pagkandong sa tatay. Kung minsan naman ay tayo raw tatlo'y nakararating hanggang Sibjo, na nakaupo

sa balikat ko si Anita, at pag sinabi mong bumaba na at ikaw naman ang papasanin ay nagagalit at malaki ka raw. Ano pa't tuwi akong matutulog ay ligaya ko na ang managinip.

Magpapakabait sana kayo ni Anita at tanggapin ninyo ang bendisyon ng

Tatay.

Madrid, 2 Marso 1892

Tsanay,

Nang koreong sinusundan nito ay hindi ka tumanggap ng sulat ko, sapagkat naiwan ni Naning sa karpeta ang kalakip nito. Si Naning ang nagsasara ng lahat ng sulat ay nakaligtaang di na ipakisama ang kalakip nito. Nang mapansin ko'y nang ako'y dumating sa bahay buhat sa Kongreso, gabi na, nakaalis na ang koreo.

Ngayo'y wala akong idadagdag kung di ang di ako nagkakasakit awa ng Diyos.

Hindi ako tumanggap ng sulat mo sa koreong ito, si Sofia man ay nakalimot na sa kanyang tatay. Salamat at ayon sa ulat ng Ka Dato, ay liban sa galis mo'y wala kayong sakit diyan. Datapwa't wala akong balita tungkol kay Anita, ay inasam-asam ko ang balitang ito tuwing darating ang koreo.

Ipakiusap mo sana sa mga Ka Dato at kina Vicente na ako'y gawan nila ng magaling na makauwi na. Totoong balisa na ako.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 17 Marso 1892

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong petsa 23 ng Disyembre, marahil ay Enero.

Salamat sa sabi mong ako'y umuwi na kung walang panganib diyan; sa banta ko'y maluwag na ngayon diyan, yamang mahusay ang palakad ng bagong heneral.

Ngayon ang kailangan ko ay salapi na lamang upang makabalik, kaya ihingi mo sana ako ng tulong sa kanila ryan.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Sofia,

Tinanggap ko ang sulat mo at ikinatutuwa ko ang balita mong pigsa lamang ang naging sakit ng nanay.

Sabihin mo sa Tiya Titay at sa Tiya Yayang na ako'y tulungan nilang makabalik diyan.

Kung may babaunin lamang ako ay nariyan na sana ako ngayon.

Sabihin mo kay Anita na naririnig ng tatay ang tawag niya, hindi lamang makalapit sa kaniya at napapagitna sa dagat.

Tanggapin ninyo ni Anita ang bendisyon at halik ng inyong

Tatay.

Madrid, 30 Marso 1892

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mo at ang kay Sofia. Mabuti at wala kayong sakit.

Nakita ko si Yanco, at hindi raw siya sumusulat sa kaniyang kapatid at hindi niya malaman kung saan niya susulatan.

Ako'y inip na inip na nang di natin pagkikita. Kaya sa may panganib at wala riyang ay ibig ko nang umuwi. Sa banta ko naman ay di na lubhang panganib.

Kaya lakarin sana ninyo riyang ako'y mapadalhan dine ng magasta sa pag-uwi.

Ikatat na taon na itong lumalakad ng pagmamalasakit ko sa ating bayan: panahon na namang makita ang aking mga anak.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at Anita.

Marcelo

Sofia,

Natanggap ko ang sulat mo at ikinatutuwa ko ang balita mong masaya kayo niyong Pasko.

Mabuti at si Ineng ay malakas at parating naaalaala ang tatay. Sabihin mong darating na.

Inuulit ko ang bilin ko sa iyo na ipakiusap mo sa Tiya Yayang
at sa Tiya Titay, na gawan nila ng magaling ang tatay, na
mapadalhan ng baon at nang makauwi na riyan.

Tanggapin ninyo ni Anita ang bendisyon at
halik ng inyong mapag mahal na

Tatay.

Madrid, 14 Abril 1892

Tsanay,

Wala akong tinanggap na sulat mo sa koreong dumating.
Ito'y ikinalulumbay ko. Mabuti't ang sabi ng Ka Dato
ay wala raw kayong sakuna awa ng Diyos.

Huwag sanang di ako padalhan ng baon sa pag-uwi rian.
Sabihin mo kay Vicente na mangyrari lamang na ako'y
pagtulong-tulungan na nilang makabalik diyan.

Ang bagong heneral diyan ay sinisiraan na ng mga puti rian. Doon
pa naman ilinagay ang kanilang panira sa peryodikong *La Epoca*.
Ito'y peryodiko ng mga konserbador na kakampi ng heneral na
iyan. Datapwa't walang tumulong na isa man lamang sa maraming
peryodikong konserbador. Ang nagsisagot sa *Epoca* ay ang peryodikong
liberal: ang *El Correo* (kay Sagasta), *El Pais* (kay Ruiz Zorrila,
republikano), ang *Liberal* (walang panginoon). Ito ang nangagmalasakit
sa heneral na iyan. Ang puri ng kaaway ay siyang lalong malaking
kapurihan, kaya sa ginawa ng fraile ay lalong pinalaki si Despujol.

Ito'y nagbibigay-lakas sa amin, sapagkat pati ng mga kasapi ng mga
puti ay napagsasabihan naming diyan ay makikita nilang ang kalaban
ng kanilang mga pari ay hindi ang tao kung di ang katwiran.

Ang peryodiko ni P. Font (*La Política de España en Filipinas*) ay siyang
nagpuri nang nagpuri kay Heneral Despujol bago umalis dine.
Ngayo'y hindi makakibo, ibig pumintas ay hindi makapintas.

Sa isang sulat ni Blumentritt ay ipinagbibilin sa aking padalhan
natin silang mag-asawa ng retrato ninyo nila Sofia at Anita.

Totoong inip na ako ng di natin pagkikita. Ibig ko nang makandong si Anita. Ihalik mo sana ako sa kanila ni Sofia.

Marcelo

Madrid, 11 Mayo 1892

Tsanay,

Ayon sa sulat ni Sofia ay masakit daw ang mata mo kaya di ka nakasulat sa akin. Tanggapin mo nawa itong walang sakuna ang sino man sa inyo. Ako'y malakas awa ng Diyos.

Ikinalulumbay ko ang balita ni Sofia na namatay ang Ka Oriong. Anong dami na nang iniwan kong di ko daratnan. Ang Kumareng Esperanza, ang Ka Leoncia, ang Ka Oriong at iba't iba pa ay hahanapin ng loob ko pagdating diyan. Wala na akong nais kung di ang magkikita na tayo. Hindi na sasala sa taong ito, sapagkat pangako ng Ka Dato na ako'y padadalhan ng mababaon sa pagbalik.

Ihalik mo ako kay Anita, sasagutin ko si Sofia.

Marcelo

Sofia:

Tinanggap ko ang sulat mong yari sa Tondo noong ika-4 ng Abril. Salamat at wala kayong sakuna riyan.

Tanging sa tagubilin kong magsisikap sa pag-aaral, ay papag-aralin mo na si Anita. Ibili mo ng kartilyang kaparis niyong ibinigay ko sa iyo niyong munti ka, at gawan mo ng paraang sa paglaro-laro ay makakilala ng letra at matutong bumasa. Huwag mong piliting mag-aral, kung di tatakaw-takawin mo lamang sa larong bumasa.

Mamahalin mo sana Ineng si Anita: wala na siyang kapatid kung di ikaw, huwag mo sanang pababayaang.

Hindi mo ako sinasagot tungkol sa lihim kong sabihin sa Tiya Yayang at sa Tiya Titay. Kaya ipinaalaala ko sa iyo at nang tayo'y magkikita na.

Tanggapin ninyo ni Anita ang halik at bendisyon ng

Tatay.

Madrid, 8 Hunyo 1892

Tsanay,

Sa koreong dumating niyong a-5 nito ay wala na naman akong tinanggap na sulat mo. Ano kaya бага ang nangyayari sa iyo, Diyos ko!

Ako'y malakas awa ng Diyos. Ilang araw na akong dinadaan ng isang lumbay na hindi ko mawatasan. Baka kaya, anakin may disgrasyang nangyayari sa akin.

Gawan sana ninyo ako ng magaling na makabalik na at nang di ako parating naninimdim.

Ihalik mo ako araw-araw at oras-oras kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Sofia,

Tinanggap ko ang sulat mo. Salamat at sinabi mo na sa Tiya Yayang at Tiya Titay ang bilin ko.

Huwag mo sanang pababayaan, uulitin mong parati. Sabihin mong sa kanila lamang ako umaasa upang ako'y makabalik na.

Si Anita ay ibili mo ng kartilyang laruan, at sa palaro-laro ay turuan mong makakilala ng letra at makabasa. Gawin mo sa kanya ang ginawa ko sa iyo.

Adiyos, anak ko. Tanggapin ninyo ni Anita ang halik at bendisyon ng

Tatay.

Madrid, 17 Agosto 1892

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong petsa 10 ng Hulyo. Ang sinasabi mong huwag kong parisan, ay katakot-takot nga naman. Ang taong iyan ay wala nang mabubuo ay pawang linalansag ang unti-unting itinatayo ng iba. Hindi iyon ang kaniyang nais, ngunit sa kapusukan ng kaniyang palakad, ay walang tinutungo kung di ang mapanganyaya. Kung ang ikapapanganyaya ko'y ikagagaling ng marami, ay hindi ko iindahin. Datapwa, kung hindi rin lamang, bagkus ikapanganyaya pa ng marami, ay sayang na totoo. Ang nangyari sa Kalamba ay ipinagpauna ko na ng naririyang pa ako, kaya iniilagan ko sana ang makialam sa panukalang iyon, ano ang nasapit? Napahamak ang marami nang walang kapararakan. Iyan din sana ang nangyari sa probinsiya ng Bulacan kung ako'y hindi sumalansang sa udyok ng ilang taga-Guiguinto. Sa palakad ng mga taga-Malolos ay nagngitngit din ang puti; datapwa't walang napahamak.

Malaking kagipitan ang nangyari sa akin sa di mo pagkapadala ng tsokolateng sinasabi mo. Sa pautang-utang na lamang ang ikinabubuhay ko, at sa di ko pagkatanggap ng salapi sa koreong ito ay nadagdagan ang aking pagdaralita. Lalakaran sana ninyo ng Ka Teang, Ka Yayang, at ni Titay na ako'y kaawaang sagipin sa pagkapalaot na ito.

Ang sinabi ng Ka Dato ay padadalhan ako ng baon sa pag-uwi, kailanma't hihingin ko. Hingi na ako nang hingi ay wala akong tinatanggap kung di matatamis na salita. Si Vicente ay gayon din. Anhin ko pa sana kung kaila sa kanilang ako'y pinamimitawanan na ng lahat, hindi naman. Nakikita nila't ako'y pinababayaan na ng marami. Ako ang natataya sa kahihiyang rine, ang kakanin ko lamang ay dinidilihensiya ko araw-araw. Nakarating na ako sa mamulot ng

beha ng sigarilyo makahitit lamang. Hindi ko hinahanap na ako'y pagyamanin nila rine. Ang hiling ko lamang ay tulungan nila akong makauwi ryan at nang ako'y makapaghanapbuhay. Dine ay walang paghahanap na masusuotan, liban na sa pumasok na alila. Datapwa't matanda na ako kung ngayon ko sisimulan ang pagpapaalila.

Kaya nga ang Ka Teang, Ka Yayang, si Titay, at ikaw ay huwag sana ninyong kalibangan ang bagay na ito. May kalabuan ang tayô ko rine. Pagsakitin na sana ninyong ako'y mauwi. Ipadala ninyo sa telegrapo ang babaunin ko.

Sabihin ninyo sa Ka Dato, kay Vicente, kay Luis, sa Amba Ato, Ka Venancio, Amba Juan Gatmaitan na ako'y sagipin lamang sa pagkapalaot ko. Huwag nilang panghinayangan ang iaabuloy sa akin at magaganti ko rin. Pagsabihan mo si Cayetano sa Calumpit.

Ihalik mo ako kina Sofia at Anita.

Marcelo

Madrid, 14 Setyembre 1892

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat ninyo ni Sofia petsa 8 ng Hunyo. Salamat at wala kayong sakuna.

Huwag mong panimdimin ang pag-uwi ko rian. Nakita mo na ang ginawa kay Mama, idinestiyero lamang. Kung ako ma'y idedestiyero, may malaking destiyero pa ba namang para nitong pagkalayo ko? Dine ay malaki ang salaping kailangan ko. Kung diyan na lamang ako idedestiyero, ay sukat na sa akin ang \$25, tangi sa malapit pang makapaghanap ako sa destiyerohan diyan. Bukod sa roon ay pagkaraan ng ilang panahon ay makababalik na akong tahimik, para ng pagkabalik ng Kumpareng Pedro, ni Fidel, at iba pa.

Kaya sangguniin mo ang Ka Teang, ang Ka Yayang, at si Titay, lakarin ninyong mapadalhan ako ng mabaon sa pagbalik diyan. Isanla na kaya muna ang palaisdaan sa Balwarte, saka ko na tutubusin.

Huwag sana ninyong kalibangan. Ako'y pinamitiwanan na ng nagsisitulong sa akin, ay wala akong tinutungo rine kung di mamatay ng gutom. Ah! Hindi ninyo talos, kung paano ang sumala sa oras.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Sofia:

Tinanggap ko ang sulat mo ang petsa ay ganito: 6-8-92.
Hindi ko malaman kung iyan 6 ng Agosto o 8 ng Hunyo,

sinasapantaha ko lamang na 8 ng Hunyo. Ang mabuti, Ineng, ay liliwanagan mo ang petsa: ang araw ay guarismo at ang buwan ay letra: lalo na kung susulat ka sa matanda sa iyo.

Sa bilin ni Anitang ako'y umuwi na ay sabihin mong ako'y walang mabaon. Sabihin niya sa kanyang iniina na ako'y padalhan ng mabaon at nang ako lamang ay makabalik na.

Ikaw man naman sana'y ulit-ulitin mo sa kanila at nang huwag malimutan.

Nalimutan kong di nasabi sa nanay, dalawin ninyo sa ngalan ko ang Tiya Vinay. Sabihin ni Anita na ang tatay ay dumadamay sa dalamhati nilang mag-ina sa pagkamatay ng Tiyo Tacio.

Ang Ka Eugenia ay huwag mong tatawaging Ka Jueña, at baka magalit. Niyong nariyan pa si D. Liberato ay ayaw siyang patatawag ng Jueña: si D. Liberato'y tinatawag siya ng Tenang.

Magpapakabait ka sana. Gabi-gabi ay magdadasal ka ng isang Ama Namin patungkol sa ikadadali ng pagkikita natin. Asahan mong pakikingan ka ng Diyos kung taimtim sa loob mo ang pagdalangin.

Tanggapin ninyo ni Ineng ang bendisyon at halik ng

Tatay.

Madrid, 9 Nobyembre 1892

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong petsa 19 ng Oktubre. Ikinaaaliw ko ang balitang wala kayong sakuna. Ako'y gayon din.

Sa Hongkong ay hindi ako makatitira at hindi ako makapaghahanap doon.

Huwag ninyong panimdimin ang ako'y idedestiyero. Saan man ako idestiyero ay hindi lalapas sa nasasakop ng sangkapuluang Filipinas. Saan mang bayan diyan ako ilagay ay makapaghahanap ako, makita mo't si Toniong ay mapapaanyo sa pinagdestiyerohan sa kanya.

Lalong malayo ang kinalalagyan ko ngayon, at hindi pa ako makapaghanap. Matitiis ko sana ang lahat na ito alang-alang sa pagsisilbi sa mga kababayan, ngunit ngayong pinamimitiwanan na ako ng marami sa dating tumutulong ay dapat ko namang ikahiya ang kalagayan ko.

Kaya pagtulong-tulungan na sana ninyo ang ako'y pabaunan sa pag-uwi. Kahit anong hira ang datnin ko rian ay matamis makalilibo sa kalagayan ko ngayon.

Kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 9 Nobyembre 1892

Sofia:

Tinanggap ko ang sulat mo na ang petsa ay 1-10-92. Inuulit ko ang bilin ko sa iyo, huwag ganyan ang paglalagay ng petsa, kung di ganito 1^o Oktubre 1892. Iyang ginagawa mo ay mabuti lamang kung ang sulat ay diyan sa loob ng bayang Bulakan o sa bayan bagang kinalalagyan mo naroon ang sinusulatan mo. Inaasahan kong tatandaan mo itong sabi ng Tatay.

Sabihin mo kay Anitang siya nga ay bunso, dapat siyang mahalin ng nanay at ng kaniyang kapatid. Datapwa't ang ibig ng tatay ay igagalang niya ang panganay niyang kapatid. Huwag niyang tatabigin. Kakandungin mo naman sana siya at palagi mong hahagkan sa ngalan ng tatay, at nang mawili sa iyo.

Magparetrato sana kayo uli at padalhan ako rine.

Balitaan mo sana ako tungkol kina Dodong, Elvira, Manang at iba pa.

Tanggapin ninyo ni Anita ang halik at bendisyon ng

Tatay.

La Solidaridad
Redaccion y Administracion
Rubio 13, Pral., Madrid

24 Nobyembre 1892

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mo petsa 16 ng Oktubre, salamat at wala kayong sakit. Ako man dine ay gayon din awa ng Diyos.

Tinanggap ko ang limangpu't limang piso at dalawang sentimo na padala ng mga kamag-anakan, sabihin mo sa kanilang ako'y nagpapasalamat. Isulat mo sana sa akin kung sino-sino ang nagsisiambag sa pag-abuloy sa akin.

Sa padalang ito ay unti-unti akong nakababayad sa mga utang ko. Inuna kong tinubos ang mga alahas ni Naning at ni Raymundo Andres. Ang damit ni Naning at damit ko ay nasasangla pa. Ang salaping utang ko kay Naning ay hindi pa nababayaran at pinagbayaran ko muna ang utang sa imprenta, papel, at iba't iba pa.

Mabuti ang sagot ni Luis sa kura. Mabuti siyang sumayaw. Kaaaa-awa naman si Toniong. Dalawin mo si Pelang sa ngalan ko.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita, tuloy kumusta sa lahat.

Marcelo

Sofia,

Tinanggap ko ang sulat mo petsa 16-10-92. Baguhin mo sana ang paglalagay ng petsa. Iya'y kung ang susulatan mo'y nariyan din at ka para bata mo.

Salamat at wala kayong sakit, ako man ay gayon din. Ikinalulumbay ko lamang ang hindi natin pagkikita.

Sabihin mo kay Anita na ganito ang sagot sa kaniyang sulat.

Ineng: natanggap ko ang pinakamamahal kong sulat mo at nabalitaan ko ang nalalaman. – Mabuti't nag-aaral ka na. Natutuwa ang tatay ng balitang iyan. Marami na pala ang nalalaman ng aking ineng. May labing-isang talata na pala. Dagdagan mo pa at nang lalong ikatuwa ng tatay. – Paturo ka kay Sofia.

Tanggapin ninyong magkapatid ang halik at bendisyon ng

Tatay.

Madrid, 7 Disyembre 1892

Tsanay,

Wala akong tinanggap na sulat ninyo ni Sofia sa koreong dumating dine niyong ikaapat ng buwang ito. Ang sabi ng Ka Dato ay ginagalis daw kayong lahat pati ni Anita. Hindi raw sakit ang galis kung di ang tagapagtapon ng sakit: kahimanawari ay maitapon ninyong lahat ang inyong sakit.

Ang napapanimdim ko'y ang pagpeperhuwisyo ni Anita dahil sa galis. Magsipaligo kayo sa dagat at nang huwag maglaon ang galis.

Ako'y walang sakuna rine, datapwa't inip na ako ng di natin pagkikita.

Pagsanggunian sana ninyo rian ang pagbalik ko. Kung dahil lamang sa deportasyon, ay hindi dapat katakutan.

Ang balak ko'y ganito: kung dumating diyan at hindi ako idestiyero ay diyan na ako maghahanap. Kung idestiyero naman ako ay doon na ako maghahanap sa destiyerohan. Kung ano ang lagay roon ay sasakitin kong doon na tayo magsasama, sapagkat diyan sa ating bayan at saan mang bayan ilagay ang nakakapapel ay makakikita.

Si Toniong ay inaasahan kong mapapaanyo sa pinagtabuyan sa kaniya.

Ako'y nagpapasalamat nang walang hanggang pasasalamat sa mga kamag-anakang tumulong sa akin. Sabihin mo sana sa akin kung sino-sino. Yayamang inaabuluyan nila ako sa pagkalayong ito, ay lubusin na sana nila ang kanilang habag. Pautangin ako ng mabáon sa pag-uwi, at diyan ko na babayaran. Harap na sa pagtanda, hanggang may natitira pa akong kaunting lakas, ay huwag

sana nilang pabayaang masayang. Kung pagtanda ko pa saka ako
abuluyang makabalik diyan, ay malaon bago ako makabayad.

Tsanay, asikasuhin sana ninyo ito ng mga Ka
Teang, Ka Yayang, at ni Titay.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 4 Enero 1893

Tsanay,

Nang ika-31 ng buwang nagdaan ay dumating ang koreo Frances. Wala akong tinanggap na sulat ninyo ni Sofia, dahil sa banta ko sa pista ng bayan. Inaasahan kong sa darating na koreo ay tatanggap ako ng sulat ninyo at babalitaan ako ng inyong kasayahan.

Awa ng Diyos ay wala akong sakuna. Niyong koreong nagdaan ay hindi ko nakuha ang sumulat sa iyo at rineyuma ako sa brasong kanan. Di naman nalaon at naparam.

Ako sana ay makikihamok sa isang oposisyon na ang makapapasok lamang ay abogado. Ang pinag-oposisyonan ay isang destinong ang suweldo ay limangpung piso. Datapwa't iniurong ng bagong gobyerno ang oposisyon at kasalukuyang nagbabawas ng gastos. Gayon man ay baka magkaroon ng panibagong convocatoria ay ipadala mo sana ang aking partida de bautismo, sabihin mo kay Luis na palegalisahan.

Isangguni kay Dn. Ambrosio, baka may paraang magagawa riyan na makapagtatag ng espediente na ang sinasabing Marcelo Hilario sa partida ay iyan din ang abogadong nagngangalang Marcelo H. del Pilar.

Isa sa mga paraang napagkukuro ko ay ito: lakarin ang alinman sa mga kapatid ko na maitatag na yaong sinasabing Julian Hilario del Pilar ay nag-asawa kay Da. Blasa Gatmaitan. Tingnan ang kanilang partida de casamiento kung Julian Hilario ang nakalagay.

Sa pagpasok sa mga oposisyon ay kailangang mapaliwanagan ito. Ako'y nagbibigay ng magandang Pasko sa lahat nating kapatid at kamag-anakan: ihalik mo ako sa dalawang bata.

Marcelo

Madrid, 18 Enero 1893

Tsanay,

Dumating niyong a-15 ang koreo ay wala akong tinanggap na sulat mo. Si Sofia man ay hindi na sumulat sa kaniyang tatay.

Salamat na lamang at ayon sa balita ng Ka Dato ay wala kayong sakuna. Ako man ay hindi nagkakasakit. Rineyuma ako sa brasong kanan, ngunit ngayon ay magaling na. Masasal na totoo ang lamig dine. Marami ang nahuhuli ng pulmonya, bihira ang lumiligtas.

Sabihin mo sana sa akin kung sino-sino ang kamag-anak nating pinagkakautangan ko ng loob.

Ilan nang buwang lumalakad akong magkaroon ng hanapbuhay dine at nang hindi ako makabigat sa ating kamag-anakan ay totoong mahirap. Ang sulat mong akalain ay isang nag-gobernador diyan ay nakita ko rineng portero. Hindi ko naman ibig humingi ng empleyo sa gobyerno, sapagkat mapuputol ang kilos ko. Kaya ang mabuti ay mauwi na ako riyan. Kung ako'y idestiyero ay doon na tayo magsasama sa pagdedestierohan sa akin, at doon ay makapaghanap ako. Dine ay hindi ako makapaghanap.

Si Ineng ay hindi ko na nabalitaan. Mamamatay yata ako'y di na makikita ni Anita. Ano ang gagawin! Kahimanawari pagkaluwagan ako ng mga kamag-anak na padalhan ng mababáon sa pag-uwi. Hindi kita mahili sa bagay na ito't talastas ko ang inyong pagsasalat. Sabihin sana ninyo kay Kumpareng Ape, na ako'y tulungan lamang niyang makabalik diyan. Makagaganti rin.

Sumulat ako kay Ponciano at kay Kondong ay hindi man lamang ako sinagot. Lason na yata ako sa mga dati kong kaibigan.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita. Kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 15 Marso 1893

Tsanay,

Niyong ikalabing-isa nito ay dumating ang koreo Frances, wala akong tinanggap na sulat ninyo ni Sofia. Salamat at wala kayong sakuna, ako man nama'y magaling sa awa ng Diyos.

Ang lamig ay humupa na rine. Salamat at nakaraan din itong mahigpit na kaaway ng paris kong naghihikahos.

Ang sabi ng Ka Dato ay ikaw na raw ngayon ang tumitipon ng abuloy sa akin ng kamag-anakan. Hindi ko natanggap ang ukol sa Pebrero, ano pa't sa siyamnapu't tatlong piso't isang salapi na ipinadala ng Propaganda ay walang-wala kong ipagtatagal sa buwang lumalakad.

Niyong mga dako roong panahon ay may mga ilang saplot pa akong naisasangla; gayong nangaremata na sa sanglaan, ay wala akong pagdagisunan.

Kaya sakitin mo sanang mapadalhan ako ng mababaon at nang ako'y makapaghanapbuhay diyan.

Huwag mong panimdimin ang ako'y tratraysiyonin [tratraysiyonin] ng mga puti. Sa mamatay sa patalim at mamatay sa gutom, ay mabuting makalilibo ang mamatay sa patalim.

Ayon sa nabasa ko'y paririne si Pare Felipe. Tila sa kapitulo nila ay natalo ang kanilang partido. Itanong mo nga kay Apan at ibalita mo sa akin.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 24 Mayo 1893

Tsanay,

Awa ng Diyos ay wala akong sakit; gayon din naman kayo sana riyan.

Totoong hindi ko malimut-limutan ang padalang piso sa akin ni Anita. Huwag mo naman sanang tinotoo ang pagpapadala at nang naibili ng tsapin si Ineng. Nagpuputok ang dibdib ko tuwing gugunitain ang pagsasalat ninyong mag-iina riyan, kaya malaki ang nais kong mauwi na't nang maganap ko naman ang pagkakalinga sa mga kapilas niring buhay.

Datapwa ayon sa wika mong pigilin ko muna ang nais ko, ay magtitiis na muna ako'y nang huwag namang pagsisihan kung dumating ang panganib. Ako, kung sa ganang akin ay hindi ko ikinakanlong sa anumang panganib ang aking buhay, palibhasa'y lubos ang pag-asa kong ang Diyos ay di natutulog; datapwa't katungkulan ko ang makinig sa inyong payo. Alinsunod dito'y itago mo sana o ipatago sa bángko ang babaunin ko sa pagbalik diyan, at kung totoong masasal na ang pagkagipit ko rine na di na maiwasan ang paglisan sa lupang ito, ay ipatelegrapo ninyo sa akin pag ako'y nagpadala riyan ng telegramang ganito ang saysay: PASAHE. Hindi ko na pipirmahan.

O kung dili kaya ay ipadala na sa akin, pag mababa ang hiro at ilalagay ko sa isang bángko at hindi ko gagamitin kung totoong kailangan na ang bumalik diyan. Ang ibig ko sana'y parating nakatayô ang tulay sa pag-uwi. Noon ay kahit anong daralita ang datnin ko rine ay tahimik ang loob ko, hindi parating papani-panimdim.

Si Sofia ay magdadalaga na, inaasahan kong di mo kalilingatan ang pag-aalaga sa kaniyang isip at loob; niyong maliit pa'y masikap ka sa paglalayo sa kaniya sa ipagkakasakit ng katawan ngayon naman ay sa sakit ng kaluluwa dapat pakaalagaan. Kung sa bagay naman ay may katutubong bait ang batang iyan, ay hindi naman, sa banta ko, magbibigay-hirap sa kaniyang ina. Ako'y malayo sa inyo, hindi ko maipagtatanggol sa mga panganib diyan. Datapuwa hindi naman kaya ikakukutya sa sarili ang magbalak na lumapastangan sa anak ko?

Wala akong magagawa kung di ang ipagtagubilin sa iyo na araw-araw, oras-oras ay parati mong pupukawin sa loob ni Sofia ang pagpapakamahal sa asal.

Ihalik mo ako sa kanila ni Anita at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 7 Hunyo 1893

Tsanay,

Awa ng Diyos ay wala akong sakuna: kayo sana nama'y gayon din.

Tinanggap ko ang sa pasahe. Ito'y makapagbibigay-katahimikan sa loob ko, sapagkat ngayo'y nakatayô nang parati ang tulay sa pagbalik ko rian.

Sagrado sa akin ang salaping ito, hindi pinipingasan beles man sapagkat iyan ang inaasahan ko lamang sa pagbalik. Sabihin mo sa nangagkawanggawa sa akin na dakilang totoo ang pasasalamat ko sa kanila. Nasa akin ang lista ng lahat ng nagsipagbigay.

Ang parati ko na lamang na adhika ay ang magkikita tayo rian, ano pa't palibhasa'y nariryan pati ang isip ko ay nagising ako isang umaga na nagtatawang mag-isa, sa isa kong panaginip, na pinasok tuloy ako ni Naning at napuna ang pagtatawa ko. Isang araw, anang panaginip, ay napariyan sa bahay si Eugeniong retratista. May dala daw isang kuwadro ng doo'y ireretrato ang isang grupo ng mga pinakamamahal na tao sa bayan. Naroroon na raw ang mukha ni Kapitan Pedro, Kapitan Ramon, Kapitan Jacinto, at iba't iba pa. Ang wika raw ni Eugenio sa akin ay iyong retratong ukol kay Antonio Roxas ay naging kamukha ko. Kung ibig mo kaya, aniya, ay lalagyan ko na lamang ng bigote ang retrato ni Toniong at ikaw na ang malagay sa lugar niya, ayaw rin lamang akong bayaran ng aking bayaw. Natawa ako'y sinagot kong, ay paanong iaagapay mo rian ang retrato ko ay hindi naman ako mahal na taong paris nila? Tigas daw nating tawanan ng mga Ka Teang, ni Sofia, ni Balbina, ni Ramon, datapwa't si Eugenio ay buong-buo sa loob na lagyan ng bigote ang retrato ni Toniong ay retrato ko na, at ipinipilit na mabili ang kanyang lako. Sumalida raw naman si Ramon, at pinipigil ang tawang sinabi sa akin: -- Mabuti pa

po alisin ninyo ang bigote ng mamukha kayo sa retrato ni D. Antonio .
. . ay lalo raw nalakas ang tawanan natin, at nanggigilalas si Eugenio
kung bakit tayo nagtatawanan. Kaya't ako'y nagising na natatawa.

Ihalik mo ako kay Sofia, kay Anita. Kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 21 Hunyo 1893

Tsanay,

Wala pang koreo akong tinatanggap. Niyong Sabado a-17 nito umalis sa Port Said ang bapor na hinihintay namin, ay hindi darating sa Barcelona kung di ikalima o ikaanim na araw ng pagkatulak sa Port Said. Buhat naman sa Barcelona ay lagpas sa 24 oras ang dating sa Madrid. Awa ng Diyos ay wala akong sakuna, kayo man naman sana ay gayon din.

Ang letra sobre Londres na ipinadala sa aking babaunin sa pag-uwi ay papel pa hanggang ngayon. Hindi ko sinasalapi at hindi pa rin lamang gagamitin ay ipaghihintay ko nang mataas-taas ang halaga.

Si Sofia't si Anita ay napapanaginip kong parati. Si Anita'y marunong na sa banta kong bumasa o kumilala man lamang ng letra. Itanong mo nga kung bakit di sumusulat sa kanyang tatay. Sabihin mong sumulat siya, datapwa't sabihin kay Sofia ang kahulugan ng sulat at nang maibalita sa akin.

Ihalik mo ako sa dalawang bata.

Marcelo

Madrid, 3 Agosto 1893

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong 26 ng Hunyo,
salamat at wala kayong sakuna.

Wala akong nasulatan sa koreong sinasabi mo kung di ang
sentro, sapagkat noon ay wala akong ibili man lamang ng selyo.
Mahigpit na totoo ang dinaanan kong pagsasalat. Salamat at
nakahika-hikahos din, sa mga padalang dumating dine.

Ang padala ni Pare Ape ay huwag mo nang ipadala rine.
Matamis na lalo sa akin ang gamitin mo ryan.

Huwag mong panimdiming sa isang buhay pa tayo magkikita.
Ngayon pa namang nasa kamay ko na ang ikababalik diyan, salamat
sa tulong ng mga kamag-anak at kaibigang nagkawanggawa sa
atin. Ang salaping ito, ang inabot ay pesetas 1,984. Nang mabilog
ang deposito ay ipinatago ko sa Credit Lionays ang 1,980 pesetas.
Sa ipinadadala sa akin buwan-buwan ay titingnan ko kung
mapupunuan kong unti-unti ang depositong ito, at nang di-lubhang
gipit ang baon ko kung dumating ang oras ng pagbalik diyan.

Ano pa't ngayon ay nasa pagmamalasakit ko na lamang sa bayan
ang ipinananatili ko rine. Kung ako'y loobin nilang mahalinhinhan
rine, o kung makita kong pinapalibhasa lamang ang pagmamalasakit
ko ay maglalakad na ako ng maliliit na patungo ryan.

Si Sofia'y hindi sumulat sa akin. Wala akong balita sa ineng kong si
Anita. Parati kong napapanaginip na kandong ko si Anita at kaagapay
si Sofia na pinaghahali-halili kong hinahagkan, ay inuulit-ulit raw sa

akin ng dalawa: “Dito ka na sa amin tatay huwag ka nang bumalik sa Madrid.” Nagising akong tigmak sa luha, at gayon mang sinusulat ko ito ay di ko mapigil-pigil ang umaagos na luha sa mga mata ko.

Ihalik mo ako sa mga bata. Puputlan ko ito’t di ko na mahabaan...

Kumusta sa lahat, at kahihiingi kayo ng tulong sa Diyos na magkikita tayo agad.

Marcelo

Madrid, 8 Nobyembre 1893

Tsanay,

Niyang koreong nagdaan ay hindi ako nakasulat sa iyo't kinulang ako ng panahon.

Awa ng Diyos ay wala akong sakit. Sa linalakad ko'y mayroon akong bagong kasanggunian. Isang diputadong mayamang-mayaman. Ano pa't hindi salapi ang hinahabol kung di ang madangal lamang, kaya tila ito'y malapit manalo.

Datapwa't napapahalang ngayon itong giyera sa Melilla. Tila masama ang lagay ng mga Kastila. Ang sukat mo na lamang wariin ay wala silang nakakayang gawin sa Melilla kung di ang dalhan ng viveres ang nangagtatanggol sa isa't isang Fuerte. Datapwa't sa bawat isang paghahatid ng viveres ay kinakailangang pumasok sa digma ang ilang batalyon, na hindi maitapos ang pagrarasyon kung di mga limang oras, at di mangyaring di malaglagan ng mga sampung sundalo sa bawat isang digma.

Masamang totoo ang tayô ng bandera ng España, hindi man lamang makapangahas na bawiin ang ginagawa ng Moro. Lahat ng barilan ngayon ay sa paghahatid lamang ng viveres sa Fuerte, wala na.

Si Sofia'y hindi sumusulat. May padala akong laruang libro kay Anita. Ihalik mo ako sa kanilang dalawa at kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 21 Disyembre 1893

Tsanay,

Tinanggap ko niyong a-16 nito ang sulat ninyo ni Sofia, yari ng ika-11 at 15 Oktubre. Salamat at wala kayong sakuna.

Tunay ang sabi mong limang taon na tayong di nagkikita. Lalo at higit ang lumbay ko, lubha pa ngayong sa makalawa ay araw ng pagsasalo-salo natin.

Maluwag na sa akin ngayon ang bumalik diyan, sapagkat nasa sa kamay ko na ang babaunin, at hindi ko ginagalaw.

Kaipala'y hindi sa buhay na ito lamang ako sisihihin ng mga kababayan. Isang pagkakamali ni Rizal, ay tingnan mo't ang dami ng napanganyaya.

Dahil dito'y nasabi nga sa akin ni Antonio Regidor, isang pagkakamali ko, aniya, ay tinatangisan ko magpahanggan ngayon, at nagkaputi-puti na aniya ang aking buhok ay hindi mapatid-patid ang aking luha. Oh! – aniya – kung di lamang ang kamalian ko'y timawa na ngayon ang ating bayan. At tumutulo ang luha ko nang ito'y sabihin sa akin. – Si Rizal, aniya'y nagkamali ngunit nasa panahon pang mapanuto. Ang totoo lamang aniyang ikinalulumbay ko'y tila hindi niya nakikilala ang kaniyang kamalian.

–Ano po naman, ang sagot ko, ang gagawin ni Rizal ay napipiit sa Dapitan?

–At ako ba – aniya'y – hindi napipiit sa Marianas niyong mga dako roong panahon?

Natigilan kami kapwa, at nang makaraan ang ilang sandali, ay nagbuntong-hininga't ang wika sa akin: ikaw naman sana'y huwag magkamali.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 3 Enero 1894

Tsanay,

Tinanggap ko kahapon ang sulat mong yari ng ika-27 ng Nobyembre.

Hindi kayo nakatanggap ng sulat ko niyong mga nagdaang koreo sapagkat sa karamihan ng abala ko'y di makuha ang sumulat ng marami, at bukod sa roon ay nanlulumo ako sa paghihikahos at dalitang aking tinatawid.

Gayon man ay hindi ko ginagalaw ang salaping padala ninyong báon ko sa pag-uwi. Ano pa't maaasahan mong nakatayóng parati ang tulay ko sa pagbalik diyan.

Awa ng Diyos ay wala akong sakuna. Kayo man sana'y gayon din diyan.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Sofia,

Tinanggap ko ang sulat mo, salamat at malakas kayo ni Anita. Kayong dalawa ang parating naalaala ng tatay. Magpapakabait ka sana, anak ko, at gayon di naman ang bunso mong kapatid.

Mabuti't si Anita'y matandain sa bilin ng nanay na huwag nang pagpapadaan-daan; at maalaala sa kanyang ina na magpapaunang umuwi sa bahay nang madala ang ipauwi sa kanyang magulang.

Tanggapin niyong dalawa ang halik at bendisyon ng mapagmahal ninyong

Ama.

Madrid, 17 Enero 1894

Tsanay,

Niyong a-15 nito ay tinanggap ko ang sulat mong 10 ng Disyembre.

Ikinagiginhawa ko ang balita mong wala kayong sakuna at ang mga bata'y malalakas. Kailan ko pa kaya mapapaghahagkan ang mga kapilas nitong aking kaluluwa? Sa banta ko'y di na maluluwatan, sapagkat bagaman hindi pa lutas ang linalakad ko, at sa karamihan ng nagsisiurong diyan, ay dapat na namang ako ay lumigpit.

Dinadamdam ko ang balita mong nagkasunog sa bayan, na natupok ang bahay ni Arcillas at ang sa Ka Venancio. Sayang! Mahirap nang mauli ang Bulakan paris niyong mga nakaraang araw. Ang Bulakan ay isang bayang paibis nang paibis. Ano ang gagawin! Ako'y dumadamay sa dalamhati ng mga nasunugan, lalong-lalo na sa Ka Venancio at sa Kabesang Andeng. Ibati mo ako sa kanila.

Pagbalak-balakin mo sana't ipayo mo sa akin kung saan tayo dapat mamayan pagbalik ko. Sa Maynila ay magpapanibagong salay na naman tayo. Sa Bulakan naman ay maraming makapangyarihan ang inip sa akin. Iniisip ko ang doon tumira sa Cebu, Ilokos, o Marianas. Tulungan mo sana akong magwari-wari sa bagay na ito.

Ako'y matanda na. Bago ako manaog sa hukay ay ibig kong makatupad sa aking katungkulan sa inyong mag-iina.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 31 Enero 1894

Tsanay,

Kahapon ay tinanggap ko ang sulat ninyo ni Sofia petsa
20 ng Disyembre. Salamat at wala kayong sakuna.

Ang laruan ni Ineng ay nagpapakilala sa sari-saring tipo ng
mamamayan sa iba't ibang lupa. Iyan ay laruan ngayon, bukas
ay isang malaking tulong sa pag-aaral ng heograpiya.

Ako'y hindi na malalaunan dine, sinabi ko na nga sa iyo
ang ikatitigil ko. Ang pag-aalaala kong mapahamak ang
marami, kung biglang-biglang lumitaw ako riyan.

Ipinadala mo ba ang sulat ko sa Tiyo Ape?
Ano ang sagot?

Ako'y walang sakit, nahiga akong ilang araw sa sipon
niyong magsasal ang lamig dine, na marami ang nagkasakit
at namatay, datapwa't ako'y hindi naglubha.

Si Juanchito pala't si Benito ay mabuting haranista. Hindi ba nagsisipag-
aral? Bakit hindi na nagsisisulat sa akin para nang bilin ko? Si Primitivo?

Ito'y sagot ko sa inyo ni Sofia. Kahihingi kayo ng awa sa
Diyos na tayo'y magkikitang madali at walang sakuna.

Ihalik mo ako sa dalawang bata.

Marcelo

Madrid, 15 Pebrero 1894

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong 7 Enero. Salamat
at wala kayong sakuna riyan.

Ako'y sumulat sa Ka Dato, na itinatanong ko kung
dapat ng umuwi. Samakatuwid, kung maiiwan ko
na бага ito na hindi makasisira sa marami.

Malaki ang nais kong makita na kayo, datapwa't sinabi ko na nga
sa iyong baka maging isang kamalian ay mapagsisihan ay ako.

Maraming salamat kay Anita sa kanyang balak na
ipadala sa akin ang napagpaskuhan. Sabihin mong
itago at hihingin ko sa kanila pagdating ko riyan.

Magpapakabait sana sila ni Sofia at ihingi nila ng awa sa P.D.
ang kanilang magulang na maipanuto silang walang sakuna.

Ihalik mo ako sa dalawang magkapatid at kamusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 28 Pebrero 1894

Tsanay,

Wala akong sulat mong tinanggap kahapong dumating ang koreo, sa banta ko'y dahil sa kaguluhan ninyo sa pagkamatay at libing ng Ka Dandoy.

Ikinalumbay ko ang balitang ito, datapwa'y ano ang gagawin.

Nasa langit nawa ang kanyang kaluluwa.

Awa ng Diyos ay wala akong sakuna. Kayo man naman sana ay gayon din. Parati akong rinereyuma, kaya ako'y lilipat-bahay at masama raw itong tinitirhan ko.

Bukas ay lilipat ako sa Plaza de Bilbao No. 5-3 derecha.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 28 Marso 1894

Tsanay,

Sa koreong dumating kahapon ay wala akong tinanggap na sulat ninyo ni Sofia. Salamat at ayon sa balita ng Ka Dato ay walang sakuna kayo ryan.

Ako man dine ay malakas sa tulong ng Diyos, minsan lamang akong dalawin ng reyuma niyong mga nakaraang araw ng invierno.

Ngayon ay minsan din maglalamig, datapwa't tila palipas na ang invierno, sapagkat lumilitaw na ang usbong ng mga kahoy; hindi makalilitaw ang usbong, hanggang naghahari ang invierno.

Pagsanggunian ninyo nila Vicente, Luis, at ng Ka Dato kung ako'y dapat nang bumalik.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 12 Abril 1894

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat ninyo ni Sofia kapwa ika-2 ng Marso.

Salamat at hindi kayo nagkakasakuna, ako man naman ay gayon din.

Tungkol sa pag-uwi ko riyan ay tila mahirap ang tumira sa Maynila at panibagong salay na naman ay tila hindi natin kaya ang magmula sa pagbabayad ng bahay.

Sa probinsiya ay umabuso man ang mga pinuno ay masasayawan na. Paa-paano man ay hindi na ako gagayun-gayunin. Kung niyong hindi pa ako tumatapak ng ibang lupa ay nagdadahan-dahan sa akin ang mga pinuno, ngayon sa banta ko'y lalo na. Nang nariryan ako'y matatawag akong singkî ng mga naging punò ng Bulakan. Gayong may itinanda na ako nang kaunti at nakasayaw sa kaipala'y higit sa sinayawan ng mga bagong pinuno ngayon, at inaakala kong magkakaingatan din. Ito'y sinasabi ko sa iyo't nang huwag mong ipangamba ang pagtira natin sa probinsiya.

Sa Bulakan ay hindi ako nasisindak sa mga kababayang inip sa akin, hindi. Ang parang ikinatitigil ko, ay búhay sa nais kong magkaisang-loob ang taga-Bulakan. Kung marami ang inip sa akin ay mahirap ang mangyari ang nais na iyan, palibhasa'y marami rin naman ang nagmamahal sa akin.

Gayon man ay bahala na. Ang kailangan lamang ay maiwan ko sana ito na huwag makasira sa marami. Dahan-dahan kong ginagapang nang makatighaw si Rizal at nang siyang makahalili sa akin, kung loloobin ng mga tagariyan.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 25 Abril 1894

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat ninyo ni Sofia kapwa 19 ng Marso. Salamat at wala kayong sakuna, ako man naman ay gayon din awa ng Diyos, liban na sa kaunting reyuma na hindi naman mabigat, ngunit nakayayamot na totoo.

May ilan ng araw, na kumakalat na parati ang sumpung buhat sa baywang patungo sa ibaba, at bukod sa roon ay ang brasong kaliwa.

Naaalaala kong parati ang nasirang batsilyer Cleto, na nang may ganitong sakit ay may isang taga-Hagonoy na nagpapagawa ng eskrito, ay nang hingan ng datos ay nagtindig, lumagok ng laway at ang wika:

– Nalaman mo po, ay ang ina ko’y babae... – Tinamaan ka ng... – nahiyaw ang Ba Cleto – maging lalaki na nga ang ina mo! Hindi nagawa ang eskrito.

Pilit nga namang iinit ang ulo mo sa sakit na ito.

Tangi roon ay walang ano man ang reyuma.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 8 Mayo 1894

Tsanay,

Hindi ako nakasulat sa iyong may ilan nang koreo, dala ng malaking panghihina ko niyong ako'y magkasakit. Ito'y nagmula sa dengue, isang lagnat na hindi ko pansin, ngunit nagluwat ay pinapanghina ako. Ipinagbawal sa akin ng mediko ang bumasa, sumulat, at mag-isip. Datapwa't ngayon ay malakas na ako, sa awa ng Diyos. Ang reyuma lamang ang nanghimasok naman nang lumakas na ako. Datapwa't ang reyumang ito'y hindi lubhang masakit: ang pinipili ay yaong mga manoho ng nerbiyos. Ang dengue ay nakabawas sa akin ng maraming dugo, kaya ngayon ay nawala na ang takot ko sa congestion cerebral.

Ang sulat sa akin ni Blumentritt, ay huwag daw akong mainip sa reyuma at talagang saanmang lupa sa taóng ito ay totoong makulit ang reyuma.

Ang linalakad ko ay tila makakikita ng bagong liwanag. Ang gobyerno ay unti-unting nagpapanibagong-anyo sa Katagalugan, tila hinihimas-himas, sa panganib na baka pasakop sa Hapon. Pinasisinungalingan na ngayon ng fraile, wala raw filibusterismo sa Filipinas.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

[walang lugar at petsa]

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat ninyo ni Sofia, petsa 19 ng Abril.

Ako'y walang sakuna awa ng Diyos, kayo naman sana'y gayon din.

Dinamdin ko ang balita ng Ka Dato at ni Sofia na namatay si Binay. Malayong-malayo sa hinagap ko ang bagay na ito. Kaawa-awa naman ang tatlong ulilang naiwan ng dalawang mag-asawang pumanaw sa atin. Kung buháy man lamang sana si Kumareng Espe. Ano ang gagawin!

Si Tiboy pala'y may asawa't anak na, ayon sa balita ni Sofia, hindi man lamang ako sinulatan ng batang iyan, hindi na yata ako ibinibilang na buháy.

Gayon ma'y dakila ang nais kong mapanuto silang mag asawa sa kanilang kalagayan.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 23 Mayo 1894

Tsanay,

Wala akong sasaguting sulat mo, palibhasa't hindi pa dumarating ang koreo.

Awa ng Diyos ay wala akong sakuna, kayo naman sana'y gayon din diyan.

Rineyuma akong ilang araw. Datapwa't ngayo'y magaling na ako.

Bukas o makalawa dapat dumating ang koreong buhat diyan, inaasahan kong tatanggap ako ng sulat ninyo ni Sofia.

Ang panahon dine ngayon ay paulol. Panahong dapat ng magtag-init ay minsang lumamig na parang invierno. Mabuti na lamang at kagabing buhat ako sa Ateneo ay damit invierno ang suot ko, sa pag-iingat kong malamigan. Kung di gayon ay umalis ako sa bahay pagkapananghali na ang panahon ay katatagan, habang nagbabasa ako sa Ateneo ay lumamig na kinailangang sindihan ang mga tsimenea paris sa invierno, ay nang magbalik ako sa bahay at kahapon ng alas otso ng gabi ay malamig na malamig sa lansangan. Kung di damit invierno ang suot ko ay napahamak ako. Ang lamig ay 6 grados.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 20 Hunyo 1894

Tsanay,

Wala akong tinatanggap na sulat mo palibhasa'y
hindi pa dumarating ang koreo, nagdaan na sa Port
Said niyong Huwebes 14 nitong lumalakad.

Ako'y walang sakit, kayo man sana'y gayon din. Bagaman inihiga
akong ilang araw ng reyuma, niyong maglalamig dine na walang estero
ang tinitirhan ko, ngayon naman ay malakas na ako. Pagkaumaga,
a las singko, ay nagve-velocipedo ako, hanggang sa matagalan ang
init ng araw. Kami ng kapitbahay kong si D. Melchor Veloso, anak
niyong taga-Cebu na si D. Sabino Veloso, ay lakad kaming napatungo
sa velodromo, na ang layo sa aming tahanan ay may para ng bahay
ng Ka Dato at ng Santamesa. Pagdating namin doon ay nagsasanay
kami sa velocipedo, na ano pa't kung uunatin ang nalalakad namin
ay nakaiilang leguas kami hanggang sa uminit ang araw.

Nararamdaman ko ngayong nanauli ang lakas ko, nawala yaong
panghihinang sa damdam ko'y nag-uulol sa akin araw-araw.

Dati-dati ay nag-uukyabit ako halos sa barandilya, sa pagpanhik ko
sa aking hagdanang may walumpung baytang na mahigit. Ngayon ay
matulin kong napanhik ang walumpung baytang na hindi man lamang
ako nangangabay sa barandilya buhat sa ibaba hanggang sa itaas.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 18 Hulyo 1894

Tsanay,

Ngayong oras na ito ay tinanggap ko ang dalawa mong sulat petsa 28 Mayo at 12 Hulyo. Araw-araw ay nakagayak ako sa pagbalik diyan. Hindi malalaon at magkikita tayo. Huhusayin ko lamang muna ang mga papeles dine at nang wala na akong inaalaala kung naririyang na.

Dagdagan mo na sana ang pagtitiis mo, at sa akin man ay mabigat nang lubha ang di natin pagkikita.

Salamat at malakas ang mga bata. Parating namamalisbis ang luha kong aalalahanin ang kanilang pangungulila. Datapwa't ginagamot ko na lamang ang lumbay ko ng tapat na pagtawag sa Diyos, kasabay ng wikang "sundin ang loob mo, dito sa lupa para nang sa langit." Napakaaba ako sa lahat ng ama, pagkat ang mga anak ko'y napakaaba sa lahat ng anak.

Hindi ko na madugtungan ito't bumabaha ang luha sa mga mata ko.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita. Sabihin mo sa kanilang mahal na mahal sila ng kanilang ama, sawi lamang ang kapalarang nataboy sa ating magmamagulang. Ano ang gagawin, pasalamat sa may tadhana ang lahat na nangyayari sa sangsinukuban.

Tinanggap ko ang sulat ni Sofia gayon din ang kay Anita.

Marcelo

Madrid, 16 Agosto 1894

Tsanay,

Wala akong tinanggap na sulat mo sa koreong dumating kahapon. Salamat na lamang at ayon sa sulat ng Ka Dato ay wala kayong sakuna ryan. Ako man naman ay gayon din.

Ikinalumbay ko ang pagkamatay ng Ba Ato, na ibinalita sa akin ng Ka Dato.

Ang Ba Ato ay isa sa nakaganyak sa akin sa pagkatapos ng aking karera. Bata pa akong munti ay hindi na ako hiniwalayan ng káyuyunyóng na ako'y mag-aral; sari-saring amuki ang ginagawa sa akin niyong ako'y bata pa upang yakapin ko ng tunay sa loob ang pag-aaral, ay nakikilala kong marami sa ikinasulong ko sa pag-aaral ay sa tulak ng Amba Ato. Nang ako'y binata na ay gayon din. Hindi ako hinihiwalayan ng kanyang magandang payo. Ano pa't bagaman di nakapag-aral ang Ba Ato, ay dakila ang naitulong sa pag-aaral ko.

Nasa langit nawa!

Iniisip kong doon itayo ang bupete sa Malolos, malapit sa perokaril, ano kaya?

Sabihin mo kay Vicente at kay Luis na mangyaring ihanap nila ako ng isandaang piso at nang maipuno sa naririneng baon ko. Tangi sa babaunin sa paglakad ay kailangan kong bumili ng libro na magagamit sa pagkaabogado. Ang karamihan ng libro ko rine ay sa pagkaperyodista.

Kumusta sa lahat, ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

P.D. Huwag mong limutin ang 100\$ kay Vicente, kay Luis. 100\$ dine, at diyan ko na babayaran pati ng hiro postal. Sang-apat na eskrito lamang diyan ay bayad na ang utangin nila. Ipadala mo agad at nang tayo'y magkita na.

Madrid, 27 Setyembre 1894

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong yari niyong ika-18 Agosto.

Ako'y talagang uuwi na sana ngayong Paskong darating at nang magkita na tayo, datapwa't sa panahong iyan sisimulan ang paghaharap sa Cortés ng ukol sa diputación ng Filipinas.

Magtiis-tiis na tayo't tila dinidinig ng langit ang adhika ng ating bayan.

Ako man ay dinaanan din ng sakit na lungkot; tila naisulat ko pa sa iyo, na ako'y minamalinkulya [*melancolía*]. Ang nakaalis nito sa akin ay ang velocipedo. Magpagod ka nang magpagod, at yao'y mabuti. Mag-aral ka kaya ng velocipedo.

Kulang ako sa panahon at aalis na ang koreo ay ito na lamang.

Ikumusta mo ako sa lahat at ihalik kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Sofia,

Tinanggap ko ang sulat mo.

Aaliwin sana ninyo ni Anita ang Nanay, parati ninyong lilibangin at hahagkan. Matamis sa kanya ang halik ninyong magkapatid. Parati ninyong yayayaing maglakad at magpasyal. Huwag ninyong kalilibangan.

Tanggapin ninyo ni Ineng ang bendisyon at halik ng inyong ama.

Marcelo

Madrid, 10 Oktubre 1894

Tsanay,

Wala akong tinanggap na sulat ninyo ni Sofia sa koreong dumating. Salamat at sa sulat ng Ka Dato ay natanto kong wala kayong sakunang ano man.

Ako man naman ay wala ring sakuna. Ang mga kahoy at halaman dine ay naglulugas na ng dahon, maaga ngayon ang invierno. Salamat at marami ang nagkaloob na umabuloy sa akin upang makalaban sa lamig. Kung hindi ay kakabakahin ko na naman ang reyuma.

Ang balita ko'y may isang estudyante ring nagngangalang Quintin Castillo na tumampal sa isang katedratikong fraile. Di umano'y sinampal siya ng fraile. Dahil sa di pagpupugay ay gumamit naman ng sampal, ay pinarusahan ng konseho unibersitaryo na huwag pumasok sa alinmang kolehiyo.

Sa bagay na ito'y napapanimdim kong totoo si Benito. Pangangaralan ninyong palagi ang batang iyan. Huwag makihuwang munti man sa mga katedratiko; magpupugay siya, sapagkat ito'y katungkulan ng mga disipulo, tangi sa ang paggalang sa katedratiko ay dangal ng disipulo. Hindi dapat ang paduhagi, ngunit masamang lalo ang magbigay-daang siya'y duhagihin kaya kaiingat siya sa unibersidad.

Dalawin naman sana ninyo si Trining. Sabihin ninyong ipagdadasal niyang mapanuto sa daan ng katwiran itong kaniyang amain. Yayamang humarap na siya sa pagdalangin sa Diyos, ay dapat namang sampalatayanan na ang katwiran ay siyang unang inaadhika ng Diyos sa kaniyang kinapal, kaya ihihingi niyang parati ng awa na mapanuto at huwag malihis ang nangagsisikap na sa ating bayan ay maghari ang katwiran. Mahaba nang panahon ang paghahari ng katakawan.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

[walang lugar at petsa]

Tsanay,

Sa koreong dumating dine niyong Lunes, ika 23 nitong lumalakad, ay walang-wala akong tinanggap na sulat na galing diyan, bagay na napapanimdim ko, lalo na ng nabasa ko sa isang peryodiko rine na bumabagyo raw diyan niyong umalis ang koreo. Kaya malaki ang pagkainip ko sa koreong sumusunod, na ang datíng dito'y hanggang sa ikalima o ikaanim ng buwang papasok.

Loobin nawa ng langit na wala kayong sakuna rian. Ako'y walang sakit, awa ng Diyos.

Ilang gabi nang napapanaginip kong ako'y nariryan na. Sa panaginip ko'y parating kasama nating buháy at kausap-usap ang Kaka at ang Ka Tinang, gayon din ang Ka Dandoy.

Nalimutan kong di nasabi sa Ka Dato. Sabihin mong malaon na akong nagbibilin ng isang mabuting palásan, sapagkat nawala ang palásan ko. Dine ay isang palásang karaniwan ay walong piso ang hinihingi sa akin. Ako'y nanghihinayang na bilhin ng walong piso ang palásang tigwalong kuwarta lamang diyan.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita, kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 8 Nobyembre 1894

Tsanay,

Tinanggap ko ang dalawa mong sulat pati ng kay Sofia. Salamat at wala kayong sakuna riyan, ako man naman ay gayon din. Malaking lubha ang panimdim ko sa inyo buhat niyong isang koreo na wala akong tinanggap na sulat buhat diyan, at nabasa ko pa sa mga peryodiko rine na bumagyo riyan. Salamat at nakatawid kayong tahimik. Huwag kang lubhang masisindak sa bagyo, sapagkat bihirang magdaan yaong kasinlakas niyong '82. Nadaanan na natin yaon ay hindi na sa panahon natin uulit.

Ang bagong Ministro de Ultramar ay dating kapartido ni D. Miguel, Republikano. Ang punò nila ay si Castelar. Datapwa't minarapat ni Castelar, na yayamang ang hinahabol ng Republikano ay ganap na sa monarkiya ay magsipagmonarko na ang kaniyang kabig at siya'y hindi na makikialam sa politika, datapwa't mamatay na siyang Republikano. Ayon dito'y nagsipasok sa partido ni Tagata ang ilan. Ang marami ay hindi nagsipasok at nanatiling Republikano. Ito'y sina D. Miguel, D. Emilio Junoy, at iba pa. Ang sabi ni Junoy sa Kongreso: ako, aniya'y sunod na parati sa inari kong punò pagkabata ko, na si D. Emilio Castelar. Kaya ngayon ma'y siya kong susundin hindi sa wika kung di sa gawa, yayamang sa gawa ay mananatili siyang Republikano, ako ma'y Republikano rin at hindi papasok sa monarkiya. Ang bagong ministro ay isa sa mga sumunod sa sabi ni Castelar, pumasok sa monarkiya at ngayon ay ministro na.

Ako'y natigil ng pagve-velocipedo at naglalamig at parating masama ang panahon. Marami rine ang matandang di hamak sa akin ang nagve-velocipedo at inaakala ngang ito'y mabuti.

Si Anita ay makapamumulâ na ng pagsulat. Mabuti ay magmulâ sa dahon ng saging at nang masanay na pagpapagaan ng kamay. Datapwa't kung ayaw sumulat sa dahon ay huwag mong pilitin. Sabihin mong sumulat siya sa papel at nang maipadala sa kanyang tatay, para ni Sofia na sumusulat sa tatay.

Ihalik mo ako sa kanilang magkapatid, na inaasam-asam ko nang mayakap. Hindi na malalaon.

Marcelo

Madrid, 21 Nobyembre 1894

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat ninyo si Sofia. Salamat at wala kayong sakuna ako man naman dine ay gayon din.

Minsan-minsan akong pintigin ng reyuma, datapwa't di makatuloy. Salamat at dumating na maaga rine ang abuloy sa akin, ang bahay na tinitirhan ko ay nalatagan ko agad ng ginikan at sa ibabaw nito'y ang damit ng sahig.

Ang invierno ay umiiral na, lugas na ang dahon ng mga halaman, ang mga kahoy ay natutuyo na, ngunit ang lamig ay hindi pa masasal, hindi pa ako nag-aapoy ng tsimenea. Tungkol sa pag-uwi ko ay hindi malayo ang gawin sa akin ang ginawa kay Pepe.

Minsan ay nagkita kami ni Pare Quirico Vales, ay itinanong sa akin kung kailan ako babalik diyan.

Ibig mo po, ang sagot ko, na ako'y bumalik na at nang ako'y eskabetsehin ng mga kaabito ninyo roon.

-- Hindi naman, aniya.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita, kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 5 Disyembre 1894

Tsanay,

Wala akong tinanggap na sulat ninyong mag-iina niyong koreong dumating dine ng a-19 nito. Ang Ka Dato man ay hindi rin yata sumulat. Ito'y ikinalulumbay ko. Kahimanawari ay huwag sa sakuna ng sino man sa inyo riyan ang ipinangyari nito. Ako'y walang sakit, sa awa ng Diyos, at sa tulong naman ng mga kababayan diyan, sapagkat ako'y pinadalhan nila ng panlaban sa lamig na ngayon ay nararanasan kong nag-aadya sa akin. Makalawa na akong pintigin ng reyuma ay hindi makatuloy ang sakit.

Sa isang sulat sa aking Ka Dato ay sinasabing binabalak daw riyan ng ilang kamag-anakan at kaibigang abuluyan ako ng gugugulin upang magkaroon ng destino sa pagbalik diyan. Malaki ang tuwa ng loob ko sa balak na ito. Sapagkat kapag may gugugulin ay magaan ang paghingi ng destino. Ang lalo ko pang ikinatutuwa at ipinagpapasalamat sa Diyos ay ang tayo'y magkakikitang tahimik sa paraang ito, at tahimik naman akong makagaganti sa mga nagpakitang-loob sa akin. Kung ako'y dumating diyang may destino ay magaan-gaan ang magpanibagong salay, at hindi naman lubhang mahaba ang panahong kakailanganin ko upang maibalik ang dating búhay ng bupete. Kaya malaki ang tuwa kong ito'y mangyari sa abuloy ng kamag-anakan at kaibigang nagbabalak nito, at dakila ang aking pasasalamat.

Datapwa't ako'y nangingiming ibuhos ang loob ko sa bagay na ito sapagkat hindi ko ibig na dahil sa atin ay masaktang lubha ang nagmamahal sa atin. Gayon ma'y kausapin mo ang Ka Dato at ibalita mo sa akin ang nauukol dito.

May ilang araw nang ninais akong makausap ng isang diputado, at nangakong tutulong siya sa mga linalakad ng ating bayan, ay humingi sa akin ng datos at salat na salat daw siya ng ukol sa Filipinas.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita, kumusta sa lahat.

Marcelo

Madrid, 4 Enero 1895

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mong yari niyong 27 ng Nobyembre.

Ako'y walang sakit, awa ng Diyos.

Kayo na ang bahala riyan tungkol sa gugugulin sa paghingi ng empleyo. May kinausap na ako, ay hindi kami nagsara ng salitaan. Ang wika ko'y tarukin muna niyang magaling at hindi rin lamang apurahan, sapagkat hindi pa dumarating ang salapi.

Kung magpapadala kayo, ay tingnan kung alin ang mabuti sa letrang Española at sa letrang Inglesa. Kung kaunti lamang ang higit ng Inglesa ay mabuti ito. Upang makamura ng letra ay hingin ninyong de tres meses vista.

Magandang Pasko sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 14 Pebrero 1895

Tsanay,

Tinanggap ko ang sulat mo petsa 24 ng Disyembre: salamat at wala kayong sakit. Ako'y gayon din, nahúli lamang ako ng gripe, buhat nang ilibing namin ang asawa ni Morayta.

Ako'y isa sa presidente ng duwelo ay kami ang kahuli-hulihang dapat lumisan ng libingan, at habang nagpapaalam ang nakilibing ay pugay ang sombrero. Noon ay malamig na malamig at ang nakilibing ay marami, wariin mo kung gaano kaluwat na wala kaming sombrero.

Kaya ngayo'y giniginaw ako pagkagabi. Kagabi ay magaan-gaan na.

Ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

Madrid, 22 Mayo 1895

Tsanay,

Wala akong tinanggap na sulat mo sa koreong ito, datapwa't ikinatutuwa ko ang balita ng Ka Dato na wala raw kayong sakuna, at diyan daw siya nag-Mahal na Araw. Ako naman ngayon ay malakas na, malaki ang inilakas ko awa ng Diyos, hindi nasisira ang gana ko sa pagkain. Nakahumalingan ko ang kumain ng dalandan, iyong tinatawag nila ritong "naranja" ay madalas akong sawayin ni Naning at makasisira raw ng estomago naman ang kumain ng maraming dalandan, ngunit awa ng Diyos ay hindi nakasira. Ngayon nawala na ang pagkahaling ko sa dalandan. Sa isang kain ay sagana na ako. Niyong mga ilang araw ay sa bawat pagkain ay nakauubos ako ng tatlo o apat.

Ang reyuma ko'y di pa lubhang magaling, datapwa't nakaparoon na ako sa balitang romeria ni S. Isidro na nasa Madrid. Maraming totoo ang nagsasadya sa pistang ito (16[?] ng Mayo) kaya't minumurahan ang bayad sa perokaril sa mga ganitong araw. Hanggang sa katapusan nitong buwan ay pinagsasadya ang kapilya ni S. Isidro na nasa isang kaparangang malaki at bulubundukin.

Kumusta sa lahat at ihalik mo ako kay Sofia at kay Anita.

Marcelo

[illegible]

AKLAT PLARIDELINA



MARCELO H. DEL PILAR

—

NI Mariano Ponce





TALIBA
SA PAGLAYÀ

—

BÚHAY AT MGA AKDA
NI MARCELO H. DEL PILAR

NI Epifanio de los Santos





VANGUARDIA
POR LA LIBERTAD

—

VIDA Y ESCRITOS
DE MARCELO H. DEL PILAR

por Epifanio de los Santos





VANGUARD
FOR FREEDOM

—

LIFE AND WRITINGS
OF MARCELO H. DEL PILAR

By Epifanio de los Santos





DASALAN, TUKSOHAN,
AT IBA PANG DAPAT
IPAG-ALAB NG PUSO

—

Mga Akda sa Tagalog ni Marcelo H. del Pilar





LIHAMAN NINA
MARCELO & MARCIANA

—

Mga sulat ni Marcelo H. del Pilar sa Tagalog





La Solidaridad ni Apolonio Bulaong sa Dambana ni Marcelo H. del Pilar (San Nicolas, Bulakan, Bulacan)



Ang PLARIDELINA ay itinataguyod ng iba't ibang pangkat pangkasaysayan at pangkultura sa Bulacan upang palakasin ang pag-alaala kay Marcelo H. del Pilar (MHP). Unang ginamit ni Mariano Ponce ang salitang “Plaridelina” sa ginawa niyang bibliograpiya o talaan ng mga akdang nasulat ni MHP.

Pangunahing layunin ng PLARIDELINA na pag-ibayuhin ang pag-aaral sa buhay at mga akda ni MHP sa pamamagitan ng pagtitipon ng kanyang mga inakda at muling paglalathala ng mga ito. Palalaganapin ang mga akda sa lahat ng paaralan sa lalawigan ng Bulacan bilang bahagi ng mga aklatan. Maghaharap din ng ordinansa sa Sangguniang Panlalawigan na hihimok sa lahat ng paaralan na patuloy na pag-aralan ang buhay at mga akda ni MHP. Magiging paksa sa Araling Panlipunan si MHP tuwing buwan ng Hulyo-Agosto sa mga paaralang elementarya at sekundarya; sa mga kolehiyo at unibersidad, magkakaroon ng kursong siya ang tanging pinapaksa. Sisikaping makapagpasá ng batas sa Kongreso upang lalong maisulong ang PLARIDELINA.

Los Cincos ni Apolonio Bulaong sa Dambana ni Marcelo H. del Pilar (San Nicolas, Bulakan, Bulacan)

